# INTRODUKSIYON SA APOLOGETICS

Isinulat ni Dr. Mark Bird

shepherds
GLOBAL CLASSROOM

Binuo ang Shepherds Global Classroom para ihanda ang katawan ni Cristo sa pamamagitan ng pagbibigay ng kurikulum sa mga umuusbong na pinunong Kristiyano sa buong mundo. Layunin naming dumami ang mga programa ng pagsasanay kaya ipinagkatiwala namin ang kurikulum na mayroong 20-kurso sa kamay ng mga espirituwal na tagapagsanay ng bawat bansa sa buong mundo.

Ang aklat na ito ay maaaring i-download nang libre sa https://www.shepherdsglobal.org/downloads

Pangunahing Manunulat: Dr. Mark Bird

Copyright © 2016 Shepherds Global Classroom
Isinalin sa Tagalog mula sa Unang Ingles na Edisyon.

Nakalaan ang lahat na karapatan.

May copyright ang mga third-party material na pagmamay-ari ng ibang tao at kanilang ibinabahagi sa ilalim ng iba't-ibang lisensiya.

Maliban kung inilathala, lahat ng Kasulatan ay hango sa Ang Bagong Ang Biblia.

**Pahayag tungkol sa pahintulot:**

Ang aklat na ito ay maaaring ilimbag at ipamahagi ng walang bayad maging sa digital na pormat o pisikal na aklat sa ilalim ng mga sumusunod na alituntunin: (1) Hindi maaaring baguhin ang nilalaman ng aklat sa anumang paraan; (2) Hindi maaaring ibenta ang mga kopya ng aklat para pagkakitaan; (3) Malaya ang mga institusyong pang-edukasyon na gamitin/kopyahin ang aklat na ito, kahit naniningil sila ng mga matrikula; at (4) Hindi maaaring isalin ang aklat na ito nang walang pahintulot at pangangasiwa ng Shepherds Global Classroom.

# Mga Nilalaman

Mga Layunin sa Kurso ........ 5
(1) Mga Direksiyon para sa mga Lider ng Klase ........ 7
(2) Introduksiyon sa Apologetics ........ 9
(3) Mga Maling Kuro-kuro tungkol sa Apologetics ........ 25
(4) Mayroon Bang Dios? ........ 39
(5) Pangangatwiran Para sa Paglikha ........ 53
(6) Ang Pangkalahatang Argumento para sa Pananampalatayang Kristiyano ........ 67
(7) Mapagkakatiwalaan ang Bagong Tipan ........ 75
(8) Propesiya Tungkol sa Mesiyas at ang Muling Pagkabuhay ........ 93
(9) Ang Pag-Angkin ni Hesus na Siya ay Dios ........ 109
Ang Pagiging Katangi-tangi ng Kristiyanismo sa Mundo ng mga Relihiyon ........ 121
Form Para sa Pagtatala ng Takdang-leksyon ........ 141

# Mga Layunin sa Kurso

(1) Upang maunawaan ang kaugnayan ng apologetics at ng Mabuting Balita (Aralin 1)

(2) Upang tumugon sa mga karaniwang maling paniniwala tungkol sa apologetics (Aralin 2).

(3) Upang maunawaan ang mga ebidensiya o patunay na may Dios (Aralin 3)

(4) Upang pahalagahan ang mga ebidensiya ng paglikha (Aralin 4)

(5) Upang maisaulo ang pangkalahatang pangangatwiran sa katotohanan ng Kristiyanismo (Aralin 5)

(6) Upang kilalanin ang mga ebidensiya na mapagkakatiwalaan ang Bagong Tipan (Aralin 6)

(7) Upang kilalanin ang kahalagahan ng natupad na propesiya bilang patotoo sa pagiging Dios ni Jesus (Aralin 7)

(8) Upang i-evaluate ang ebidensiya ng Muling Pagkabuhay ni Cristo Jesus (Aralin 7)

(9) Upang maunawaan ang pagpapahayag ni Jesus na Siya ay Dios, at ang angkop na tugon sa mga pahayag na iyon (Aralin 8)

(10) Upang tugunin ang mga tanong patungkol sa pagiging katangi-tangi ng pananampalatayang Kristiyano, ang doktrina ng Trinidad, animism, at ang kahahantungan ng mga hindi kailanman narinig ang mabuting Balita (Aralin 9)

# Mga Direksiyon para sa mga Lider ng Klase

Ipapahayag ng kursong ito ang pangunahing mga prinsipyo ng Apologetics. Maglaan ng 90-120 minuto para sa klase, karagdagan sa oras para sa paggawa ng mga takdang aralin sa labas ng klase.

**Istruktura ng Aralin**

(1) Sa tuwing darating ka sa markang ►, itanong ang tanong na kasunod nito at hayaan ang mga mag-aaral na talakayin ang sagot. Sikaping tiyakin na lahat ng estudyante sa klase ay nakikilahok sa talakayan. Kung kinakailangan, maaari mong tawagin sa pangalan ang estudyante.

(2) Maraming footnotes ang tumutukoy sa reperensiya sa Kasulatan. Ipahanap sa mga estudyante ang mga talata at ipabasa ito sa panahon ng klase. Malibang ipahayag, ang mga quotations sa Kasulatan ay hinango sa *English Standard Version* (ESV) na Biblia.

(3) May mga tanong sa pagbabalik-aral sa dulo ng bawat leksiyon. Ang sagot sa mga tanong na ito ay matatagpuan sa likod ng course guide. Mag-ukol ng oras upang pagbalik-aralan nang paulit-ulit ang bawat tanong sa panahon ng klase. Ang mga tanong na ito ay isasama sa mga pagsusulit.

(4) Ang bawat leksiyon ay magtataglay ng tatlong takdang-aralin.

Ang unang takdang-aralin ay nakatuon sa **ulo**. Ang pagsusulit ay gagawin sa simula ng susunod na klase pagkatapos na makumpleto ang leksiyon. Dapat gawin ang mga pagsusulit nang hindi tinitingnan ang course book, ang mga isinulat na notes o pagtatanong sa mga kamag-aral.

Ang ikalawang pagsusulit ay nakatuon sa **puso**. Nilalayon ng maiigsing pagsusulit na ito na ipaalala sa mga mag-aaral na ang isang tunay na apologetics ay nangungusap hindi lamang sa isipan, kundi sa puso rin. Ang mga takdang-araling ito kung minsan ay maaaring isang personal na patotoo. Mag-ukol ng panahon sa klase upang ibahagi ang mga patotoong ito.

Ang ikatlong takdang-aralin ay nakatuon sa **kamay**. Ito ang pagkakataon ng mag-aaral upang maisabuhay ang kanilang natutunan sa klase. Sa maraming kaparaanan, ito ang pinakamahalagang bahagi ng kurso. Kapag hindi isinabuhay ng mga mag-aaral ang mga prinsipyong kanilang natutuhan sa klase, hindi nila gaanong maaalala ang mga takdang-aralin o maisasabuhay ang mga prinsipyo sa mga susunod pang mga panahon. Mag-ukol ng oras upang talakayin ang mga takdang-araling ito sa bawat linggo.

# Aralin 1
# Introduksiyon sa Apologetics

## Mga Tagubilin

(1) Isasaulo ng mga mag-aaral ang 1 Peter 3:15.

(2) Isasaulo ng mga mag-aaral ang isang kahulugan ng apologetics na Kristiyano.

(3) Talakayin ang bawat tanong na may markang ►.

(4) Itanong ang bawat Tanong sa Pagbabalik-Aral sa panahon ng leksiyon at muli sa pagkatapos ng klase.

## Pasimula

Si Jia ay isang kabataang Kristiyano sa Taipei. Isang taon na siyang Kristiyano. Sa nakalipas na ilang buwan, sinisikap niyang ibahagi ang Mabuting Balita sa kanyang kapitbahay na si Lee. Hindi mananampalataya si Lee at gusto niyang tanungin si Jia ng mahihirap na tanong. Kung minsan, iniisip ni Jia na si Lee ay may tunay na pag-aalinlangan at naghahanap ng katotohanan; at kung minsan, iniisip niya na gusto lamang nitong makipagtalo sa kanya. Gayunman, anuman ang nag-uudyok kay Lee upang magtanong, sinisikap ni Jia na maging magalang at magpakita dito ng Kristiyanong pag-ibig. Kahit bilang isang bagong mananampalataya, nalalaman niya na hindi lamang ang kaniyang pag-iisip, kundi gayundin ang kaniyang espiritu ay dapat maging larawan ni Jesus sa kanyang kapitbahay.[1]

Sa linggong ito, masayang lumapit si Lee kay Jia. Mula sa internet, nakakita ito ng listahan ng sampung tanong upang "lituhin ang mga Kristiyano". Sinabi ng website na, "Walang Kristiyano ang makasasagot sa mga tanong na ito. Patutunayan ng mga tanong na ito na hindi mapagkakatiwalaan ang Biblia."

Ang sabi ni Lee, "Jia, mayroon akong katanungan para sa iyo. Sinasabi mo na ang Biblia ay Salita ng Dios at hindi maaaring magkaroon ng pagkakamali. Sinasabi sa Marcos 15:25 na si Jesus ay ipinako sa krus sa ikatlong oras; iyon ay 9:00 a.m. Sa John 19:14 sinabi na hindi ipinahayag ni Pilato ang kanyang hatol hanggang sa ika-anim na oras; iyon ay 12:00 p.m. Kung ang Biblia ay Salita ng Dios, bakit hindi magkatugma ang mga talatang ito?"

---

[1] Ang nilalaman ng kursong ito ay isinulat ni Dr. Mark Bird, Professor of Theology sa God's Bible School and College sa Cincinnati, Ohio. Karamihan sa mga materyales ay inilathala bilang *Defending Your Faith* (Kentucky: Answers in Genesis, 2007) at ginamit nang may pahintulot mula sa tagapaglathala. Ang *Defending Your Faith* ay makukuha sa Answers in Genesis at PO Box 510, Hebron, Kentucky, 41048. Maaari itong orderin sa online sa https://answersingenesis.org/store/product/defending-your-faith-leaders-guide/?sku=10-2-263.

► Kung hihingi ng tulong sa iyo si Jia, ano ang iyong magiging tugon? Matatakot ka ba na nakatagpo si Lee ng kamalian sa Biblia? Mahalaga ba na kaya nating ipagtanggol ang ating pananampalataya?

## Ano ang Apologetics?

Bago natin simulan ang pag-aaral ng apologetics, dapat nating bigyang kahulugan ang salita. Ang apologetics ay hinango sa salitang "apology". Sa karaniwang gamit ng salita ngayon, ang "apologize" ay nangangahulugan na humingi ng paumanhin para sa isang bagay.

Gayunman, sa orihinal, ang salitang "apologize" ay nagtataglay ng naiibang kahulugan kaysa ngayon. Sa sinaunang panahon, ang pag-apologize para sa pananampalataya ay nangangahulugang "ipagtanggol ang sariling pananampalataya". Ang pag-apologize ay ang pagbibigay-katwiran sa iyong mga pinaniniwalaan.

Isaulo ang kahulugang ito ng Kristiyanong apologetics: **Ang Kristiyanong apologetics ay ang paghaharap ng mga patunay para sa katotohanan ng pananampalatayang Kristiyano**.

Nahikayat si D. James Kennedy upang sumulat ng isang libro tungkol sa apologetics matapos makinig sa isang radio talk show. Kinakapanayam ng announcer ang isang atheist (hindi naniniwala sa Dios). Sinabi ni Kennedy:

> "Habang nagkukumahog ako sa pagsisikap na makatawag sa istasyon ng radyo, nakinig ako sa isang dosena o higit pang mga Kristiyanong tumawag upang kausapin ang lalaking ito. Tila ang bawat Kristiyanong tumawag ay walang kakayahang magbigay ng matalinong pangangatwiran para sa pananampalatayang pinaniniwalaan niya. Ang bawat tumawag ay nagsimula sa pagsasabi na, 'Sinasabi ng Biblia na ….' Sasagot naman ang atheist na 'Bakit ka naniniwala sa Biblia?' Ang bawat isa sa kanila ay tila nauwi sa tila walang lakas na sagot na,'Well, dahil iyon ang nasa puso ko.' Tutugon naman ang atheist ng, 'Kung gayon, wala iyon sa aking puso, kaibigan, kung kaya't hindi ko iyon pinaniniwalaan.'"[2]

► Paano mo sasagutin ang atheist na ito?

Sa kursong ito, pag-aaralan mo ang mga sagot sa mga tanong na tulad ng:

- Malalaman ba natin na mayroon ngang Dios?
- Bakit mayroong suliranin tungkol sa sakit, at kasamaan sa mundo?
- Ano ang itinuturo ng sannilikha sa atin tungkol sa Dios?
- Mapagkakatiwalaan ba ang Bagong Tipan?
- Natupad ba ni Jesus ang mga propesiya tungkol sa Mesiyas na ipinahayag sa Lumang Tipan?

---

[2] D. James Kennedy. *Why I Believe.* (Nashville: Thomas Nelson, 1999), p. 13.

- Tunay nga bang muling nabuhay mula sa mga patay si Cristo Jesus?
- Ang Kristiyanismo ba ang tanging daan patungo sa Langit?
- Ano ang Trinidad?
- Paano dapat tumugon ang Kristiyano sa animism (paniniwala sa mga espiritu)?
- Ano ang kahihinatnan ng mga taong hindi kailanman nakarinig ng Mabuting Balita?

## Bakit Pag-aralan ang Apologetics?

Mahalaga ang apologetics kapwa sa *pre-evangelism* at *post-evangelism*. Ang pre-evangelism ay ang ginagawa natin upang tulungan ang isang tao na mas mapalapit sa pagtatalaga ng kanyang buhay kay Cristo. Magagamit ng Kristiyano ang apologetics upang maalis ang mga hadlang sa kaisipan ng tao patungo sa kanyang pagkakaroon ng pananampalataya. Ang post-evangelism ay ang ginagawa natin upang tulungan ang mga Kristiyano upang maging mas matibay sa kanilang pananampalataya matapos na sila'y magbalik-loob.

*Bakit mahalaga ang apologetics sa pre-evangelism?* **Dahil maraming mga tao ang lumalapit kay Cristo pagkatapos nilang pag-aralan ang mga ebidensiya para sa katotohanan ng Kristiyanismo**.

Si C. S. Lewis ay isang dating atheist (hindi naniniwala sa Dios) na naging Kristiyano matapos matuklasan na ang Kristiyanismo ay totoo. Ang kuwento niya tungkol sa kanyang buhay bilang isang atheist, "Akala ko na naalis ko na ang mga Kristiyano…nang panghabang-panahon." Gayunman, "ang isang kabataan na nagnanais na mapanatili ang kanyang pagiging atheist ay dapat maging napakaingat sa kanyang mga binabasa. May mga bitag sa lahat ng lugar…"

Ang ebidensiya para sa Kristiyanismo ay napakatibay kaya't hindi ito matakasan ni Lewis. Sinabi niya na siya ay nauwi sa pag-amin na mayroon ngang Dios, "sumisipa, kumakawala, tumututol at pinaikot-ikot ang (kanyang) mga mata sa lahat ng direksiyon upang makatakas lamang. Habang kumikilos ang Dios sa buhay ni Lewis, siya'y naging isang matapat na Kristiyano na tumukoy sa kanyang kuwento ng pagbabalik-loob bilang *Surprised by Joy* (Sinorpresa ng Kaligayahan).

Si Josh McDowell ay isa ring hindi madaling maniwala na nagbalik-loob sa Kristiyanismo matapos pag-aralan ang apologetics. Nagsikap siyang pawalang-saysay ang Kristiyanismo. Si McDowell ay naging isang Kristiyano at sumulat ng isang libro na may pamagat na *Evidence that Demands a Verdict* (Ebidensiya na Humihingi ng Paghatol), upang ipahayag ang katotohanan ng pananampalatayang Kristiyano.

Si Lee Strobel, ang sumulat ng *The Case for Christ*, ay isang atheist na naging isang Kristiyano matapos pag-aralan ang ebidensiya para sa Kristiyanismo. Ang isa sa mga librong binasa niya ay ang *Evidence that Demands a Verdict.*

Mabisang kasangkapan ang apologetics sa pre-evangelism. Kapag ginamit natin ang apologetics sa isang tao na hindi naniniwala na totoo ang Kristiyanismo, maaalis natin ang hadlang sa kanilang kaisipan na siyang nakakapigil sa kanya para paniwalaan ang ebanghelyo. Sa ganitong paraan, makakatulong sa iyo ang apologetics upang maibahagi ang iyong pananampalataya.

Nakakatulong din ang apologetics sa post-evangelism. Hindi lamang makakatulong sa iyo upang maibahagi sa iba ang iyong pananampalataya, patitibayin din nito ang iyong pananampalataya at ang pananampalataya ng iba. Ito ang post-evangelism. *Bakit mahalaga ang apologetics sa post-evangelism?* **Ang pagkaalam kung bakit ka naniniwala ay magpapatibay sa iyong pananampalatayang Kristiyano**.

Maraming tao na kahit nagsasabi na sila'y born-again na Kristiyano ay nag-iisip na hindi mahalaga kung anong relihiyon ang kinaaaniban mo dahil ang lahat ng pananampalataya ay nagtuturo ng pare-parehong leksiyon tungkol sa buhay. Maraming Kristiyano ang hindi nakakaalam kung bakit sila naniniwala sa kanilang pinaniniwalaan. Sila ay madaling matalo ng mga atakeng pansira sa pananampalataya ng mga mapag-alinlangan/mapagduda. Ang pag-aaral ng apologetics ang maghahanda sa iyo upang sagutin ang mga pagdududa na naglalayong sirain ang iyong pananampalataya.

Mahalaga ba ang pagkaalam ng apologetics upang ang isang tao ay sumampalataya kay Cristo? Hindi, maraming Kristiyano ang naging mananampalataya kay Cristo matagal na panahon bago pa man nila nalaman ang lahat ng ebidensiya ayon sa kasaysayan o siyensiya na sumusuporta sa katotohanan ng Biblia. Gayunman, maaari ring ang mga taong ito mismo ay magkaroon ng kalituhan sa mga kasinungalingan na sinasabi ng Diyablo sa kanila patungkol kay Cristo. Ito ang isang mahalagang dahilan kung bakit dapat nating matutuhan ang mga dahilang pangkaisipan para sa ating pananampalataya.

**Mga Tanong sa Pagbabalik-Aral**

*Kung kayo ay nag-aaral bilang isang grupo, sasagot ng tig-iisang tanong ang bawat miyembro ng grupo. Kung ikaw ay nag-iisang nag-aaral, sagutin ang bawat tanong. Kung hindi mo alam ang sagot, tingnan ang sagot sa naunang seksiyon.*

(1) Ano ang kahulugan ng Kristiyanong apologetics?

(2) Bakit natin sinasabi na mahalaga ang apologetics sa pre-evangelism?

(3) Bakit natin sinasabi na mahalaga ang apologetics sa post-evangelism?

## Saan sa Biblia Tayo Inuutusan na Gamitin ang Apologetics?

Ang pinakamalaking dahilan kung bakit natin dapat pag-aralan ang apologetics ay dahil sinasabi sa atin ng Biblia na dapat tayong maging laging handa upang ipagtanggol ang ating pananampalataya. Isinulat ni Apostol Pedro na,

> "Subali't sa inyong puso parangalan ninyo si Cristong Panginoon bilang banal,

laging handang magtanggol sa sinumang nagtatanong sa iyo ng dahilan ng iyon pag-asa; gayunman gawin ninyo ito nang may kahinahunan at paggalang."[3]

Ang salitang Griyego na isinalin na "defense" ay apologia. Sa sinaunang Griyego, ang salitang apologia ay tumutukoy sa pagtatanggol ng isang taong isinasakdal sa hukuman. Ang taong may reklamo ay magpapahayag ng kanyang akusasyon (acategoria). Pagkatapos, magbibigay ang akusado ng kanyang depensa (apologia).

Sinasagot ng 1 Pedro 3:15 ang tatlong katanungan tungkol sa apologetics.

1. Kailangan bang gamitin ng mga Kristiyano ang apologetics? **Oo, ang mga Kristiyano ay dapat maging laging handa na magbigay ng pagtatanggol, isang makatwirang pagpapaliwanag ng iyong pinaniniwalaan**.
2. Sino ang kailangan nating abutin sa pamamagitan ng apologetics? **Ang bawa't isang nagtatanong ng dahilan ng iyong pag-asa**.
3. Paano natin dapat iprisinta ang apologetics? **Nang may kahinahunan at paggalang**.

Bukod sa utos na ito, ang Biblia ba mismo ay nagsusulong ng paggamit ng apologetics? Oo, halimbawa, tinukoy ni Lucas ang "hindi mabilang na patunay na hindi mapasusubalian" na ginamit ni Jesus upang patunayan na Siya nga ay buhay pagkatapos ng kanyang muling pagkabuhay (Mga Gawa 1:3). Gayundin, sa Mga Gawa 17 sinasabi na si Pablo, habang nasa Athenas, ay nagsalita tungkol sa altar na Griyego para sa "hindi nakikilalang Dios" upang lumikha ng kaso para sa Kristiyanismo. Tiniyak ng mga sumulat ng Biblia na nauunawaan ng kanilang mga mambabasa na ang kanilang mga ipinapahayag na katotohanan ay katugma ng mga tunay na nagaganap.

## Kailan Natin Dapat Gamitin ang Apologetics?

► Kailan natin dapat iprisinta ang apologetics? Dapat ba natin iyong iprisinta bago o pagkatapos nating ipahayag ang Mabuting Balita?

Ang pangkalahatang tuntunin ay: kapag nagbabahagi ka ng iyong pananampalataya, iprisinta mo **muna ang ebanghelyo**. Pagkatapos, kung kinakailangan, gamitin ang ang **apologetics upang suportahan** ang ipinahayag mong ebanghelyo.

May mga pasubali sa tuntunin na "ebanghelyo muna". Halimbawa, kung minsan mas una mong gagamitin ang isang paksa sa apologetic upang simulang ipaalam ang pangunahing mensahe ng Biblia. Mahalagang dapat tandaan na ang ebanghelyo ang pangunahing mensahe. Gamitin ang apologetics kung ang tao ay nagpapahayag ng pagtutol o kung ang paggamit ng apologetics ay lilikha ng pagkakataon upang ibahagi ang ebanghelyo.

[3] 1 Pedro 3:15.

**Mga Tanong sa Pagbabalik-Aral**

(4) Anong talata sa Bagong Tipan ang nagpapakita ng pangangailangan sa apologetics? Bigkasin ang talatang ito.

(5) Anong tatlong tanong tungkol sa apologetics ang sinagot sa 1 Peter 3:15?

(6) Kapag ibinabahagi mo ang iyong pananampalataya, alin ang dapat maging una, ang ebanghelyo o apologetics? Bakit?

## Ano ang Ebanghelyo?

Kung ang ebanghelyo ang ating pangunahing mensahe, mahalaga na magkaroon tayo ng mabuti at tamang pagkaunawa sa ebanghelyo. Ang 1 Corinto 15:1-4 ay nagbibigay ng buod ng "Mabuting Balita"

- Namatay si Cristo para sa ating mga kasalanan.
- Siya ay inilibing.
- Siya ay muling nabuhay at nagpakitang buhay sa maraming tao.

Ang Kasulatan ay nagpapakita ng resulta ng kamatayan at muling pagkabuhay ni Cristo:

- Maaari tayong magkaroon ng kapatawaran at paglilinis sa kasalanan.4
- Maaari tayong ampunin sa pamilya ng Dios at panahanan ng Espiritu ng Dios.5
- Maaari tayong mamuhay nang may kabanalan at kalugod-lugod sa Dios.6
- Magkakaroon tayo ng isang bagong katawan na muling binuhay upang mabuhay magpasawalang-hanggan kasama ni Cristo sa isang bagong langit at isang bagong daigdig.7

Narito ang buod ng mensahe ng ebanghelyo: ang ebanghelyo ay ang mabuting balita na maaari tayong maligtas sa pananampalataya sa ipinako at muling nabuhay na taong-Dios na si Cristo. Upang ipaliwanag ang ebanghelyo sa isang tao, narito ang isang subok na sa panahong pamamaraan:

### Ang Pangunahing Mensahe ng Ebanghelyo[8]


Magsimula sa pagtatanong sa tao kung ano sa palagay nila ang pangunahing mensahe ng Biblia. Tanggapin ang kanilang tugon, tapos sabihin na, "Maaari ko bang ipakita sa iyo ang isang diagram na sa aking pananaw ay nagpapakita ng pangunahing mensahe ng Biblia?"

---

[4] Hebreo 9:22.
[5] Galacia 4:4-6.

[6] Hebreo 13:12, 20-21.
[7] Filipos 3:20-21.
[8] Maaari mo nang i-download ang isang libreng PowerPoint ng gospel presentation sa www.answersingenesis.org/go/defending-your-faith. I-Click mo ang link sa "Basic Message of the Bible" upang i-download ang presentation na ito.

Kapag nagbigay sila sa iyo ng pahintulot, sabihin ang sumusunod habang iginuguhit mo ang diagram (idagdag ang mga figures, hugis, o salita habang binabanggit mo ang mga konseptong nakaugnay sa kanila).[9]




Ang pangunahing mensahe ng Biblia ay ito: Nilikha **tayo** ng **Dios**, ang tao, upang magkaroon ng banal na relasyon ng **pag-ibig** sa Kanya. Subalit tayo'y **nagkasala**, at ang ating kasalanan ang lumikha ng malaking pagitan sa atin at sa Dios. Tinawag ng Biblia ang pagkakahiwalay na ito na **kamatayan**. Sa katotohanan, kapag tayo'y namatay habang patay pa ang ating espiritu, tayo ay panghabangpanahong mahihiwalay sa Dios sa lugar na tinatawag ng **Impiyerno**. Iyan ang masamang balita ng Biblia.

Ang mabuting balita: Iniibig tayo ng Dios at hindi Niya nais na tayo'y mapunta sa impiyerno (Juan 3:16). Kaya, ipinadala ng Dios Ama ang Dios Anak, si Jesus, sa mundo upang mamatay sa krus at muling mabuhay mula sa mga patay, upang mapanumbalik ang ating relasyon sa Dios.

Ngayon, kung tayo'y **magsisisi** – kung tatalikod tayo sa lahat ng ating kasalanan (Mga Gawa 3:19)-at kung **tatanggapin** natin si Cristo sa ating mga puso at buhay-magtitiwala sa kanya upang patawarin tayo sa ating mga kasalanan (Juan 1:12)-sa gayun, darating tayo sa panahon na lilipat tayo mula sa kamatayan patungo sa buhay (tatawid tayo sa tulay). Magkakaroon tayo ng kaugnayan sa Dios at magiging isang bagong nilalang. At sa wakas, ang lahat ng nagtitiwala kay Cristo lamang para sa kanilang kaligtasan ang pupunta sa **Langit** upang gugulin ang walanghanggan sa masayang pakikisama sa Dios at iba pang nakakikilala sa Dios.

Ito ang pangunahing mensahe ng Biblia. Tatanungin kita kung…

- Saan mo nakikita ang iyong sarili sa diagram?
- Saan mo gustong mapunta?
- May anumang bagay ba na nakakapigil sa iyo na tumawid sa ngayon?

## Sino ang Nangangailangan ng Apologetics?

Kailangang malaman ng bawat Kristiyano kung bakit siya naniniwala. Kailangang maunawaan ng bawat Kristiyano ang pundasyon ng kanyang pananampalataya.

---

[9] Ang illustration/paglalarawang ito ay may copyright ng Answers in Genesis.

Patungkol naman sa mga di-mananampalataya: Ano ang role ng apologetics sa mga hindi mananampalataya? Ayon kay Josh McDowell, may tatlong dahilan kung bakit tinatanggihan ng mga tao si Cristo:

- Kawalang kaalaman (maraming beses ito ay sinasadyang kawalang-kaalaman)
- Pagmamataas
- Mga suliraning pang-moral

**Ang layunin ng Apologetics**

"Sa labanan, ang layunin ay talunin ang kalaban. Sa evangelism, ang layunin ay hikayatin sila."
-Ravi Zacharias

Maraming mga tao ang nagtataglay ng sinserong pag-aalinlangan sa kanilang kaisipan patungkol sa katotohanan ng Kristiyanismo. Ang suliranin sa mga taong ito ay ang kanilang kawalang kaalaman sa pananampalatayang Kristiyano. Nangangailangan ang mga taong ito ng apologetics.

Mayroon namang ibang tao na nagpapahayag ng kanilang pangangatwiran o pagtutol sa isip (intellectual objections) bilang dahilan upang umiwas na aminin ang tunay na dahilan kung bakit ayaw nilang maniwala. Maaaring ang mga taong ito ay mapagmalaki o may mga kasalanang ayaw nilang talikuran. Kailangan nating alamin ang tunay na dahilan kung bakit tinatanggihan ng mga ito si Cristo, at komprontahin sila sa katotohanan ng kanilang kasalanan at pagmamataas. Gayunman, kailangan din nating harapin ang kanilang pagtutol na pangkaisipan. Maraming beses na nangangailangan ang mga taong ito ng sagot sa kanilang mga pagdadahilan sa kanilang kaisipan bago nila aminin ang tunay na dahilan kung bakit nila tinatanggihan si Cristo. Dahil dito, ang sinumang nagpapahayag ng kanyang pagtutol sa kaisipan ay maaaring mangailangan ng apologetics, anuman ang pinakamalalim na dahilan ng taong iyon upang ipahayag ang kanyang pagtutol.

**Mga Tanong sa Pagbabalik-Aral**

(7) Anu-ano ang tatlong dahilan kung bakit tinatanggihan ng mga tao si Cristo?

(8) Bakit kailangan nating harapin ang mga pagtutol na pangkaisipan (intellectual objections), kahit para sa mga taong may mas malalim na dahilan sa kanilang di-pananampalataya?

## Pagsasabuhay ng Apologetics - Ang Pagbabalik-loob ni C.S. Lewis

Si C.S. Lewis (1898-1963) ay isinilang sa isang pamilyang Kristiyano sa Ireland. Ang kanyang lolo-sa-lolo ay isang ministrong Methodist, at ang kanyang lolo ay isang evangelical Anglican. Gayunman, nang mamatay ang kanyang ina dahil sa kanser, ipinasya ni Lewis na ang Dios ay isang malupit na Dios. Sa edad na labintatlo, ipinahayag na niya na siya'y isang atheist (hindi naniniwala na may Dios).

Naging isang matalinong mag-aaral ng literature si Lewis sa Unibersidad ng Oxford. Nang makatapos, siya'y naging isa sa mga pinakapopular na tagapagsalita sa Kolehiyo ng Magdalen, sa Oxford. Dalawa sa kanyang pinakamatalik na kaibigan sa English faculty, sina Hugo Dyson at J.R.R. Tolkien, ay mga Kristiyano. Sa kanyang pakikipag-usap sa mga lalaking ito at sa kanyang pansariling pagbabasa, nakita ni Lewis ang kahungkagan sa kaisipan (intellectual emptiness) ng atheism.

Noong 1929, inamin ni Lewis ang katotohanan na mayroon ngang Dios. Siya ay naging "ang pinaka atubiling nagbalik-loob sa buong Inggaltera". Sa puntong ito, ipinahayag ni Lewis ang katotohanan ng theism ("Ang Dios ay Dios"), subali't hindi pa siya nagiging isang mananampalataya. Nakumbinsi ng apologetics ang isipan ni Lewis na mayroon ngang Dios; subali't hindi pa napapanalunan ng ebanghelyo ang kanyang puso.

Dalawang taon ang lumipas, isinuko ni Lewis ang kanyang buhay kay Cristo. Sa pagkakataong ito, mayroon nang tunay na pagbabago sa puso ni Lewis, hindi lamang pag-amin sa kanyang isip na mayroon ngang Dios. Si Lewis ay hindi na "atubiling nagbabalik-loob." Ngayon siya ay "ginulat ng kaligayahan," at siya'y buong-pusong sumunod kay Cristo Jesus.

Si Lewis ay naging isa sa pinakamaimpluwensiyang manunulat na Kristiyano ng ikadalawampung siglo. Sumulat siya ng dalawampu't limang aklat na tumatalakay sa maraming aspeto ng pananampalatayang Kristiyano. Sa panahon ng lumalaganap na sekularismo, si Lewis ay isang mahusay na tagapagtanggol ng pananampalatayang Kristiyano.

Ang pagbabalik-loob ni C.S. Lewis ay nagpapakita ng kaugnayan sa pagitan ng apologetics at evangelism. Pagkamatay ng kanyang ina, si Lewis ay nagkaroon ng mga katanungan sa kaisipan kung talagang mayroon ngang Dios. Hindi mapag-ugnay ni Lewis ang isang mapagmahal na Dios at ang pagkakaroon ng sakit at paghihirap sa mundong ito. Bago nabuksan ang kanyang mga tenga sa ebanghelyo, kinailangan muna niyang marinig ang sagot sa kanyang mga tanong.

Apologetics ang nagdala kay Lewis sa punto na tinanggap niya na mayroon ngang Dios; ang ebanghelyo ang nagdala sa kanya sa isang maligayang relasyon sa Dios. Bagaman ang ebanghelyo ang *karaniwang* dapat unang ipahayag, ang pagbabalik-loob ni C.S. Lewis ay nagpapakita na kung minsan kinakailangan ang apologetics upang ihanda ang daan para sa ebanghelyo.

## Ano ang mga Limitasyon ng Apologetics?

Hindi nagdadala ng tao kay Cristo ang apologetics mismo. Binubuksan ng Dios ang mga mata ng mga bulag sa espiritu. Gayunman, ginagamit ng Banal na Espiritu ang apologetics bilang paraan upang tulungan ang mga taon na matagpuan si Jesus. Dapat nating ipanalangin na gamitin ng Dios ang mga impormasyon na ibinabahagi natin sa iba upang tulungang mabuksan ang kanilang espirituwal na mga mata.

Ang Salita ng Dios (na mas matalas pa sa tabak) ang siyang tatagos sa puso ng isang taong naliligaw upang siya'y magising sa kaniyang pangangailangan kay Cristo.[10] Tama, kailangan nating ipagtanggol ang Kasulatan. Makatutulong ito upang magkaroon ng higit na katiyakan ang mga tao na mapagtitiwalaan nila ang kanilang nababasa sa Biblia, subali't dapat nating tandaan na ang Biblia ay nagpapatotoo sa kanyang sarili.

Ano ang ibig sabihin kapag sinasabi nating "ang Biblia ay nagpapatoto sa kanyang sarili"? Dahil ang Biblia ay Salita ng Dios, ito ay buhay at makapangyarihan. Nangungusap ang Biblia sa ating mga puso sa kanyang sariling katotohanan. Nauunawaan ng ating mga puso ang katotohanan ng Salita ng Dios.

Dahil ang Salita ng Dios ay nagpapatotoo sa kanyang sarili, maraming tao ang sumasampalataya kay Cristo kahit hindi nila nalalaman ang mga pangangatwiran na sumusuporta sa Kristiyanismo. Kinikilala nila ang katotohanan ng Biblia matagal na panahon bago pa man nila nabuo ang mga pangangatwiran sa kaisipan para sa kanilang pananampalataya.

Sa buong panahon ng kasaysayan, ang mga Kristiyano mula sa lahat ng antas ng lipunan ay naging willing na mamatay para sa kapakanan ng ebanghelyo. Ang ilan sa mga ito ay may mataas na pinag-aralan; ang iba nama'y ni hindi man lang marunong bumasa. Subali't ang kanilang pananampalataya ay hindi matitinag! Saan nagmumula ang kanilang katiyakan at pagtitiwala? Hindi ito nagmula sa natural na kakayahan o intellectual argument, kundi mula sa kapahayagan ng Banal na Espiritu sa "mata ng kanilang puso."[11]

May dalawang paraan upang makakita. Nakakikita tayo gamit ang pisikal na mga mata at gamit ang espirituwal na mga mata – ang mga mata ng puso. Maraming mga tao ang nakakaalam na ang Biblia ang Salita ng Dios dahil kapag binabasa nila ito o naririnig nila itong binabasa, inihahayag ng Dios ang kanyang kaluwalhatian sa kanilang mga puso.

### Ang Patotoo ng Isang Pastor na Filipino

Isinilang ang isang pastor sa kabundukan ng Pilipinas sa isang tribong pagano. Ang kanyang ama ay isang "pari" na nagsasagawa ng ritwal na demonic para sa tribu. Isang araw, may nagbigay sa kanya ng Bagong Tipan sa kanyang sariling wika. Nagsimula siyang magbasa—at hindi siya makatigil sa pagbasa!

---

[10] Hebreo 4:12
[11] 1 Corinto 2:14; Efeso 1:19

Alam niya na totoo ang librong ito kahit hindi niya maipaliwanag kung bakit. Nang mabasa niya ang kwento tungkol sa pagpapako sa krus, nagsimula siyang umiyak. Sa unang pagkakataon, binabasa niya ang kwento ng kamatayan ni Jesus. "Habang nagbabasa ako," sabi niya," pakiramdam ko'y biglang nalantad ang aking kaluluwa, at ako'y umiyak sa Dios upang ako'y iligtas! Pagkatapos noon, pakiramdam ko'y malinis na ako!"

## Paano Inihahayag ng Dios ang Kanyang Kaluwalhatian?

Inilista ni John Piper ang ilang paraan kung paano nagbibigay ang Dios sa mga tao ng espirituwal na paningin.[12]

### Inihahayag ng Dios ang Kanyang Kaluwalhatian sa Kapaligirang Kanyang Nilikha

Isinulat ni Apostol Pablo na ang "walang hanggang kapangyarihan at kalikasang maka-Dios ay malinaw na nauunawaan mula pa sa paglikha ng mundo, sa mga bagay na nilikha niya." Ang sangkatauhan ay binigyan ng espirituwal na paningin ng kaluwalhatian ng Dios sa pamamagitan ng mundong Kaniyang nilikha. Wala tayong maidadahilan.[13] Ang pagtuturo sa mga tao kung paano ipinahahayag ng sanlibutan ang handiwork/likhang-kamay ng Dios ay isang anyo ng apologetics.

### Inihahayag ng Dios ang Kanyang Kaluwalhatian sa Persona at Sakripisyo ni Cristo Jesus

Sa mga taong handang tanggapin si Cristo, supernaturally na binubuksan ng Dios ang mga mata ng kanilang puso upang makita ang kanyang kaluwalhatian at makumbinsi sila na siya nga ay kung ano ang ipinahahayag niya.[14]

Inihayag ng Dios ang kanyang sarili sa lahat ng tao. "Ang biyaya ng Dios na nagdudulot ng kaligtasan ay nagpakita sa lahat ng tao."[15] Ngunit nakalulungkot, na karamihan sa mga tao ay tumanggi sa kanyang biyaya at nanatiling bulag. Ang mga lalaki at babaeng tumangging makita ang biyayang ito ay naging mas lalo pang bulag. Subali't para sa mga nakahandang makakita, inihahayag ng Dios ang higit pa niyang kaluwalhatian at biyayang nakapagliligtas.

► Basahin ang Mateo 13:13 at Juan 9:39. Paano maaaring maging possible na tumingin subalit hindi makakita, at makinig subalit hindi makarinig? Talakayin ang inyong sagot bilang isang grupo.

### Inihahayag ng Dios ang Kanyang Kaluwalhatian sa Ebanghelyo

---

[12] Ang materyal na ito ay sinipi sa sermon ni John Piper,"God's Peculiar Glory: How We Know the Bible Is True" na ipinangaral sa Houston, Texas. http://www.desiringgod.org/messages/gods-peculiar-glory.
[13] Awit 19; Roma 1:19-21
[14] Efeo 1:19
[15] Tito 2:11

Sa 2 Corinto 4:6, nagbigay si Pablo ng isang kahanga-hangang pahayag!

> "Dahil ang Dios, na nagsabi, 'Magliwanag ang ilaw sa kadiliman', ay nagliwanag na sa ating mga puso upang ibigay ang liwanag ng kaalaman sa kaluwalhatian ng Dios sa mukha ni Cristo Jesus."

Kung paanong sinabi ng Dios,"Magkaroon ng liwanag" sa panahon ng paglikha, iniuutos din Niya ang espirituwal na liwanag upang magliwanag nang mabuti sa bawat pusong handang tumanggap na alam nating si Jesus at ang ebanghelyo ay tunay. Nangungusap ang Dios sa pamamagitan ng Ebanghelyo upang ipakilala ang kanyang sarili sa sinumang handang makakita.

**Inihahayag ng Dios ang Kanyang Kaluwalhatian sa Pamamagitan ng Buhay at Patotoo ng mga Mananampalataya**

Nabasa natin sa itaas na "ang biyaya ng Dios na nagdadala ng kaligtasan ay napakita sa lahat ng tao." Bago iyon, nagpahayag si Pablo ng isa pang nakagugulat na pahayag. Sumulat si Pablo kay Tito, isang batang pastor sa isla ng Creta. Sinasabi ni Pablo na dapat turuan ni Tito ang mga Kristiyano kung paano sila mamumuhay nang may kabanalan, "upang sa lahat ng bagay maaari nilang ipalamuti ito sa doktrina ng Dios na ating Tagapagligtas."[16] Nagiging kaakit-akit ang Ebanghelyo dahil sa buhay at patotoo ng mga mananampalataya. Nagsasalita ang Dios sa mga puso ng hindi mananampalataya sa pamamagitan ng buhay ng mga matapat na Kristiyano. *Ang banal na pamumuhay ng mga Kristiyano ay isang mahalagang apologetic.*

**Ang Patotoo ng Isang Mananampalatayang Tsino**

Bata pa siya ay ipinasya na ni David na maging isang atheist (hindi naniniwala na may Dios). Subali't bilang isang kabataang naghahanap ng kapayapaan, nagsimula siyang mag-eksperimento sa iba't-ibang relihiyon. Umanib siya sa Buddhismo, subali't dito'y nakaramdam siya ng kahungkagan. Pagkaraan, pinag-aralan niya ang mga sinulat ni Confucius, subali't hindi pa rin niya matagpuan ang kapayapaan ng kalooban.

Sa isang pagkakataon, nagtangka siyang pag-aralan ang Biblia. Subali't nang dumating siya sa kuwento ng Baha, galit niyang isinara ang Biblia. Ikinagalit niya ang isiping winasak ng Dios ang mundo sa pamamagitan ng buong mundong baha. Sinabi ni David, "Determinado akong kailanman ay hindi maging Kristiyano! Hindi ko kailanman maintindihan ang isang mapaghiganting dios na magdadala ng gayung kamatayan at paglipol sa tao!"

Ilang taon pagkalipas noon, dumalo si David sa isang klase sa Ingles sa isang unibersidad na Tsino. Ang propesor ay isang kabataang Kristiyano mula sa Estados Unidos.

---

[16] Tito 2:10

"Lubhang maingat ang batang propesor na ito sa kanyang pagbabahagi ng kanyang ebanghelyo", sabi ni David. "Alam niya na siya'y minamatyagan ng mga awtoridad kung kaya't bihira siyang nagpapatotoo sa silid-aralan, bagaman alam namin na siya ay isang Kristiyano. Subalit ang kanyang kaligayahan ang nakaakit sa akin! Ngayon lang ako nakakilala ng isang taong gayun kaligaya! Nakikita naming siya sa campus na naggigitara at umaawit, at tila napakapayapa niya. Kailangan ko talagang malaman kung saan nagmumula ang kanyang kapayapaan!

"Isang araw sinundan ko ang propesor sa kanyang tinutuluyan, at sa kanyang paputol-putol na salitang Tsino ibinahagi niya sa akin ang plano ng kaligtasan. Habang siya'y nagbabasa basta lang ako naniwala sa mensahe at agad-agad sa sandaling iyon alam ko na may himala at kahanga-hangang bagay na naganap sa akin. Pakiramdam ko, nagbago ang buong mundo! Tumingin ako sa labas ng bintana ng apartment at nakita ang mga bulaklak na tila ba sa unang pagkakataon. Napakaganda ng mga iyon!" Pagkatapos, napagtanto ko na hindi ang mundo ang nagbago. Ang pagbabago ay naganap sa aking puso!"

Ginamit ng Dios ang buhay ng isang Krisatiyano upang ipahayag ang kanyang kaluwalhatian sa nagugutom na puso ni David. Pinalamutian ni David "ang doktrina ng Dios" sa pamamagitan ng kanyang maligayang buhay Kristiyano.

**Mga Tanong sa Pagbabalik-Aral**

(9) Sino ang Persona na nagbubukas ng mata ng mga taong bulag sa espirituwal?

(10) Ginagamit ba ng Banal na Espiritu ang apologetics sa pagtulong sa mga tao na magkaroon ng pananampalataya kay Cristo?

(11) Ano ang ibig sabihin pag sinabing:" Ang Kasulatan ay nagpapatotoo sa kanyang sarili"?

(12) Magbigay ng apat na paraan kung paano inihahayag ng Dios ang kanyang kaluwalhatian sa espirituwal na mata ng ating puso.

## Konklusyon

Pinigil ni Jia si Lee at sinabi, "Maaari ba kitang makausap sandali? Sa palagay ko mayroon akong sagot sa iyong tanong tungkol sa pagkakaiba ng oras ng pagpapako kay Cristo ayon kay Marcos at kay Juan."

Nagulat si Lee. "Malaki talaga ang pagpapahalaga mo sa relihiyosong aklat na iyon upang hanapin mo ang sagot sa aking tanong? Hindi ko inisip na gusto ng mga Kristiyano ang mga tanong! Akala ko isinara na ng mga Kristiyano ang kanilang isip at mga mata sa katotohanan. Pero sige nga, sabihin mo nga sa akin kung ano ang iyong natuklasan?"

Ipinakita ni Jia kay Lee kung ano ang kanyang natuklasan nang pag-aralan niya ang Marcos at Juan sa isang komentaryo sa Biblia. Ang tanong ni Lee, tulad ng iba pang mga

tanong tungkol sa Biblia, ay maaaring sagutin kung bibigyang-pansin ang konteksto ng kasaysayan.  Sinabi ni Jia, "Ang ebanghelyo ni Marcos ay isinulat sa pagitan ng A.D. 45 at 65. Sa panahong iyon, ang mga Judio ay gumagamit ng kanilang sariling sistema ng pagbilang ng oras.  Nagsisimula sila ng bagong araw sa 6:00 a.m. Marahil ginamit ni Marcos ang sistema ng mga Judio sa kanyang Ebanghelyo. Nang sabihin sa Marcos 15:25 na si Jesus ay ipinako sa ikatlong oras ng araw, nangangahulugan ito na siya'y ipinako ng 9:00 a.m."

"Iyan ang aking sinasabi," sagot ni Lee. "Sinasabi ni Marcos na 9:00 a.m. subali't sinasabi ni Juan na 12:00 p.m. Mali ang isa sa kanilang dalawa!"

Ngumiti si Jia at mahinang sinabi, "Hindi naman tiyakang sinabi ni Juan na si Jesus ay humarap kay Pilato sa 12:00 p.m.  Sinabi niya na iyon ay ika-anim na oras na.  Isinulat ni Juan ang kanyang ebanghelyo mas huli kaysa kay Mark.  Marahil siya'y sumusulat mula sa Efeso, isang kolonya ng Roma.  Matindi ang impluwensiya ng Roma sa mga araw na iyon, lalo na sa mundo ng mga Hentil. Sinisimulan ng mga Romano ang bagong araw sa 12:00 a.m.  Kaya't kung si Juan ay gumagamit ng sistemang Romano, sa Juan 19:14, ang 'ika-anim na oras' ay 6:00 a.m."

"At kung magkasama, ang dalawang ebanghelyong ito ay nagpapakita ng kuwento ng paglilitis at pagpapako kay Jesus.  Ipinapakita ni Juan na si Jesus ay hinatulan ni Pilato sa ika-6 ng umaga (ika-anim na oras) pagkatapos ng paglilitis sa gabi.  Ni hindi nga legal ang paglilitis sa gabi! Hindi makatarungan ang naging paghatol kay Jesus.  Pagkatapos, ipinakikita ni Marcos na tatlong oras ang nakalipas, ipinatupad ang hatol ni Pilato.  Ipinako sa krus si Jesus sa 9:00 a.m. At, Lee, siya ay ipinako hindi dahilan sa anupamang mali na kanyang ginawa. Maging si Pilato ay nagsabi rin  na 'Wala akong nakikitang kasalanan sa kanya.'  Ipinako si Jesus sa krus dahil sa mga kasalanan mo at kasalanan ko.  Namatay siya upang ikaw at ako ay mabuhay nang walanghanggan."

## Mga Takdang-Aralin ng Aralin

(1) Ang Apologetics at ang Ulo: Sisimulan mo ang susunod na klase sa isang pagsusulit sa mga tanong sa pagbabalik-aral mula sa Aralin 1. Maingat na pag-aralan ang mga tanong na ito bilang paghahanda sa pagsusulit.

(2) Ang Apologetics at ang Puso: Pasalamatan mo ang Dios sa pagpapahayag Niya sa iyo ng kanyang sarili. Pasalamatan siya sa pag-aalis ng mga batong nakatitisod na siyang nagsara ng iyong kaisipan sa katotohanan. Isipin mo ang isang taong ang buhay ay nagpakita ng genuine na pagiging Kristiyano sa iyo. Sulatan o tawagan ang taong ito upang ipahayag ang iyong pasasalamat.

(3) Ang Apologetics at ang Kamay: Kausapin ang isang hindi mananampalataya tungkol sa kaniyang pananaw tungkol sa Kristiyanismo. Itanong: "Ano ang iyong mga dahilan na hindi ka isang Kristiyano?" Huwag kang makipagtalo, subali't pakinggan siya habang ibinabahagi nila ang kanilang dahilan sa hindi paniniwala. Tanungin sila kung gusto nilang marinig ang mga sagot tungkol sa pananampalatayang Kristiyano. Tanungin kung payag silang makipag-usap uli sa iyo tungkol dito habang nagpapatuloy ka sa kursong ito. Magsulat ng notes tungkol sa inyong pag-uusap upang ibahagi sa inyong susunod na klase.

**Mga Tanong sa Pagsusulit sa Aralin 1**

(1) Ano ang kahulugan ng Kristiyanong apologetics?

(2) Bakit natin sinasabing mahalaga ang apologetics sa pre-evangelism?

(3) Bakit natin sinasabing mahalaga ang apologetics sa post-evangelism?

(4) Anong talata sa Bagong Tipan ang nagpapakita ng pangangailangan para sa mga humihingi ng paumanhin? Isulat ang talatang ito mula sa memorya.

(5) Anong tatlong tanong tungkol sa apologetics ang sinagot sa 1 Pedro 3:15?

(6) Kapag nagbabahagi ka ng iyong pananampalataya, alin ang dapat mauna: ang Ebanghelyo o ang apologetics? Bakit?

(7) Ano ang tatlong dahilan na tinatanggihan ng mga tao si Cristo?

(8) Bakit dapat tayong tumugon sa mga pagtutol na pangkaisipan, kahit sa mga taong may mas malalim na dahilan sa kanilang di-paniniwala?

(9) Sino ang Personang nagbubukas ng mata ng mga espirituwal na bulag?

(10) Ginagamit ba ng Banal na Espiritu ang apologetics upang tulungan ang mga tao na magkaroon ng pananampalataya kay Cristo?

(11) Ano ang ibig sabihin ng 'Ang Kasulatan ay nagpapatotoo sa Kanyang Sarili'?

(12) Ilista ang apat na paraan kung paano inihahayag ng Dios ang kanyang kaluwalhatian sa espirituwal na mata ng ating puso.

# Aralin 2
# Mga Maling Kuro-kuro tungkol sa Apologetics

## Mga Tagubilin

(1) Magbigay ng isang pagsusulit gamit ang Mga Tanong sa Pagbabalik-Aral mula sa Aralin 1.

(2) Sabihin sa bawat mag-aaral na magbigay ng maikling buod ng kanilang pakikipag-usap para sa takdang-aralin sa "Ang Apologetics at ang Kamay" para sa Aralin 1.

(3) Isasaulo ng mga mag-aaral ang 2 Corinto 10:4-5.

(4) Talakayin ang bawat tanong na may markang ►.

(5) Itanong ang bawat Tanong sa Pagbabalik-Aral sa panahon ng leksiyon at muli sa katapusan ng klase.

## Pasimula

"Jia, may tanong ako para sa iyo!" Paglingon ni Jia, nakita niya si Lee na masayang kumakaway mula sa tinitirhan nito. Nag-isip si Jia, "Maaari ko bang masagot ang kanyang mga tanong? Maikling panahon pa lamang mula nang ako'y maging Kristiyano. Paano kung gumawa siya ng paraan upang pagdudahan ko ang aking bagong pananampalataya?" Subali't naniniwala si Jia na ang mga Kristiyano ay dapat "maging handa na magtanggol sa sinumang nagtatanong sa iyo ng dahilan ng iyong pag-asa na nasa iyo."[17] Kaya't siya'y ngumiti at sinabi, "Ano ang iyong tanong, Lee?"

"Noong isang linggo, ipinaliwanag mo sa akin ang tungkol sa pagkakaiba ng Marcos at Juan. Tinatanggap ko na naging mabuti ang iyong sagot! Hindi ko kailanman nalalaman ang pagkakaiba sa pagbilang ng oras. Subali't paano mo patutunayan na totoo ang kuwento tungkol kay Jesus? Marahil ang bagay na ito ay gawa-gawa lamang! Ako ay isang tao sa makabagong panahon. Humahanap ako ng siyentipikong katibayan bago ko paniwalaan ang anumang bagay. Patunayan mo sa siyentipikong paraan na si Jesus ay ipinako, inilibing at muling nabuhay mula sa mga patay at marahil ako'y magiging isang mananampalataya!"

Sa araling ito, pag-aaralan natin ang apat na karaniwang maling kuro-kuro patungkol sa Kristiyanismo na karaniwang pinaninindigan ng maraming tao. Maraming hindi mananampalataya at kahit ang ibang mga Kristiyano, ang nagkakasundo sa apat na pahayag na ito na ating tatalakayin. Subalit ang mga pahayag na ito ay mali at maaaring

[17] I Pedro 3:15.

makahadlang sa isang hindi mananampalataya na nagsisikap na unawain ang Ebanghelyo. Kailangan nating sagutin ang mga tanong na ito kung ang mga ito ang nakahahadlang sa kanila upang maging Kristiyano.

**Maling Kuro-kuro 1: Kailangang Patunayan ang Kristiyanismo gamit ang Siyentipikong Pamamaraan**

May mga di-mananampalataya na nagsasabi. "Matatanggap ko ang Kristiyanismo kung mapatutunayan mo sa akin ito gamit ang pamamaraang siyentipiko."

Upang maunawaan ang problema sa pahayag na ito, kailangan mong maunawaan ang kahulugan ng "siyentipikong pamamaraan". *Pinatutunayan ng siyentipikong pamamaraan ang isang bagay sa pag-uulit ng experiment na paulit-ulit sa isang kontroladong kapaligiran habang itinatala ang mga resulta*. Nangangailangan ang siyentipikong pamamaraan ng eksperimentong *paulit-ulit* na gagawin.

Maaari ba nating patunayan gamit ang siyentipikong pamamaraan na mayroon ngang gravity? Oo! Maaari nating ihulog ang isang bato nang dalawampung beses at itala na "Dalawampung beses sa dalawampung pagsubok, ang bato ay lumagpak sa lupa." Ito ang puwersa ng gravity.

Maaari ba nating patunayan gamit ang siyentipikong pamamaraan na si Jesus ay ipinako, inilibing at nabuhay muli mula sa libingan? Hindi! Ito ay isang pangyayari sa kasaysayan na hindi maaaring ulitin. Hindi natin maaaring patayin si Jesus nang dalawampung beses, ilibing siya at hintayin ang isa pang muling pagkabuhay!

Ang mga agnostic (hindi naniniwala na may dios) na ipinipilit na ang mga pangyayari sa kasaysayan ay dapat patunayan gamit ang siyentipikong pamamaraan ay nalilito sa dalawang lubusang magkaibang paraan ng pagpapatunay. Upang patunayan ang mga pangyayari sa kasaysayan, hindi natin maaaring gamitin ang siyentipikong pamamaraan dahil hindi natin maaaring ulitin ang mga pangyayari. Upang patunayan ang mga pangyayari sa kasaysayan, kailangan nating gumamit ng ***legal-historical*** na paraan ng pagpapatunay.

### Legal-Historical na Paraan ng Pagpapatunay

Ang legal-historical na paraan ng pagpapatunay ay humahanap ng mga tiyakang ebidensiya para sa isang pangyayari. Tumitingin ito sa mga:

- Nasusulat na patotoo
- Pasalitang patotoo
- Pisikal na Ebidensiya

Halimbawa, sinisikap nating alamin kung, "Nabuhay ba si Chairman Mao Tse-tung noong 1972?" Ito ay hindi isang siyentipikong tanong; ito ay isang tanong na pangkasaysayan.

Upang patunayan na nabuhay si Chairman Mao, gagamitin natin ang legal-pangkasaysayan na pamamaraan. Hahanapin natin ang:

**Nasusulat na patotoo:**

- Makatatagpo ba tayo ng mga nakasulat na dokumento mula 1972?
- Ang mga talambuhay ba na isinulat ng mga tao na nakakikilala kay Mao ay nagkukuwento mula sa taong 1972?

**Patotoong pasalita:**

- Makatatagpo ba tayo ng sinumang nagsasabi na. "Nakilala ko si Mao Tse-tung noong 1972"?
- Makatatagpo ba tayo ng mga talumpati na ginawa ni Chairman Mao noong 1972?

**Pisikal na katibayan:**

- May mga larawan ba si Chairman Mao noong 1972?

► Bago basahin ang susunod na talata talakayin ang mga klase ng legal-pangkasaysayan na katibayan na hahanapin mo para sa buhay ni Jesus ng Nazareth.

Ilagay natin si Jesus ng Nazaret sa pagsubok na ginamit natin kay Chairman Mao.

**Nakasulat na patotoo:**

- Makakikita ba tayo ng mga nasusulat na dokumento na tumutukoy kay Jesus?

  Si Josephus, isang historyador na Judio, ay tumukoy kay Jesus sa kanyang *Antiquities*, isang nakasulat na kasaysayan sa unang siglo.

- May mga talambuhay ba na isinulat ang mga taong nakakikilala sa kanya?

  Ang bawat isa sa apat na ebanghelyo ay isang talambuhay na pangkasaysayan. Ang Mateo at Juan ay isinulat ng kanyang malalapit na tagasunod. Itinala ni Marcos ang mga alaala ni Simon Pedro. Si Lucas ay isang maingat na iskolar na nag-imbestiga ng bawat isang kuwento sa kanyang ebanghelyo.[18]

**Pasalitang patotoo:**

Ang isang senturyon na Romano ay nagpatotoo, "Tunay na ang taong ito ang Anak ng Dios!"[19]

Ang mga ebanghelyo ay naglalaman ng detalyadong tala ng mga sariling salita ni Jesus. Ang ilan sa mga ito, tulad ng Sermon sa Bundok, ay mahahaba. Ang mga pasalitang patotoo ay naging nasusulat na patotoo sa mga Ebanghelyo.

---

[18] Lucas 1:1-4.
[19] Marcos 15:39.

**Pisikal na katibayan:**

> Si Tomas, ang lalaking hindi matanggap ang patotoo ng iba pang disipulo, ay humipo sa mga kamay ni Jesus, at napabulalas ng,"Aking Panginoon at aking Dios!"[20]
>
> Si Santiago, na kapatid ni Jesus, ay hindi naniwala sa mga sinabi ni Jesus sa panahon ng kanyang panlupang ministeryo. Siya ay naging isang mananampalataya nang kanyang makita ang Panginoong muling nabuhay.[21]

**Kristiyanismo: Natatangi sa Mga Relihiyon sa Daigdig**

Natatangi ang Kristiyanismo sa lahat ng relihiyon sa mundo. Napakakaunti ng katibayan para sa buhay ni Mohammad o ni Buddha. Ang mga relihiyong ito ay hindi maaaring patunayan kung totoo o hindi gamit ang legal-historical na pamamaraan. Mapatutunayang totoo ang Kristiyanismo gamit ang parehong klase ng ebidensiya na ginamit natin upang patunayan ang buhay ng kahit na sino pang ibang nilalang sa kasaysayan.

Mahalaga ba ang siyensiya para sa Kristiyanong apologetics? Oo. Ang mga siyentipikong katotohanan ay sumusuporta sa katotohanan ng Biblia. Nakatutulong ang mga siyentipikong katotohanan upang suportahan ang mga katotohanan ng Biblia. Subalit ang buhay, kamatayan at muling pagkabuhay ni Jesus ay dapat suriin gamit ang legal-pangkasaysayang pamamaraan.

Kapag ang isang di-Kristiyano ay nagsabi, "Kailangan mong patunayan ang Kristiyanismo gamit ang siyentipikong pamamaraan, " ipakita mo sa kanya na ang mga pangyayari na hindi maaaring ulitin tulad ng kapanganakan ng isang tao at kanyang kamatayan ay mapatutunayan, hindi sa pamamagitan ng siyentipikong pamamaraan kundi sa pamamagitan ng legal-pangkasaysayang pamamaraan. Ipakita ang legal-pangkasaysayang katibayan para sa buhay ni Cristo Jesus. Maaalis nito ang isa sa mga katitisurang bato sa landas patungo sa krus.

**Mga Tanong sa Pagbabalik-Aral**

(1) Ano ang mga pangunahing elemento ng siyentipikong pamamaraan?

(2) Sa halip na siyentipikong pamamaraan, ang mga pangyayaring pangkasaysayan ay mapatutunayan gamit ang anong pamamaraan?

(3) Ano ang tatlong uri ng ebidensiya na ginagamit sa legal-historical na katibayan?

---

[20] Juan 20:28.

[21] 1 Cor. 15:7.

**Maling Kuro-kuro 2: Ang Kristiyanismo ay Dapat Patunayan nang 100% na Katiyakan**

Ang ikalawang maling kuro-kuro tungkol sa apologetics ay nagsasabi na "Hindi ko matatanggap ang Kristiyanismo malibang may sapat na ebidensiya upang patunayan nang **lubusang katiyakan** na ito ay totoo."

► Bago basahin ang susunod na taludtod, paano ka tutugon sa maling kuro-kuro na ito? Makatwiran ba ang pangungusap na ito?

Sa inyong pagtalakay sa tanong na ito, may nagsabi ba ng "Hindi mo maaaring patunayan ang alinmang pangyayari sa kasaysayan nang may 100% na katiyakan?" Narito ang isang mabuting tugon. **Dahil ito'y nangyari sa nakalipas** at wala tayo doon noon, hindi natin mapatutunayan ang anuman nang may 100% na katiyakan.

Isipin ang ilang halimbawa sa kasaysayan:

- Noong 49 B.C., si Julius Caesar ay tumawid sa Rubicon nang siya'y papunta sa Roma. Mayroon ba tayong paraan upang patunayan ito ng 100% katiyakan? Wala; hindi natin mababalikan ang araw na iyon sa kasaysayan upang obserbahan si Caesar. Subalit walang sinumang historyador ang magpapabulaan sa pangyayaring ito sa kasaysayan. Naniniwala ang mga historyador na tumawid si Caesar sa Rubicon dahil may sapat na ebidensiya na legal at pangkasaysayan bilang suporta sa pangyayaring ito.
- Noong 1789, naging presidente ng Estados Unidos si George Washington. Mayroon ba tayong paraan upang patunayan ito ng 100% katiyakan? Wala, hindi natin mababalikan ang araw na iyon sa kasaysayan upang saksihan ang inagurasyon ni Washington. Subali't walang historyador na nagpapabulaan sa pangyayaring ito sa kasaysayan.
- Noong 1917, iniwan ni Nicholas II ang trono bilang Czar ng Rusya. Mayroon bang paraan upang patunayan ito ng 100% katiyakan? Wala. Hindi natin maaaring balikan ang araw na iyon sa kasaysayan upang saksihan ang pagsasauli ng korona/abdication ni Czar Nicolas II. Subali't walang historyador na nagpapabulaan sa pangyayaring ito sa kasaysayan.

Hindi natin mapatutunayan ang mga pangyayari sa kasaysayan nang may 100% katiyakan. Sa halip, nag-iipon tayo ng mga tala hanggang mayroon tayong sapat na katunayan upang makagawa ng isang pasya tungkol sa kung ano ang nangyari. Kahit sa korte, ang prosecutor ay hindi nangangailangang magbigay ng absolute proof. Ang jury ay kailangan lamang makumbinse *lagpas sa makat'wirang pag-aalinlangan* na ang isang krimen ay totoo ngang naganap.

Ganito tayo nabubuhay sa araw-araw. Nagpapasya tayo ayon sa sapat na ebidensiya, hindi sa lubusang katibayan.

> "Walang sapat na ebidensiya para sa pananampalatayang Kristiyano upang kumbinsihin ang sinuman na hindi naman lumalaban dito.
>
> Subali't walang sapat na ebidensiyia upang akayin ang sinuman sa kaharian ng Dios na hindi patungo doon."
>
> - Blaise Pascal,

Bilang Kristiyanong apologists, hindi natin kailangang "patunayan ang Kristiyanismo nang may 100%." Sa halip, kailangan nating ipakita na mayroong sapat na ebidensiya upang paniwalaan ang katotohanan ng pananampalatayang Kristiyano. Ang ebidensiyang pangkasaysayan para sa Kristiyanismo ay hindi lubos, subalit ito ay sapat.

► Talakayin: Kung hindi natin mapatutunayan nang may 100% katiyakan na totoo ang Kristiyanismo, ibig sabihin ba nito na hindi natin kailanman malalaman nang may katiyakan na ito ay totoo?

Sa palagay mo, ang ibig sabihin ba nito ay hindi natin maaaring malaman kailanman na totoo ang Kristiyanismo! May pagkakaiba ang *malaman* nang lubusan ang isang bagay at *patunayan* nang lubusan ang isang bagay.

Bibigyan kita ng isang simpleng halimbawa. Ngayon ay Setyembre 15, 2016. Lubos kong nalalaman kung ano ang aking almusal sa araw na ito. Kumain ako ng strawberries at isang bowl ng cereal at uminom ako ng isang tasang kape. Alam ko ito, subali't hindi ko ito mapatutunayan sa iyo. Wala ka roon; hindi ako kumuha ng larawan para sa ebidensiya. Alam ko iyon; hindi ko iyon mapatutunayan.

Maaari mong malaman nang lubos na katiyakan na totoo ang Kristiyanismo. Kapag pinag-aralan mo ang ebidensiya para sa katotohanan ng Kristiyanismo at humakbang nang may pananampalataya na kinakailangan upang tanggapin si Cristo, ang Banal na Espiritu ang magpapatotoo sa iyong puso na ang iyong pinaniniwalaan ay lubusang totoo. Mamumuhay ka at kikilos na tila ba mayroon kang lubusang katibayan dahil mayroon kang sapat na dahilan upang panindigan iyon ng 100%. Ito ay tinatawag na moral na katiyakan (moral certainty). Malalaman mo nang may katiyakan na totoo ang pananampalatayang Kristiyano kahit na hindi mo kayang **patunayan** ito nang 100% na katibayan.

### Maling Kuro-kuro 3: Lahat ng Katotohanan ay Ayon sa Iyong Paniniwala

Sa kasalukuyan, karaniwan nang sinasabi, "Ang lahat ng katotohanan ay ayon sa iyong paniniwala." Sa ibang salita, kapag pinaniwalaan mo ang isang bagay, ito ay totoo para sa iyo—kahit na hindi ito totoo sa iba.

Isipin mo na may isang baso ng lason sa ibabaw ng mesa sa kwartong ito. Halimbawa, pumasok ka sa kwartong ito nang uhaw na uhaw. Uminom ka, dahil naniniwala ka na ang

baso ay naglalaman ng tubig. Kahit na lubos kang naniniwala na ang baso ay puno ng tubig, magkakasakit ka. Hindi nagiging totoo ang isang bagay kahit naniniwala ka dito.

Ang katotohanan ay katotohanan kahit ano pa man ang ating paniniwala. Ang paniniwala na ang lason ay tubig ay hindi bumabago sa katotohanan. Ang katotohanan ay hindi ayon sa ating paniniwala.

Ang pangungusap na "lahat ng katotohanan ay ayon sa ating paniniwala" ay **kumukontra sa kanyang sarili**. Ganap ang pangungusap na ito, subali't sinasabi nito na walang anumang ganap na pangungusap. Kung ang lahat ng katotohanan ay ayon sa ating paniniwala, ang pangungusap na "ang lahat ng katotohanan ay ayon sa ating paniniwala" ay hindi totoo! Isipin ninyo ang pag-uusap na ito sa pagitan ng isang Kristiyano (si Tomas) at ng isang agnostic (si Aldous).

> Aldous: "Maaaring totoo ang ebanghelyo para sa iyo; hindi ito totoo para sa akin"
>
> Tomas: "Ibig sabihin ang lahat ng katotohanan ay ayon sa iyong paniniwala?"
>
> Aldous: "Oo! Tama iyan."
>
> Tomas: "Sinasabi mo na *walang anumang bagay* na ganap. Walang anumang totoo sa lahat ng sitwasyon?"
>
> Aldous: "Tama yan! Maaaring totoo sa iyo ang Kristiyanismo, subali't hindi ito totoo para sa akin."
>
> Tomas: "Interesante yan! Sinasabi mo sa akin *walang pasubali* na walang anumang ganap. Kung tama ka, samakatuwid, mali ka!

Nauunawaan mo ba? Ito ay kumukontra sa kanyang sarili. Hindi maaaring tama sa lahat ng pagkakataon na 'walang anumang totoo sa lahat ng pagkakataon'. Ang pangungusap na "Walang anumang mga ganap" ay inihahayag bilang isang ganap na pahayag. Hindi ito maaaring maging totoo.

**Mga Tanong sa Pagbabalik-Aral**

(4) Bakit natin sinasabi na, "Hindi mo maaaring patunayan ang alinmang pangyayari sa kasaysayan nang may 100% katiyakan"?

(5) Hindi mo mapatutunayan ang isang bagay nang ganap na katiyakan, subali't mayroon kang sapat na katibayan upang magkaroon ka ng pinaniniwalaan sa iyong kalooban na ito nga ay totoo (at payag kang mamuhay ayon sa paniniwalang iyon), mayroon kang ___________ ______________.

(6) Ang kaisipan na ang lahat ng katotohanan ay ayon sa iyong paniniwala ay ___________ ______________. Hindi ito maaaring maging totoo.

## Maling Kuro-kuro 4: Ang Sinseridad ay Mas Mahalaga Kaysa sa Katotohanan

Ang maling kuro-kurong ito ay kaugnay ng maling kuro-kuro 3. Sinasabi nito na "Hindi mahalaga kung ano ang iyong pinaniniwalaan basta sinsero ka sa iyong paniniwala. Hindi talaga mahalaga kung sino o ano ang iyong sinasampalatayanan. Ang mahalaga ay mayroon kang pinaniniwalaan."

► Paano ka tutugon sa maling kuro-kurong ito?

Ang mga taong naniniwala sa maling kuro-kuro 3 ("Ang lahat ng katotohanan ay ayon sa iyong paniniwala") ay karaniwang naniniwala rin sa maling paniniwala 4. Gayunman, nakita na natin na ang paniniwala na ang lason ay tubig ay hindi dahilan upang maging totoo iyon. Ang paniniwala sa isang bagay ay hindi nagpapaging totoo dito. Ito ay tunay na mahalaga lalo na patungkol sa ating kaligtasan. Ang paniniwala lamang na ako ay ligtas ay hindi sapat. Hindi mahalaga kung gaano man ako kasinsero. Ang mahalaga ay kung sino/*ano* ang aking pinaniniwalaan. Kung ano ang ating pinaniniwalaan ay tinatawag na *bagay (object) ng ating pananampalataya.*

Ang bagay (object) ng ating pananampalataya ay mahalaga. Muli, ilarawan natin ito gamit ang isang halimbawa sa tunay na buhay. Isipin mo ang dalawang taong nakatayo sa gilid ng bangin. Sinasabi ni Tomas, "Kailangan kong makakita ng isang matibay na tulay na maaari kong pagtiwalaan na makapagtatawid sa akin dito sa bangin." Sinasabi ni Aldous, "Hindi mahalaga kung ang tulay ay matibay, basta sinsero ang aking paniniwala na matibay ito." Sino sa dalawa ang ligtas na makatatawid sa bangin?

Iisa lamang ang taong makapagliligtas sa atin—si Cristo Jesus. Dapat nating ilagak ang ating pananampalataya sa Kanya. Wala tayong mabuting mapapala kung ilalagak natin ang ating pananampalataya sa isang tao o isang bagay na hindi naman makapagliligtas sa atin, kahit gaano pa tayo kasinsero.

Ni hindi nga tayo naililigtas ng ating pananampalataya; tayo ay inililigtas ni Cristo kapag inilagak natin ang ating pananampalataya sa kanya. Naliligtas tayo sa pamamagitan ng biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo.[22] Tanging si Cristo lamang ang nakapagliligtas.

Ni hindi nga ang *lakas* ng ating pananampalataya ang nagliligtas sa atin; kundi ang *bagay (object)* ng ating pananampalataya. Isipin ninyo ang dalawang tao. Si Abdul ay isang Muslim na may malakas na pananampalataya sa mga katuruan ni Mohammad; si Nabeel ay isang Kristiyano na mahina pa sa kanyang pananampalataya. Tunay ang pananampalataya ni Nabeel, kahit mahina pa.

► Sino ang ligtas: Si Abdul na may malakas na pananampalataya kay Mohammad o si Nabeel na may mahina (ngunit tunay) na pananampalataya kay Cristo?

---

[22] Basahin ang Efeso 2:8-9.

Ang Kristiyano ang tanging nag-iisang ligtas, kahit na mas mahina ang kanyang pananampalataya. Bakit? Dahil inilagak niya ang kanyang pananampalataya sa tamang tao.

Maraming tao ang nagsasabi na ang isang tao sa alinmang relihiyon ay maliligtas basta siya ay sinsero. Basta naniniwala sila na ang daang kanilang dinadaanan ay tama, magiging O.K. sila. Tingnan natin kung tama ito.

Ang paniniwala na ang isang partikular na daan ay magdadala sa akin sa isang tiyak na lugar ay hindi nangangahulugan na makakarating nga ako doon. Dapat ay nasa tamang daan ako. Gayundin, ang paniniwala na ako ay nasa daang patungo sa langit ay hindi nangangahulugan na makararating nga ako doon sa daang ito. Kailangan kong matiyak na ako ay nasa tamang daan. Ang sumulat ng Kawikaan ay nagbabala, "May daan na tila tama sa isang tao, subali't ito ang daan tungo sa kamatayan." [23] Sinabi ni Jesus, "Ako ang daan…walang makararating sa Ama kung hindi sa pamamagitan ko" (Juan 14:6). Alinmang daan na hindi sa pamamagitan ni Jesus ay hindi maghahatid sa atin sa Langit.

**Mga Tanong sa Pagbabalik-Aral**

(7) Hindi sapat na maniwala lamang. Dapat nating ilagak ang ating pananampalataya sa wastong _______________.

(8) Ilista ang apat na maling paniniwala tungkol sa apologetics na pinag-aralan sa araling ito. Magbigay ng maikling tugon sa bawat maling paniniwala.

## Pagsasabuhay ng Apologetics - Ang Pagbabalik-loob ni Josh McDowell

Bilang isang kabataang lumalaki sa Michigan, hinanap ni Josh McDowell (1939- ) ang sagot sa tatlong malalaking katanungan: *Sino ako? Bakit ako naririto? Saan ako patungo?*[24]

Hinanap ni Josh ang sagot sa mga tanong na ito sa sambahan, subali't hindi niya natagpuan ang mga sagot sa sambahan na dinaluhan niya. Hinanap ni Josh ang sagot sa edukasyon, subalit natuklasan niya na ang kanyang guro at kapwa mag-aaral ay walang kasagutan sa malalaking tanong na ito. Inakala niya na ang sagot sa kanyang mga tanong ay matatagpuan sa mga pagtitipon, subali't nakita niya na ang katuwaan sa mga parti ay dagling nagwawakas—at siya'y nanatiling naguguluhan sa kanyang layunin sa buhay at sa kanyang kahahantungan.

---

[23] Kawikaan 14:12.

[24] Sinipi sa patotoo ni Josh McDowell sa: https://www.cru.org/how-to-know-god/my-story-a-life-changed/my-story-josh-mcdowell.html Josh McDowell's photo, retrieved from https://www.wesleyan.org/okwu-to-launch-josh-mcdowell-institute-1109

Inisip ng mga nakapaligid kay McDowell na siya'y masaya, subali't sa kanyang kalooban, nandoon ang kahungkagan. Sa panahong ito, nakakita siya ng isang grupo ng mga mag-aaral at guro na masasaya at tila nagtataglay ng kapayapaan ng kalooban.

Isang araw, naupo si Josh upang makipag-usap sa mga mag-aaral na ito. Binanggit nila ang kanilang pananampalataya sa Dios. Nilait sila ni McDowell at sinabing, "Ang Kristiyanismo ay para sa mga taong mahihina, hindi para sa matatalino at mataas ang pinag-aralan." Gayunman, siya ay na-impress ng mga taong ito kaya't tinanong niya ang isa sa mga mag-aaral, "Bakit kayo tunay na naiiba sa iba pang mga mag-aaral at guro sa paaralang ito? Ano ang bumago sa inyong buhay?" Nakagulat kay McDowell ang sagot nito sa kanya; sinabi niya, "Si Cristo Jesus".

Nang mangatwiran si Josh McDowell na hindi siya maaaring maniwala kay Jesus, hinamon siya ng kanyang kaibigan na pag-aralang mabuti ang mga inaangkin ni Cristo Jesus: na siya ang Anak ng Dios; na siya'y nabuhay bilang isang tao sa mundo; na siya'y namatay sa krus para sa kasalanan ng sanlibutan; na siya'y inilibing at muling nabuhay pagkalipas ng tatlong araw; at na siya'y nabubuhay pa at may kakayahang baguhin ang buhay ng tao sa kasalukuyan.

Tinanggap ni McDowell ang hamong ito upang patunayan na ang kuwento ng Kristiyano ay hindi totoo. Bilang isang mag-aaral ng pre-law, alam ni Josh kung paano magsisiyasat ng mga ebidensiya. Nagsimula siya sa pag-aaral ng Biblia. Nais niyang humanap ng ebidensiya na ang Biblia ay hindi mapagkakatiwalaan.

Sa loob ng mga buwan, pinag-aralan ni Josh ang katibayan para sa Biblia. Ang kanyang natuklasan ang bumago sa kanyang buhay. Natuklasan niya na ang Luma at Bagong Tipan ang ilan sa pinakamapagkakatiwalaang mga dokumento sa sinaunang panahon. Ito ang nag-udyok sa kanya sa mas mahirap pang katanungan, "Si Jesus ba ay higit pa sa pagiging karpintero lamang? Tunay nga bang siya ang Anak ng Dios?" Dumating si McDowell sa konklusyon na tunay ngang si Jesus ang Anak ng Dios.

Sa oras na matagpuan ng ating mga isip ang katotohanan ng ebanghelyo, magiging handa na tayo upang harapin ang katanungan ng ating puso. Matapos kilalanin ang katotohanan ng Biblia, hindi pa rin bukas ang loob ni McDowell upang tanggapin si Cristo bilang kanyang Panginoon. Mayroong dalawang dahilan sa kanyang pag-aatubili: kasiyahan at pagmamataas.

Alam ni McDowell na kapag siya'y naging Kristiyano masisira ang kanyang mabuting buhay at kakailanganin niyang isuko ang pagkontrol sa kanyang buhay. Sinabi ni McDowell, "Ako ay isang lumalakad na lugar-ng-digmaan. Sinasabi ng aking isip na ang Kristiyanismo ay totoo, subali't ang aking kalooban ay ubos-lakas na tumututol dito."

Nakipaglaban din siya sa kanyang pagmamataas. Kung ang ebanghelyo ay totoo, ang lahat ng kanyang naunang mga paniniwala ay mali. Hinarap ni McDowell ang parehong

mga pakikibaka na hinarap ni C.S. Lewis. Gayunman, makalipas ang mga buwan ng pakikibaka, naging isang Kristiyano si Josh McDowell.

Simula sa oras na iyon, nagbago na ang buhay ni McDowell. Sinira ng apologetics ang mga hadlang pangkaisipan tungo sa pananampalataya. Pagkatapos, dinala siya ng Banal na Espiritu sa pagkakataon upang sumampalataya. Bilang mga Kristiyano magagamit natin ang apologetics upang dalhin ang mga di-mananampalataya sa sitwasyon kung saan sila'y bukas sa pakikinig sa salita ng Dios.

## Konklusyon

Magalang na pinakinggan ni Jia ang tanong ni Lee, "Mapatutunayan mo ba ang kamatayan at muling pagkabuhay ni Jesus sa pamamagitan ng paraang siyentipiko?"[25] Naalala niya na "ang mga sandata ng ating pakikipaglaban ay hindi sa laman subalit may maka-Dios na kapangyarihan upang wasakin ang mga tanggulan. Mabilis siyang nanalangin sa Dios na bigyan siya ng kakayahang makipag-usap nang may kapangyarihang nagmumula sa Dios.

Tumugon si Jia, "Lee, tatanungin kita. Alam na alam mo ang kasaysayan ng Tsina. Kapag nasagot mo ang aking tanong, handa akong sagutin ang iyong katanungan. Okay ba iyon?" Natitiyak ni Lee na masasagot niya ang katanungan ni Jia; kaya't may pagtitiwala siyang sumagot, "Oo, siyempre!."

Sinabi ni Jia, "Mayroon akong mga alinlangan tungkol kay Sun Yat-sen. Sinasabi sa atin ng ating mga aklat kasaysayan na siya ang nagtatag ng Republika ng Tsina. Tinawag pa nga siyang 'Ama ng Bayan'. Subali't maaari mo bang patunayan ayon sa siyensiya at may 100% na katiyakan na nabuhay nga si Sun Yat-sen?"

Tumawa si Lee. "Kalokohang tanong! Siyempre, nabuhay si Sun Yat-sen! Madaling patunayan yan. Kukuha ako ng diyaryo noong 1925. Ipapakita nito kung kailan namatay si Presidente Sun."

Nakangiti siyang pinigil ni Jia, "Hindi, hindi! Alalahanin mo na humihingi ka ng patibay ayon sa siyensiya. Ibig sabihin noon kailangan mong 'ulit-ulitin ang isang pangyayari nang maraming ulit habang itinatala ang mga resulta'. Hihintayin kita rito habang ginagawa mong muling isilang si Sun Yat-sen!"

"Hindi patas yan," sambit ni Lee. "Imposible na muling ulitin ang buhay ni Sun Yat-sen, subali't alam natin na siya ay nabuhay! Mayroon tayong mga nasulat na patotoo mula sa mga manunulat sa panahong siya ay nabuhay; mayroon tayong mga talumpati na isinulat ng mga taong nakarinig na siya ay nagsalita; mayroon din tayong mga larawan ni Presidente Sun. Hindi mo maaaring isa-isangtabi ang mga patunay na ito na legal-kasaysayan, hindi ba?

---

[25] 2 Cor. 10:4.

“Tama ka,” sabi ni Jia. “Naniniwala ako na nabuhay si Sun Yat-sen. Hindi ko iyon mapatutunayan ayon sa siyensiya nang 100% katiyakan, subalit mayroong sapat na ebidensiya para sa kanyang buhay. Iyan din ang parehong dahilan na naniniwala akong nabuhay, namatay at muling binuhay mula sa patay. Ang ebanghelyo ay isinulat ng mga taong kilalang kilala siya; isinulat ni Mateo ang mga sermon ni Jesus; ang ilan sa mga nag-alinlangan sa kanya ay naging mga mananampalataya nang makita nila ang pisikal na ebidensiya sa kanyang muling pagkabuhay.

“Dumating ang ebanghelyo sa Tsina sa pamamagitan ng India. Dinala ito sa India ng isang apostol na ang pangalan ay Tomas. Lee, naaalala ko sa iyo si Tomas. Tinawag nila siyang ‘Si Tomas na Mapag-alinlangan’ dahil sinabi niyang, ‘Malibang makita ko sa kanyang mga kamay ang marka ng mga pako…, hindi ako kailanman maniniwala.’’[26] Lee, 200 taon na ang nakalilipas, si Tomas ay may parehong mga pag-aalinlangan tulad mo. Subali’t ibinukas niya ang kanyang isipan sa mga ebidensiya—at ang kanyang buhay ay nagbago magpasawalanghanggan. Maaari ring mangyari iyon sa iyo. Ang katibayan ay nakatala sa mga ebanghelyo. Basahin mo ang mga iyon, hayaan mong mangusap ang Dios, at makatatagpo ka ng mabuting dahilan upang maniwala.”

## Mga Takdang-Aralin ng Aralin

(1) Ang Apologetics at ang Ulo: Sisimulan mo ang susunod na klase sa isang pagsusulit batay sa mga tanong sa pagbabalik-aral mula sa Aralin 2. Pag-aralang mabuti ang mga tanong na ito bilang paghahanda sa pagsusulit.

(2) Ang Apologetics at ang Puso: Ipanalangin ang di-mananampalataya na nakausap mo noong nakaraang linggo. Ipanalangin na buksan ng Dios ang kanyang mga mata sa katotohanan. Ipanalangin sa Dios na ibigay sa iyo ang mga sagot habang kinakausap mo sila sa hinaharap. Pasalamatan ang Dios sa pagkakataon na maging isang patotoo sa taong ito.

(3) Ang Apologetics at ang Kamay: Kumausap ng isang tao na naniniwala sa kahit isa man lang sa apat na maling paniniwala sa leksiyong ito. Upang malaman kung ang isang tao ay naniniwala sa mga maling paniniwalang ito, magtanong ng tulad nito:

- “Paano patutunayan ang Kristiyanismo kung ito ay maaaring patunayan?”
- “Gaano karaming katibayan ang kailangan upang maniwala ka sa Kristiyanismo?”
- “Ang katotohanan ba ay depende sa iyong paniniwala?”
- “Gaano kahalaga na ang pinaniniwalaan mo ay ang tamang bagay o tao?”

Itanong sa di-mananampalataya ang kanyang mga dahilan kung bakit pinaniniwalaan ang kanyang pinaniniwalaan. Tanungin siya kung papayagan kang ibahagi sa kanya ang iyong natutuhan mula sa leksiyong ito. Kung papayag siya ibahagi ang ilustrasyon at mga halimbawa mula sa leksiyong ito. Huwag makipagtalo, kundi magbigay ng mga simple at

[26] Juan 20:25.

malinaw na sagot sa mga maling paniniwala ng di-mananampalataya. Sumulat ng mga notes tungkol sa inyong pag-uusap upang ibahagi sa iyong susunod na pagkikita sa klase.

## Mga Tanong sa Pagsusulit sa Aralin 2

(1) Ano ang mga pangunahing elemento ng siyentipikong pamamaraan?

(2) Sa halip na sa siyentipikong pamamaraan, ang mga pangyayari sa kasaysayan ay dapat patunayan sa pamamagitan ng anong paraan?

(3) Ano ang tatlong klase ng ebidensiya na ginagamit sa legal-pangkasaysayang patunay?

(4) Bakit natin sinasabi na "Hindi mo maaaring patunayan ang alinmang pangyayari sa kasaysayan nang 100% katiyakan"?

(5) Kung hindi mo maaaring **patunayan** ang anuman nang lubos na katiyakan, subali't mayroon kang sapat na patunay upang magkaroon ng paniniwala sa kalooban na ito ay totoo (at ikaw ay handang mamuhay ayon sa paniniwala na iyon ), mayroon kang______________________________.

(6) Ang ideya na ang lahat ng katotohanan ay ayon sa iyong paniniwala ay ___________________. Hindi ito maaaring maging totoo.

(7) Hindi sapat na maniwala lamang. Kailangan nating ilagak ang ating pananampalataya sa tamang ______________________.

(8) Ilista ang apat na maling paniniwala tungkol sa apologetics na napag-aralan sa leksiyong ito. Magbigay ng maikling tugon sa bawat maling paniniwala.

(9) Isulat ang 2 Corinto 10:4-5 mula sa memorya.

# Aralin 3
# Mayroon Bang Dios?

## Mga Tagubilin

(1) Magbigay ng pagsusulit gamit ang Mga Tanong sa Pagbabalik-Aral mula sa Aralin 2.

(2) Hilingin sa bawat mag-aaral na magbigay ng maikling buod ng kanilang pakikipag-usap para sa takdang-aralin sa "Apologetics at ang mga Kamay" mula sa Aralin 2.

(3) Isasaulo ng mga mag-aaral ang Romans 1:19-20.

(4) Talakayin ang bawat tanong na may markang ►.

(5) Itanong ang bawat Tanong sa Pagbabalik-aral sa panahon ng leksiyon at muli sa katapusan ng klase.

## Pasimula

Hindi nakita ni Jia ang kanyang kaibigang si Lee sa loob ng dalawang linggo. Nang ipagtanong niya sa isang kapitbahay, nalaman niya na namatay ang ina ni Lee pagkatapos ng matagal na pagkakasakit. Umuwi si Lee sa Taoyuan upang makasama ang kanyang pamilya.

Nang muling makita ni Jia si Lee pagkalipas ng ilang linggo, ipinahayag niya dito ang kanyang kalungkutan sa pagkamatay ng ina nito. Nagpasalamat si Lee sa kanyang kabutihan subali't galit ito nang magsalita, "Ito ang dahilan kaya hindi ako makapaniwala sa Dios ng mga Kristiyano. Kung mayroong Dios, bakit niya pinahintulutang labis na magdusa ang aking ina? Sinasabi mong ang iyong Dios ay tunay na makapangyarihan at tunay na mapagmahal. Kung tunay niyang minahal ang aking ina at tunay na may kapangyarihan upang tapusin ang kanyang pagdurusa, bakit niya pinahintulutan na labis siyang magdusa? Marahil mayroong Dios, subali't wala siyang kapangyarihan upang tulungan tayo. O marahil mayroong Dios, subali't hindi siya tunay na nagmamalasakit tungkol sa ating mga pagdurusa. O maaaring wala ngang Dios. Naniniwala akong tayo'y nag-iisa sa sanlibutang ito."

► Paano mo sasagutin si Lee?

## Maaari bang Malaman Ninuman na Walang Dios?

Maaari bang malaman nang lubusan ninuman na walang Dios? Isipin mo na ang lahat ng kaalaman sa sanlibutan ay isang malaking bilog. Isipin mo ngayon ang iyong kaalaman bilang isang bilog sa loob ng kabuuang kaalaman sa sanlibutan.

Malibang ang bilog ng iyong kaalaman ay maging kasinlaki ng bilog ng lahat ng kaalaman sa sanlibutan, hindi mo alam ang lahat ng bagay! Kapag hindi kabilang ang pag-iral ng Dios sa iyong kaalaman sa kasalukuyan, maaaring ang Dios ay imiiral sa mas malawak na bilog ng kaalaman at hindi sa iyong bilog. Kailangan mong taglayin ang lahat ng kaalaman sa sanlibutan upang patunayan na hindi umiiral ang Dios. Maraming hindi mananampalataya ang umaamin dito, at sumasang-ayon na maaari ngang mayroong Dios, subali't hindi pa nila siya natutuklasan.




Kung maaaring umiral ang Dios, ang isang matapat na tao ay dapat pumayag na siyasatin ang ebidensiya para sa pag-iral ng Dios. Siniyasat nina C.S. Lewis at Josh McDowell ang ebidensiyang ito at naniwala na umiiral nga ang Dios (Mayroon ngang Dios) at ipinahayag niya ang kanyang sarili sa pamamagitan ng Biblia.

Ang leksiyong ito ay sisiyasat sa ebidensiya na mayroon ngang Dios. Matutuklasan natin na maraming dahilan  upang maniwala tayo na mayroon ngang Dios.

## Ebidensiya na Mayroon ngang Dios: Ang Pangangatwirang Kosmolohikal

Ang salitang *cosmological* ay nagmula sa cosmos, na ibig sabihin ay "mundo". Ang **Pangangatwirang Kosmolohikal** ay nangangailangan ng sapat na paliwanag para sa pag-iral ng mundo.  Ang pangangatwirang ito ay nagtatanong, "Bakit umiiral ang mundo?" Ang konklusyon nito, "Ang mundo ay umiiral dahil ito ay nilikha ng Dios – isang personal, walang hanggan, Isa na sariling-umiiral."

Ang Pangangatwirang Kosmolohikal ay nagsisimula sa ideya na ang lahat ng bagay ay dapat may sapat na paliwanag. Halimbawa, tinanong mo ako, "Saan nagmula ang silyang inuupuan mo?" Halimbawa sumagot ako, "Basta lang lumitaw ang silya; walang lumikha sa silya; walang sinumang nagdala ng silya sa kuwartong ito; basta lamang lumitaw ang silya."  Alam mo na ito ay mali. Ang lahat ng bagay ay dapat may sapat na paliwanag, kabilang dito ang sanlibutan sa kanyang kabuuan.

Ang Pangangatwirang Kosmolohikal ay may tatlong pahayag at isang konklusyon:[27]

*Pahayag 1*: Ang sanlibutan ay hindi maaaring magmula sa wala.

*Pahayag 2*: Ang sanlibutan ay hindi maaaring basta na lang umiral bilang kung ano ito.

[27] Ang pangangatwiran mula sa mga pahayag  hanggang sa konklusyon ay isang  matagal  nang  nakatatag na anyo ng lohika. Ang pahayag ay isang simpleng pangungusap.  Sa isang valid na logical argument, kung ang lahat ng pahayag ay totoo, ang konklusyon ay dapat totoo.

*Pahayag 3*: Ang sanlibutan ay hindi maaaring magmula sa impersonal matter o enerhiya.

*Konklusyon*: Samakatuwd, ang sanlibutan ay dapat nilikha ng isang personal, walang hanggan, at Isa na sariling-umiral.

Talakayin natin ang mga posibleng paliwanag para sa sanlibutan.

**(1) May mga taong nagsasabi na ang sanlibutan ay nagmula sa wala.**

Paanong ang wala ay makalilikha ng ibang bagay? Ang wala ay dapat maging isang bagay upang makalikha ng iba pang bagay. Kapag sinabi nating ang sanlibutan ang lumikha sa kanyang sarili, kailangan nating sabihin na ang sanlibutan ay umiiral na bago pa ito umiral. Ang sanlibutan ay kailangang kapwa narito na at wala pa rito nang sabay sa parehong panahon. Ito ay sumasalungat sa kanyang sarili. Ang isang bagay ay hindi maaaring umiral at hindi umiral sa parehong pagkakataon.

**(2) May mga nagsasabi na ang sanlibutan ay umiiral na mula pa sa simula.**

Ang dalawang **Batas ng Termodinamiks** ay nagpapakita na imposible na ang sanlibutan ay umiral na mula pa sa simula.

Ang **Unang Batas ng Termodinamiks** ay nagpapahayag na ang bagay/enerhiya ay hindi maaaring likhain o sirain. Ang **Ikalawang Batas ng Termodinamiks** at nagpapahayag na ang enerhiyang magagamit sa sanlibutan ay unti-unting nagiging enerhiyang hindi magagamit. Kapag pinagsama mo ang dalawang batas, ipinapakita nito na ang sanlibutan ay nagsimula na may nakatakdang dami ng enerhiyang magagamit na unti-unting nauubos.

Ano ang kahalagahan nito? Ang sanlibutan ay unti-unting namamatay. Kung ito ay umiral na mula pa sa simula tulad nito (kabilang ang natural na mga batas ng sanlibutan), ang enerhiya sa mundo ay dapat ubos na ngayon, ang lahat ng bagay ay dapat pare-pareho ang temperatura, at lahat tayo ay dapat patay na.

**(3) May mga nagsasabi na ang sanlibutan ay nagmula sa bagay o enerhiya.**

Kung ang sanlibutan ay nagmula sa isang impersonal na lakas, ang tanging mga kadahilanan na umiiral ay ang impersonal, at oras at pagkakataon. Imposible para sa isang bagay na walang personalidad na makalikha ng personalidad. Kung ang isang impersonal ay hindi makalilikha ng personalidad, ang sanlibutan ay dapat nilikha ng isang personal at walang hanggang Persona.

**(4) Kung walang ibang paliwanag ang sapat, ang sanlibutan ay dapat nilikha ng isang personal, walang hanggan, at Isa na sariling-umiral.**

Dahil ang ibang pagpipilian ay hindi valid, ang tanging makatwirang paliwanag para sa sanlibutan ay ang pagkakaroon ng isang Manlilikha na umiiral-sa-kanyang-sarili.

Ang isa pang anyo ng kosmolohikal na pangangatwiran ay may dalawang pahayag at isang konklusyon:

*Pahayag 1*: Anumang nagsisimulang umiral ay may dahilan.

*Pahayag 2*: Nagsimulang umiral ang sanlibutan.

*Konklusyon*: May dahilan ang sanlibutan.

**Personalidad at ang Pag-iral ng Dios**

"Wala pang sinumang nakapagpakita kung paanong ang panahon at pagkakataon ay makagagawa ng complexity sa sanlibutan, lalo na ang personalidad ng tao."

- Sinipi mula kay Francis Schaeffer, *Naroon Siya at Hindi Siya Tahimik*

Ang Pahayag 1 ay suportado ng katotohanan na ang alinmang bagay ay hindi maaaring magmula sa wala. Ito ay paulit-ulit na pinatunayan ng siyensiya. Ang ating pangkaraniwang karanasan ay nagpapatotoo rito.

Ang Pahayag 2 ay suportado ng expansion ng sanlibutan at ng ikalawang batas ng termodinamiks.  Karamihan sa mga siyentipiko ay sumasang-ayon na ang sanlibutan ay may pinagmulan.

Kung totoo ang Pahayag 1 at Pahayag 2, sa gayun ang Konklusyon ay totoo:  Ang sanlibutan ay may dahilan.  Ano ang anyo ng Dahilang ito? Dapat ito ay walang dahilan (imposible ang infinite regress ng mga dahilan), hindi pisikal, at hindi malirip ang lawak ng kapangyarihan. Ang Dahilan ay dapat napakataas ng katalinuhan upang makalikha ng ganoon kadetalyadong disenyo at kaayusan sa sanlibutan. Maaari rin nating ikatwiran na ang Dahilan ay isang persona.[28]  Ang Dahilan ay dapat isang persona dahil ang mga personal na nilalang na tulad natin—may kapangyarihan, katalinuhan at kalooban –ay hindi maaaring magmula sa isang bagay na hindi nagtataglay ng ganito ring mga katangian.  Ang personal, lubos ang kapangyarihang nilalang na ito ay ang Dios!

Ito ang Kosmolohikal na Pangangatwiran para sa pag-iral ng Dios.  Narito ang ilang tanong na dapat itanong kapag nakikipag-usap sa isang tao tungkol sa unang dahilan:

"Sumasang-ayon ka ba sa karamihan sa mga siyentipiko na nagsasabing ang sanlibutan ay may simula?"

Kapag sumagot sila ng oo, itanong:

"Naniniwala ka ba na ang isang bagay (tulad ng sanlibutan) ay maaaring magmula sa wala?"

---

[28] Maaari nating ikatwiran na ang personal na Dahilan ang tanging paraan upang ipaliwanag  kung paanong ang isang dahilan na hindi saklaw ng panahon ay maaaring makalikha ng isang temporal na epekto (simula ng sanlibutan).  Kung walang kalooban, walang permanenteng dahilan na walang permanenteng epekto.  Ang isang personal na nilalang na may kalayaan ang kalooban ay maaaring makalikha ng isang bagay na spontaneous at bago, tulad ng paglikha ng sanlibutan.
Para sa may detalyadong paliwanag para sa pangangatwirang ito, basahin ang sinulat ni William Lane Craig tungkol sa pangangatwirang cosmological para sa pag-iral ng Dios. Mabuti ang pahayag niya sa kanyang aklat na *On Guard*.

Kapag sumagot sila ng hindi, itanong:

> "Ibig sabihin kung ang isang bagay ay umiiral, sagayun may isang bagay na umiiral na noon pa man, tama?"
>
> "Maaari kayang ang bagay na iyon na umiiral na noon pa man ay dapat nagtataglay ng kapangyarihan, katalinuhan, at kalooban upang likhain ang lahat ng bagay sa sanlibutan?"
>
> "Sa palagay mo, kung ang walang-hanggan, lubos ang kapangyarihang Personang ito na nag-ukol ng ng lahat ng panahon upang ilagay tayo dito, hindi kaya niya ipapaalam sa atin kung bakit Niya ginawa iyon?"
>
> "Ayon sa Biblia, ang dahilan kung bakit tayo inilagay dito ng Dios ay upang magkaroon tayo ng personal na kaugnayan sa kanya."

**Mga Tanong sa Pagbabalik-Aral**

(1) Ano ang itinatanong ng Pangangatwirang Kosmolohikal?

(2) Paano sinasagot ng Pangangatwirang Kosmolohikal ang tanong na ito?

(3) Ano ang tatlong di-makatwirang paliwanag para sa sanlibutan?

(4) Ipahayag ang pangangatwirang kosmolohikal sa isang deductive na anyo na may dalawang pahayag at isang konklusyon.

## Ebidensiya na Mayroon ngang Dios: Ang Pangangatwirang Teleolohical


Isang pangangatwirang kaugnay ng Pangangatwirang Cosmological ay ang **Pangangatwirang Teleolohical**. Ang salitang *teleological* ay nagmula sa Griyegong salita na *telos*, na ibig sabihin ay "hangarin". Ito ay tungkol sa layunin o disenyo.

Itinatanong ng Pangangatwirang Teleological, "Paano nagkaroon ang sanlibutan ng kanyang maingat na disenyo?" Sinasabi nito na "ang metikulosong disenyo sa sanlibutan ay

> "Halimbawang walang katalinuhan sa likod ng sanlibutan, walang malikhaing isipan. Sagayun, walang sinumang nagdisenyo ng aking utak para sa layuning mag-isip.
>
> Subali't kung gayun, paano ko pagtitiwalaan ang aking sariling pag-iisip? Katulad lang ito ng pagtatapon ng isang basong gatas at pagkatapos ay aasang kung paano ito tumalsik ay magbibigay sa iyo ng mapa ng London.
>
> Subali't kung hindi ko mapagkakatiwalaan ang aking sariling pag-iisip, hindi ko rin mapagkakatiwalaan ang mga pangangatwiran tungkol sa Atheism. Wala akong dahilan upang maging Atheist o anupamang iba. Malibang sumanpalataya ako sa Dios, hindi ako maaaring maniwala sa pag-iisip: kayat hindi ko maaaring gamitin ang pag-iisip upang hindi maniwala sa Dios."
>
> \- C.S. Lewis,
> *Ang Pangangatwiran para sa Kristiyanismo*

nangangailangan ng isang Designer." " Mayroong isang layunin o dahilan na siyang gumagabay sa ating sanlibutan. Tingnan natin ang ilang halimbawa mula sa siyensiya.


### Ang Mata




Ang mata[29] ng tao ay isang mapakametikulosong disenyo. Bawat bahagi ng mata ay tumutupad sa isang layunin sa kabuuang disenyo nito. Walang alinmang bahagi ng mata ang "iiral" hanggang ang mata ay maging kumpleto. Ang iris ng mata ay walang silbi kung wala ang iba pang bahagi ng mata.

Kung ang mata ay umiral mula sa walang layuning matter, ang lahat ng bahagi ng mata ay dapat lumitaw nang sabay sabay. Ito ay naglalarawan sa paglikha, hindi ebolusyon. Napakaimposible na ang isang bagay na nagtataglay ng ganitong disenyo at layunin ay basta na lamang lumitaw o umiral dahil sa pagkakataon.[30] Ang Dios lamang ang tanging designer na maaaring lumikha ng ganito kametikulosong disenyo.

### DNA



Ang isang hibla ng DNA[31] ay mas complex pa kaysa sa pinakaadvanced na modernong kompyuter. Ang lahat ng impormasyon ng katawan ng tao ay nakatala sa isang hibla ng DNA ng tao na mas maliit pa kaysa sa tuldok sa dulo ng isang pangungusap.

Ang dami ng impormasyon na maaaring itala sa isang pinhead volume ng DNA ay katumbas ng isang salansan ng mga aklat na 500 beses ang taas sa distansiya mula sa mundo hanggang sa buwan. Ang Pangangatwirang Teleological ay nagsasabi na ang complexity ng DNA ng tao ay nangangailangan ng isang designer na magtataglay ng dakilang katalinuhan. Ang Dios lamang ang tanging designer na may kakayahang gawin ang gayung disenyo.

### Ang Kapaligiran ng Mundo

Napag-isipan na ba ninyo ang kahanga-hangang lugar natin sa sanlibutan? Kung mas malapit tayo sa araw, kahit bahagya lamang, tayo ay masusunog na. Kung tayo naman ay mas malayo nang kahit bahagya lamang, tayo ay mamamatay sa sobrang lamig. Ang atmosphere ng mundo ay tamang tama lamang upang sumuporta sa buhay. Ang lahat ng bagay na kinakailangan natin upang mabuhay ay matatagpuan sa planetang mundo.

[29] Image: The Human Eye, author National Eye Institute, retrieved from https://www.flickr.com/photos/nationaleyeinstitute/7544457124/sizes/o/in/photostream/ April 18, 2020, Public Domain
[30] Upang matutuhan ang iba pang bagay tungkol sa disenyo ng Dios sa mata, bisitahin ang www.answersingenesis.org/go/eye.
[31] Image: "Acido desoxirribonucleico (DNA)" by Kadumago retrieved from https://commons.wikimedia.org/w/index.php?curid=87888168, licensed under CC BY 4.0, desaturated from the original.

Ipinahihiwatig nito na ang mundo at ang atmosphere nito ay nilikha para sa atin ng isang matalinong Persona na lumikha sa sanlibutan nang may disenyo. Ang mundo ay hindi resulta lamang ng pagkakataon. Ang mundo ay nilikha ng Diyos para sa isang layunin.

## Ebidensiya na Mayroong Dios: Ang Pangangatwirang Moral

Ang Moral na Pangangatwiran para sa pag-iral ng Dios ay nagtatanong, "Bakit nagtataglay ang sangkatauhan ng damdamin ng tama at mali mula pa sa pagkapanganak?" Ang sagot, "Ang damdamin ng tama at mali ng sangkatauhan ay nagmumula sa Dios, ang Supreme Tagapagbigay ng Batas na siyang nagbibigay sa atin ng moralidad."

Ang pangangatwirang ito ay ginawa ni C.S.Lewis sa *Mere Christianity*. Sumulat siya tungkol sa damdamin ng "dapat" na tinataglay ng lahat ng tao sa lahat ng kultura. Kahit na kung minsan ay hindi nagkakasundo-sundo ang iba't-ibang kultura kung ano ang tama at mali, ang lahat ng tao mula sa lahat ng kultura ay nakakaalam na "dapat" nilang gawin ang isang bagay, o "hindi dapat gawin" ang ibang bagay. Saan nagmumula ang damdaming ito ng "dapat"? Ang Pangangatwiriang Moral ay nagsasabi na ang damdaming moral na ito ng tama at mali ay dapat magmula sa isang Supreme na Tagapagbigay ng Batas.

Narito ang pormal na lohical na pangangatwiran:

> *Pahayag 1*: Kung hindi umiiral ang Dios, ang layunin na moral na mga pinahahalagahan at tungkulin ay hindi rin umiiral.
>
> *Pahayag 2*: Umiiral ang mga moral na mga pinahahalagahan at tungkulin.
>
> *Konklusyon*: Samakatuwid, umiiral ang Dios.

Pahayag 1 ay nagsasabi na kung hiwalay sa Dios, maaring walang layuning moralidad. Ang moralidad ay hindi maaaring maging pare-pareho sa bawat tao kung walang transcendente at personal na Tagapagbigay ng Batas. Lahat ng tao ay mananagot sa kanya. Ang mga utos na moral ay may kahulugan lamang kapag may isang taong nagbibigay ng batas at may isa pang tao na tumatanggap nito. Kapag may mga batas na pantay pantay na inilalapat sa bawat tao sa mundo, sa gayun may isang transcendente na Persona na pinagmulan ng batas na iyon at ang lahat ng tao ay mananagot. Dagdag pa rito, ang moral guilt ay nararapat lamang kapag ang mga batas mula sa isang tao ay nalabag. Hindi nararamdaman ang guilt kapag nilabag ang isang batas. Dapat mayroong isang mas mataas na awtoridad na nakaugnay at siyang nilabag.

Pahayag 2 ay nagsasabi na ang moral na mga pinahahalagahan ay umiiral lamang na mayroong layunin. Ang mga ito ay wasto mayroon o wala mang naniniwala sa mga ito; at ang mga ito ay natutuklasan, hindi iniimbento. Kahit ang ilang atheist ay tinatanggap ito. Halimbawa, ang atheist na si Peter Cave ay nagsabi, "Kahit anupamang pangangatwirang may pag-aalinlangan ang iharap sa ating paniniwala na ang pagpatay sa inosente ay mali ayon sa moral, tayo ay higit na nakatitiyak na ang pagpatay ay mali ayon sa moral kaysa

sa pagiging matuwid ng ating pangangatwiran. Ang pagpapahirap sa isang inosenteng bata para sa tuwa lamang na makukuha dito ay mali ayon sa moral. Dapat na itong tigilan."

Kung kapwa totoo ang Pahayag 1 at Pahayag 2, sagayun ang konklusyon na ang Dios ay umiiral ay totoo rin.

► Basahin ang Roma 2:12-16. Ano ang itinuturo ni Pablo tungkol sa batas na moral na isinulat sa puso ng mga taong hindi nagtataglay ng Biblia?

**Mga Tanong sa Pagbabalik-Aral**

(5) Ano ang itinatanong ng Pangangatwirang Teleolohical?

(6) Paano sinasagot ng Pangangatwirang Teleolohical ang tanong na ito?

(7) Ano ang itinatanong ng Pangangatwirang Moral?

(8) Paano sinasagot ng Pangangatwirang Moral ang tanong na ito?

(9) Iprisinta ang pangangatwirang moral sa syllogistic form (may 2 pahayag at isang konklusyon).

## Ang #1 Pagtutol sa Pagsasabing Mayroong Dios: Kasamaan at Paghihirap

Ang pinakakaraniwang pagtutol sa pagsasabing mayroong Dios ay: "Kung mayroong mabuti at lubos ang kapangyarihang Dios, bakit mayroong kasamaan at paghihirap sa mundo? Ang pag-iral ng kasamaan ay nagpapatunay na walang mabuti at lubos ang kapangyarihang Dios." Madalas ang pagtutol na ito ay ipinahahayag sa ganitong paraan:

> *Pahayag 1*: Hindi ipahihintulot ng isang mabuting Dios ang paghihirap sa mundo.
>
> *Pahayag 2*: Maaaring alisin ng lubos ang kapangyarihang Dios ang lahat ng paghihirap.
>
> *Konklusyon*: Samakatuwid, walang mabuti at lubos ang kapangyarihang Dios.

Inaasahan ng mga tao na agad bibigyang solusyon ng isang mabuti, lubos na makapangyarihang Dios ang kasalanan at paghihirap. Sinasabi nila na kung ang Dios ay kapwa mabuti at lubos na makapangyarihan, gagawin niyang ligtas ang mundo sa mga sakit at kasamaan. Paano tayo tutugon sa tanong na ito, "Bakit may kasamaan sa mundo?"

► Paano ka tutugon sa tanong na ito, "Kung ang Dios ay kapwa mabuti at lubos na makapangyarihan, bakit niya pinahihintulutan ang kasamaan sa mundo?"

Narito ang ilang sagot sa pagtutol na ito:

**(1) Ang suliranin sa kasamaan ay nagpapahiwatig na mayroong Dios.**

Alalahanin mo ang Pangangatwirang Moral para sabihing mayroong Dios. Ang bawat suliranin ay nagpapahiwatig na mayroong Dios. Hindi natin malalaman na mayroong kasamaan kung walang lubos na batayan ng tama at mali. Ang lubos na batayang ito ng tama at mali ay nagmula sa isang Ganap na Tagapagbigay ng Batas, ang Dios.

Kung walang Tagapagbigay ng Batas, hindi mo masasabing may kasamaan sa mundo. Kung walang Tagapagbigay ng Batas, ang tinatawag mong kasamaan, maaari kong tawaging kabutihan. Kung halimbawang piliin ko na magnakaw ng pera mula sa iyo, iyon ay hindi mabuti o masama; iyon ay isa lamang pagpili. Tanging ang isang Tagapagbigay ng Batas ang nagtatakda ng absolute na tama at mali.

Tanging kung tinatanggap natin ang isang batas pangmoral ng tama at mali kaya tayo nahaharap sa pag-iral ng kasamaan. Ang suliranin sa kasamaan ay naghahayag sa atin na mayroong mabuting Dios. Subali't kung ang Dios ay mabuti at lubos na makapangyarihan, bakit niya pinahihintulutan ang kasamaan sa mundo?

**(2) Ang kasamaan ay resulta ng malayang pagpili ng tao na suwayin ang Dios**.

Mayroong kasamaan sa mundo dahil inabuso ng mga unang tao ang kanilang kalayaan at pinili nilang suwayin ang Dios. Ang paghihirap ang bunga ng pagsuway ng sangkatauhan.

Sinuway nina Adan at Eba ang Dios at ang naging bunga nito, ang buong mundo ay isinumpa.[32] Kahit ang mga inosenteng tao ay nagdusa dahil sa sumpang ito.

May mga magtatanong, "Subali't bakit lumikha ang Dios ng nilalang na malaya? Kung nilikha ng Dios ang mga tao na walang kapangyarihang piliin ang kasalanan, walang magiging paghihirap sa mundo."

Ang isang sagot sa tanong na ito: Nilikha ng Dios ang sangkatauhan para sa pag-ibig at relasyon. Imposible ang pag-ibig kung walang kalayaang pumili. Binigyan ng Dios ang sangkatauhan ng kalayaan na piliin ang pag-ibig—o ang piliin na magrebelde.

**(3) Nagkaloob na ang Dios ng sagot sa suliranin ng kasamaan at paghihirap.**

May mga magtatanong, "Bakit hindi gumagawa ng solusyon ang Dios tungkol sa kasamaan at paghihirap sa mundo? Bakit niya pinahihintulutang magpatuloy ang paghihirap?

Ang tugon dito: *Mayroon nang ginawa* ang Dios tungkol dito. Kay Jesus, ang Dios ng walang hanggang pag-ibig ay pumasok sa kasaysayan ng sangkatauhan at naging bahagi ng wasak na mundo na ating tinatahanan. Kinuha niya sa kanyang sarili ang paghihirap at maging ang kamatayan. Pagkatapos, winasak niya ang kamatayan sa kanyang muling pagkabuhay. Dahil sa pagbabayad-utang ni Cristo, tayo ay maaaring mapalaya sa kasalanan at sa hinaharap ay makatakas sa ating paghihirap na pangwalanghanggan.

---

[32] Basahin ang Gen 3:14-19 at Roman 8:20-23.

Bakit ang tagal ng panahon para maalis ang ating mga paghihirap? Naninirahan pa rin tayo sa isang wasak na mundo; at ang Dios ay kumikilos muna tungkol sa kasalanan, ang ultimate na dahilan ng ating mga paghihirap. Ang pagkilos laban sa kasalanan ay nagiging matagal dahil ang mga tao ay may kalayaan ng kalooban.

Ang katotohanan na ang paghihirap ay resulta ng moral na kasamaan ay hindi nangangahulugan na ang lahat ng paghihirap ay ang direktang resulta ng indibidwal na kasalanan. Ang lahat ay nakararanas ng paghihirap dahil sa kasalanan ni Adan, hindi tiyakang dahil sa kaniyang sariling kasalanan. Sa ating wasak na mundo, kahit ang mga inosenteng tao ay nakararanas ng di makatarungang paghihirap dahil sa kasalanan ng iba. Subalit ang lahat ng paghihirap ay magwawakas rin para sa mga tao na nagpahintulot sa Dios na ayusin ang kasalanan sa kanilang sariling puso at buhay.

Kahit nakararanas tayo ng paghihirap sa kasalukuyan, mayroon tayong kaaliwan mula sa Dios. Bilang mga Kristiyano, mayroon tayong katiyakan na "ang lahat ng bagay ay nagkakalakip-lakip para sa ikabubuti ng mga taong nagmamahal sa Dios."[33] Bagaman hindi natin iyon nauunawaan sa ngayon, may layunin ang Dios sa mga bagay na pinahihintulutan niya sa ating mga buhay. Inaalis ng Dios ang mga paghihirap at ginagamit ito para sa ating kabutihan. Ginagamit niya kahit ang mga sakit sa ating buhay upang akayin ang mga tao sa isang relasyon sa kanyang sarili. Sinabi ni C.S.Lewis, "Bumubulong ang Dios sa atin sa ating mga kasiyahan, nagsasalita sa ating konsiyensiya, subali't sumisigaw sa ating mga paghihirap. Ito ang megaphone ng Dios upang gisingin ang isang mundong ayaw makinig."[34]

**Mga Tanong sa Pagbabalik-Aral**

(10) Ano ang pinakakaraniwang pagtutol kung sasabihin nating mayroong Dios?

(11) Magbigay ng tatlong sagot sa tanong na, "Paanong ang isang mabuti at lubos ang kapangyarihang Dios ay iiral kung mayroong kasamaan sa mundo?"

## Pagsasabuhay ng Apologetics - Ang Patotoo ni Lee Strobel (1952 - )

Inangkop mula sa Lee Strobel (1952- ): [35]

> "Halos buong buhay ko ako ay isang atheist. Iniisip ko na ang ideya ng isang lubos na mapagmahal, lubos ang kapangyarihang manlilikha ay isang kahangalan. Journalism at batas ang aking pinag-aralan. Ako ay isang taong hindi madaling maniwala. Ako ang legal editor ng Chicago Tribune. Kung kaya't kailangan ko ng ebidensiya bago ako maniwala sa anumang bagay.
>
> "Isang araw sinabi ng aking asawa na siya ay naging tagasunod na ni Jesu-Cristo.

[33] Roma 8:28.
[34] C.S. Lewis, *The Problem of Pain*, (NY: Macmillan Publishing, 1962), p. 93.
[35] Ang Transcript ay hinango sa https://youtu.be/E8IE9Y4wudk.

Inisip ko na ito na ang wakas ng aming pagiging mag-asawa. Subalit agad akong nakakita ng positibong pagbabago sa kanyang mga pinahahalagahan, sa kanyang karakter, sa paraan ng kanyang pakikitungo sa akin at sa mga anak namin. Kaakit-akit iyon at nagkaroon ako ng kagustuhang suriin ang kanyang bagong pananampalataya.

"Pumunta ako sa sambahan isang araw at narinig ko ang mensahe ni Jesus sa paraang nauunawaan ko. Narinig ko na ang kapatawaran ay isang libreng kaloob, na si Jesu-cristo ay namatay para sa ating mga kasalanan, at maaari niya tayong makasama sa walang hanggan. Atheist pa rin ako, subalit lumabas ako na nagsasabi sa aking sarili, 'Kung ito ay totoo, ito ay mayroong napakalaking epekto sa aking buhay.'

"Sa loob ng halos dalawang taon, ginamit ko ang aking kasanayan sa journalism at batas upang siyasatin ang katotohanan ng Kristiyanismo. Noong Nobyembre 8, 1991, napagtanto ko na upang maging isang atheist kailangan kong huwag pansinin ang lahat ng ebidensiya na tumuturo sa katotohanan ng ebanghelyo. At hindi ko iyon magawa. Ako ay sinanay sa journalism at batas upang tumugon sa katotohanan. Kaya't nang araw ding iyon, tinanggap ko si Jesu-Cristo bilang akong tagapagpatawad ng kasalanan at bilang aking Panginoon. At katulad ng aking asawa, ang aking buhay ay nagsimulang magbago. Ang aking mga pinahahalagahan, ang aking karakter, ang layunin ng aking buhay ay nagsimulang mabago. Ngayon, kapag ako'y nagbabalik-tanaw, hindi ko maihahambing ang aking buhay noon sa karanasan at tuwa ng pagsunod kay Jesu-Cristo."

## Konklusyon

Habang naghahanda si Jia na sagutin si Lee, naramdaman niya ang Banal na Espiritu na nagsasabi sa kanya na ang sagot sa tanong ni Lee ay higit pa sa tugon na pangkaisipan lamang. Kailangan niya itong kausapin sa puso, hindi lamang sa kanyang isip.

Sinabi ni Jia kay Lee, "Una, nais kong malaman mo na nararamdaman ko ang iyong sakit. Kaibigan kita at kapag ikaw ay nasasaktan, nasasaktan din ako. Higit pa sa riyan, nais kong malaman mo na nadarama ng Dios ang iyong sakit. Pinagmasdan ng Dios Ama ang kanyang minanahal na Anak nang ito'y mamatay sa krus. Nalalaman niya ang sakit ng mawalan ng isang taong malapit sa kanya.

"Hindi ko kayang ipaliwanag ang lahat ng paghihirap sa ating mundo, subali't alam ko na nilikha ng Dios ang mundo nang walang paghihirap. Nilikha niya ang isang perpektong mundo na walang kamatayan. Ngunit nakakalungkot, ang ating unang ama, si Adan ay nagrebelde laban sa Dios at nagdala ng kasalanan sa mundong ito. Nagbunga ng paghihirap at kamatayan ang kasalanan. Alam ni Adan bago pa man niya suwayin ang batas ng Dios na ang kanyang kasalanan ay magbubunga ng kamatayan sa mundong ito. Sinira ng tao ang perpektong mundo na nilikha ng Dios. Ang bawat isa sa atin ay

nagpapatuloy sa kasalanan na nagsimula kay Adan. Ang bawat isa sa atin ay sumusuway sa batas ng Dios.

"Dahil sa kasalanan ni Adan, tayo ay isinilang sa isang nagdurusang mundo. Nakatira tayo sa isang wasak na mundo. Subali't, Lee, maaari ba akong magsabi ng dalawang bagay na dapat mong tandaan sa kabila ng iyong mga luha?"

"Una, ang Dios mismo ay naging bahagi ng ating magdurusang mundo. Isinugo Niya ang kanyang Anak upang maging bahagi ng ating mundo. Isinugo Niya ang Kanyang Anak upang mamatay upang ang ating mundo sa hinaharap ay maging ligtas mula sa sumpa ng kasalanan.

"Pangalawa, dahil isinugo ng Dios ang kanyang Anak, maaari kang magkaroon ng buhay na walang hanggan. Ang parehong Biblia na nagbibigay babala laban sa kaparusahan sa kasalanan ay nangangako na sinumang tumanggap kay Jesu-Cristo ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan. Nangangako ang aklat na ito na sa hinaharap 'papahirin ng Dios ang bawat luha sa kanilang mga mata, at wala nang kamatayan, wala na ring pagkalumbay o pag-iyak o sakit.'[36].

"Lee, isipin mo ang Dios na labis tayong minahal kaya't isinugo niya ang Kanyang Anak upang mamatay at magdulot ng lunas sa kamatayan. Ito ay Dios na lubos na makapangyarihan, gayunma'y ibinigay ang kanyang sarili dahil sa pagmamahal sa atin. Ang Dios na iyon ay umiibig sa iyo ng isang kahanga-hangang pag-ibig."

## Mga Takdang-Aralin ng Aralin

(1) Apologetics at ang Ulo: Sisimulan mo ang susunod na klase sa isang pagsusulit gamit ang mga tanong sa pagbabalik-aral mula sa Aralin 3. Pag-aralang mabuti ang mga tanong na ito bilang paghahanda sa pagsusulit.

(2) Apologetics at ang Puso: Kung minsan madaling "ipaliwanag" ang kahirapan at pagdurusa; mas mahirap na makiramay sa mga naghihirap. Ipanalangin sa Dios na bigyan ka ng malambot na puso para sa mga naghihirap. Ipanalangin na magsalita siya sa pamamagitan mo ng mga salitang makaaaliw sa mga naghihirap.

(3) Makipag-usap sa isang di-mananampalataya tungkol sa mga pangangatwiran sa pagsasabing mayroong Dios. Ibahagi ang tatlong pangangatwiran mula sa araling ito. Kung maaari, ibahagi ang mga pangangatwirang ito sa di-mananampalataya na kinausap mo sa katapusan ng Aralin 2.

---

[36] Pahayag 21:4.

**Mga Tanong sa Pagsusulit sa Aralin 3**

(1) Ano ang itinatanong ng Pangangatwirang Kosmolohikal?

(2) Paano sinasagot ng Pangangatwirang Kosmolohikal ang tanong na ito?

(3) Ano ang tatlong di-makatwirang paliwanag para sa sanlibutan?

(4) Ipahayag ang Pangangatwirang Kosmolohikal sa deductive form na may 2 pahayag at isang konklusyon.

(5) Ano ang itinatanong ng Pangangatwirang Teleolohikal?

(6) Paano sinasagot ng Pangangatwirang Teleolohikal ang tanong na ito?

(7) Ano ang itinatanong ng Pangangatwirang Moral?

(8) Paano sinasagot ng Pangangatwirang Moral ang tanong na ito?

(9) Iprisinta ang Pangangatwirang Moral sa syllogistic form (may isang pahayag at isang konklusyon).

(10) Ano ang pinakakaraniwang pagtutol sa pagsasabing ‘mayroong Dios’?

(11) Magbigay ng tatlong sagot sa tanong na ito, “Paanong ang isang mabuti at lubos ang kapangyarihang Dios ay umiiral, kung mayroong kasamaan sa mundo?”

(12) Isulat ang Roma 1:19-20.

# Aralin 4
# Pangangatwiran Para sa Paglikha

## Mga Tagubilin

(1) Magbigay ng pagsusulit gamit ang Mga Tanong sa Pagbabalik-Aral mula sa Aralin 3.

(2) Hilingan ang bawat mag-aaral na magbigay ng maikling buod ng kanilang pakikipag-usap para sa takdang aralin sa "Apologetics at ang Kamay" sa dulo ng Aralin 3.

(3) Isasaulo ng mga mag-aaral ang Genesis 2:1-3.

(4) Talakayin ang bawat tanong na may markang ►.

(5) Itanong ang bawat Tanong sa Pagbabalik-Aral sa panahon ng leksiyon at muli sa dulo ng klase.

## Pasimula

Naglalakad si Jia sa parke nang Linggo nang hapon. Habang tinitingnan niya ang magagandang bulaklak, nagsimula siyang purihin ang Manlilikha at iniisip niya ang kuwento ng paglikha sa Genesis. Mayamaya, nakita niyang palapit sa kanya si Lee.

Tinawag siya ni Jia, "Lee, ang ganda ng parkeng ito, di ba? Sa palagay mo, paano kaya ito napunta dito?"

Tumawa si Lee. "Marahil naniniwala ka na ang iyong Dios na hindi nakikita ang gumawa ng lahat nang ito. Subali't alam ko ang siyensiya; ang bawat tunay na siyentipiko ay nakaaalam na ang mundo ay nag-evolve sa loob ng bilyong taon. Ang mga simpleng nilalang ay nagiging mas complex na nilalang. Ang lahat ng kagandahang ito ay resulta ng pagkakataon sa loob ng bilyong bilang ng mga taon.

"Ang pagkakaiba natin, Jia, ay ito: ang iyong paniniwala sa paglikha ay batay sa *bulag* na pananampalataya; ang aking pagtitiwala sa ebolusyon ay batay sa katotohanan. Wala kang matutukoy *kahit isang* dakilang siyentipiko na naniniwala sa paglikha!"

Sinabi ni Jia, "Interesting 'yan. Kung gusto mo, magpalitan tayo ng hamon. Sa susunod na Linggo ng hapon, magkita tayo uli dito sa parke. Sasagutin ko ang iyong hamon: 'Bumanggit ng isang dakilang siyentipiko na naniniwala sa paglikha' Subali't kailangan mo ring sagutin ang aking hamon sa iyo: 'Bigyan mo ako ng isang halimbawa ng isang bagay na walang buhay na nagbagong-anyo at naging isang buhay na nilalang.' Sa palagay ko ang iyong paniniwala sa ebolusyon ay nakabatay sa 'pananampalataya' tulad lamang sa aking paniniwala sa paglikha! Mag-usap uli tayo sa Linggo."

► Ano ang palagay mo tungkol sa pangungusap ni Jia? Batay ba sa pananampalataya ang ebolusyon, o maaari itong patunayan ayon sa siyensiya? Gayun din ba ang paglikha?

## Pananampalataya sa Paglikha o Pananampalataya sa Ebolusyon

Sa araling ito, pag-aaralan natin ang ebidensiya na tayo ay nilikha ng Dios. Kahanga-hanga kung paanong nagpapakahirap sa pagsisikap ang ilang tao upang ipagkaila ang ating Manlililkha. Maraming aklat na ang naisulat ng mga tao na nagnanais na ipagkaila na tayo ay nilikha ng Dios.

Sinasabi ng mga naniniwala sa ebolusyon na ang paglikha ay hindi tunay na siyensiya. Nangangatwiran sila na ang tunay na siyensiya ay hindi makapagsasabi ng supernatural na paliwanag para sa anumang bagay. Para sa kanila, ang lahat ng bagay ay dapat maipaliwanag ng natural na dahilan. Gayunman, ang mga sinasabi ng ebolusyon at paglikha ay dapat tanggapin gamit ang pananampalataya. Kapwa sila "propositions ayon sa pananampalataya" Ano ang ibig sabihin nito?

Ang ebolusyon at paglikha ay kapwa hindi "mapatutunayan gamit ang siyensiya." Ang paglikha at ebolusyon ay kapwa nagsisikap na ipaliwanag ang isang bagay na nangyari sa nakalipas na panahon. Ito ay isang usaping pangkasaysayan, hindi usaping pansiyensiya.[37]

Walang sinumang nilalang na nabubuhay sa ngayon ang nakakita kung paano nabuo ang mundo. Walang sinuman sa atin ang nakasaksi sa paglikha o ang ebolusyon ng tao. Ang dapat nating gawin ay:

1. Pagtiwalaan ang ulat ng ibang tao tungkol sa simula ng sanlibutan o
2. Humanap ng mga clue sa mundo sa ating kapaligiran.

## Mapagtitiwalaan Ba Natin ang Kuwento ng Biblia Tungkol sa Paglikha?

Makatwiran lamang na kung nilikha tayo ng Dios na may kakayahang pag-isipan ang ating pinagmulan at layunin, sasabihin din niya ang tungkol sa paglikha. Sa Biblia, inaangkin ng Dios na nilikha Niya ang mundo at lahat na narito sa loob ng anim na araw. Sa mga susunod na aralin, pag-aaralan natin ang ebidensiya na ang Biblia ay isinulat ng Dios. Kung makukumbinsi natin ang mga tao na ang Biblia ay nagmula sa Dios, mahihikayat din natin silang pagtiwalaan ang sinabi ng Dios sa kanyang Salita tungkol sa ating pinagmulan.

Ang mga Kristiyano na naniniwala sa paglikha ay nagsasabi na maaari nating pagtiwalaan ang pahayag ng Dios tungkol sa pinagmulan ng mundo. Naniniwala tayo na ang kanyang mga salita sa Genesis 1-2 ay ang tunay na kuwento tungkol sa paglikha. Mayroon tayong

---

[37] Upang pagbalik-aralan ang paksang ito, tingnan ang Aralin 2 sa "Maling paniniwala tungkol sa Apologetics."

pananampalataya sa kuwento ng paglikha dahil mayroon tayong pananampalataya sa Dios at kinasihan niya ang Genesis.

### Mayroon Bang Mga Bakas sa Mundo sa ating Kapaligiran?

Habang sinisikap nating kumbinsihin ang mga hindi Kristiyano tungkol sa katotohanan ng Biblia, kailangan din natin silang ituro sa mundo sa ating kapaligiran at tulungan silang makita na ang biblikal na kuwento ng pinagmulan ang nagbibigay ng pinakamabuting paliwanag para sa ating mundo. Hindi natin maaaring gamitin ang scientific method mismo upang alamin ang pangyayari sa kasaysayan ng paglikha dahil hindi natin makikita ang simula ng sanlibutan.  Gayunman, maipakikita natin sa mga tao kung paanong ang mga ebidensiya ayon sa siyensiya ay sumusuporta sa pananaw ng biblia tungkol sa paglikha.

Ang isang detective ay tumitingin sa ebidensiya ng fingerprint sa isang lugar ng krimen upang alamin kung sinong tao ang nagsagawa ng pagpatay. Ang naiwang ebidensiya ay nagtuturo sa katotohanan. Maaari tayong tumingin sa ebidensiyang pangsiyensiya tulad ng DNA upang ipakita na *ang Dios*, hindi panahon at pagkakataon, ang siyang nagsagawa ng paglikha. Matatagpuan natin ang fingerprint ng Dios sa lahat ng lugar sa sanlibutan.

Isang paraan upang harapin ang ebidensiya mula sa sanlibutan sa paligid natin ay tingnan kung ano ang inaasahang makita ng mga evolutionist o creationist kung totoo ang kanilang pinaniniwalaan.

► Kung totoo ang ebolusyon, ano ang inaaasahan mong makita sa mundo sa ating kapaligiran?[38] Kung totoo ang paglikha, ano ang inaasahan mong makita sa mundo sa ating kapaligiran?[39]

**Ang Sinasabi ng nga Siyentipiko Tungkol sa Dios**

"Kung pag-aaralan mo ang siyensiya nang sapat na lalim at haba ng panahon, pipilitin ka nito na maniwala sa Dios."
- Lord William Kelvin

"Kung walang ibang patunay, ang [disenyo ng ] hinlalaki lamang ay sapat na upang kumbinsihin ako na mayroong Dios."
- Sir Isaac Newton

"Ang kaunting siyensiya ay maglalayo sa iyo sa Dios, subalit mas marami nito ang magdadala sa iyo sa Kanya."
- Louis Pasteur

Pagkatapos nating malaman kung ano ang inaasahan ng bawat teoriya, maaari nating itanong, "Ang mga nakikita ba natin sa ating kapaligiran ay tumutugma sa mga inaasahan ng ebolusyon/*evolution* o ng paglikha/*creation*? Aling paraan ang pinakatugma sa mga ebidensiya? Ang mga obserbasyon ba ng mga siyentipiko ay mas tumutugma sa evolution o sa creation?"

---

[38] Kabilang sa ilang wastong sagot: transitional forms sa record ng fossil, ebidensiya ng mutation na lumilikha ng bagong impormasyon, simplicity sa halip na complexity,  randomness  kung paano nag-ooperate ang mundo, atbp.
[39] Kabilang sa ilang wastong sagot: ebidensiya ng disenyo, limit sa variations sa loob ng mga klase ng halaman at hayop, ebidensiya ng distinct na klase ng fossil record, nakatakdang batas ng siyensiya na nagpapakita na ang sanlibutan ay inilagay sa kanyang lugar ng isang di-nagbabagong Master Designer, atbp.

Kung pag-aaralan natin ang ebidensiya ng mundo sa ating kapaligiran, makikita natin na ang mundo ay tumutugma sa mga inaasahan ng paglikha, hindi ng ebolusyon. Sa katotohanan, ang teoriya ng ebolusyon ay laban sa siyensiya. Hindi ito umaayon sa mga ebidensiya ng mundo.

### Bakas #1: Ang Batas ng Biogenesis

Isang daang taon na ang nakalilipas, karamihan sa mga tao ay naniniwala na ang buhay ay maaaring bigla na lamang lumitaw mula sa isang bagay na walang buhay. Iniisip nila na kung mag-iiwan ka ng isang kahon ng mga retaso sa isang sulok, sa sapat na haba ng panahon, maaari itong bigla na lamang maging mga daga—mula sa walang buhay na mga retaso.[40]

Si Louis Pasteur, isang kilalang siyentipiko at debotong Kristiyano rin, ay nagsagawa ng maraming eksperimento na nagpatunay sa batas ng biogenesis. Ang batas ng biogenesis ay nagsasabi na: **ang buhay ay tanging sa buhay nagmumula**.

Itinatanggi ng mga naniniwala sa ebolusyon ang basic na batas na ito ng siyensiya nang sabihin nila na ang buhay ay dapat magmula sa isang walang buhay kahit man lang minsan. Karamihan sa mga naniniwala sa ebolusyon ay nag-iisip na ang buhay ay bigla na lamang lumitaw mula sa sinaunang chemical compounds sa mundo. Kahit na nalalaman nila ang batas ng biogenesis, tumatanggi silang tanggapin na ang Dios ang lumikha ng buhay. Sa halip, ipinipilit nilang ang buhay ay nagmula sa matter na walang buhay.

| **ANG PAGLITAW NG BUHAY** | |
|---|---|
| INAASAHAN NG EBOLUSYON | INAASAHAN NG PAGLIKHA |
| Ang buhay ay nagmumula sa bagay na walang buhay. | Ang buhay ay nagmumula lamang sa buhay. |
| ANO ANG IPINAKIKITA NG EBIDENSIYA NG ATING MUNDO? | |
| Ang buhay ay nagmumula lamang sa buhay. | |

**Mga Tanong sa Pagbabalik-Aral**

(1) Ano ang ibig sabihin kung sasabihing ang ebolusyon at paglikha ay kapwa "proposisyon ayon sa pananampalataya"?

(2) Ano ang itinuturo ng batas ng biogenesis?

[40] "Spontaneous generation" ay nangangahulugan na lumilitaw ang buhay mula sa matter na walang buhay.

## Bakas #2:  Ang Mga Batas ng Termodinamiks

Pinag-aralan natin ang mga Batas ng Termodinamiks sa Aralin 3, subali't pagbalik-aralan natin ang mga ito.

► Ano ang Unang Batas ng Termodinamiks?[41]

Ang Unang Batas ng Termodinamiks ay nagsasabi na ang bagay/enerhiya ay hindi maaaring likhain o sirain.  Ang mga umiiral na bagay ay dapat may pinagmulan; hindi nito kayang likhain ang kanyang sarili.  Ang ibig sabihin, ang bagay at enerhiya ay nilikha ng isang puwersa mula sa labas, ang Dios.  Ang bagong bagay at enerhiya ay hindi maaaring lumitaw mula sa wala.

► Ano ang Ikalawang Batas ng Termodinamiks?[42]

Ang Ikalawang Batas ng Termodinamiks ay nagsasabi na ang dami ng enerhiyang maaaring magamit sa sanlibutan ay unti-unting nauubos. Ito ay nagbabago mula sa enerhiyang magagamit at nagiging enerhiyang hindi magagamit. Halimbawa, ang sikat ng araw ay nalikha ng napakalakas na enerhiya mula sa araw; subali't ang karamihan sa enerhiyang iyon ay tumatapon lamang sa kalawakan, at maging ang nakararating sa mundo ay halos hindi naman natitipid upang magamit.  Ang enerhiyang hindi nagagamit sa sanlibutan ay tinatawag na "entropy."

Kapag pinagsama, ang dalawang batas na ito ay nagsasabi na mayroon lamang nakatakdang damit ng bagay/enerhiya sa sanlibutan at ito ay unti-unting nagiging walang silbi.  Ang sanlibutan ay unti-unting "nauubos".  Kaya't paano ito sumasalungat sa ebolusyon?

Ang mga atheist na naniniwala sa ebolusyon ay dapat magsabi na (1) ang bagay/enerhiya ay nagmula sa wala o (2) ang bagay/enerhiya ay habang panahong umiiral. Ang unang pagpipilian ay sumasalungat sa Unang Batas ng Termodinamiks (ang bagay ay hindi maaaring magmula sa wala).

Ang ikalawang pagpipilian ay sumasalungat sa Ikalawang Batas ng Termodynamics.  Kung ang sanlibutan ay umiiral na mula pa sa simula na may taglay na takdang dami ng enerhiya, at unti-unti ang enerhiyang ito ay nagiging hindi magagamit na enerhiya, dapat sa kasalukuyan ang sanlibutan ay lubos nang "naubos" at tayo'y dapat wala na rito! Hindi nagiging maka-siyentipiko ang mga naniniwala sa ebolusyon kapag sinasalungat nila ang mga batas ng thermodynamics.

---

[41] Ang tamang sagot ay:  Ang Unang Batas ng Thermodynamics  ay nagsasabi na ang  matter/enerhiya ay hindi maaaring likhain o sirain..

[42] Ang tamang sagot ay: Ang Ikalawang Batas ng  Thermodynamics ay nagsasabi na ang enerhiyang magagamit sa sanlibutan ay unti unting nagiging enerhiyang hindi magagamit.

| ANG ENERHIYA | |
|---|---|
| INAASAHAN NG EBOLUSYON | INAASAHAN NG PAGLIKHA |
| Ang bagay/enerhiya ay nagmumula sa wala o umiral na mula pa sa simula | Ang bagay/enerhiya ay unti-unting nawawalan ng gamit at ang sanlibutan ay nawawasak. |
| ANO ANG IPINAKIKITA NG EBIDENSIYA SA ATING MUNDO? | |
| Mayroong takdang dami ng enerhiyang magagamit sa sanlibutan.<br>Ang enerhiyang ito ay unti-unting nagiging hindi magagamit na enerhiya. | |

### Bakas #3: Ang Rekord ng mga Fossil

Ayon sa teoriya ng ebolusyon, ang mga modernong anyo ng mga hayop ay unti-unting nabuo mula sa mas simpleng mga anyo, nagsisimula sa isang cell. Kung ito ay totoo, dapat tayong makakita ng maraming transitional forms (anyo ng pagbabagong-anyo) mula sa simpleng anyo patungo sa mas komplikadong anyo) sa mga record ng fossil. Subalit sa mahigit sa 150 taon ng paghuhukay, mas kaunti pa ang mga halimbawa ng malinaw na pagbabagong-anyo kaysa sa panahon ni Darwin.

May mga naniniwala sa ebolusyon, tulad ni Stephen J. Gould, na umamin na bihira lamang ang halimbawa ng pagbabagong-anyo; subalit ipinapaliwanag nila ang kawalang ito sa pagsasabing ang kasaysayan ng mundo ay maaaring hatiin sa mas maiikling panahon, o mas dynamic na mga panahon kung saan naganap ang ebolusyon, at sa mas matagal, mas stable na panahon kung saan natagpuan natin ang karamihan sa mga fossils. Ayon kay Gould, ang mga panahon kung kailan nabuhay ang mga anyong nagbabago ay lubhang maikli kung kaya't wala tayong mga fossils mula sa panahong iyon.

Gayunman, ang pangangatwirang ito ay hindi nakabatay sa anumang ebidensiya. Sa halip, ito ay isa lamang pagdadahilan para sa kawalan ng ebidensiya. Ang kawalan ng fossil sa pagbabagong-anyo ay sumasalungat sa mga inaasahan ng ebolusyon. Ang sagot ni Gould ay hindi nagbibigay ng sapat na paliwanag para sa kawalan ng halimbawa ng pagbabagong-anyo. Sa paghahambing, inaasahan ng mga naniniwala sa paglikha na dapat mayroong tiyak na organismo batay sa bawat araw ng paglikha, at hindi nangangailangan ng pagbabagong-anyo.

► Basahin ang Genesis 1 at ilista kung ano ang nilikha ng Dios sa bawat araw sa linggo ng paglikha.

| Linggo ng Paglikha | |
|---|---|
| **Unang Araw** | Liwanag |
| **Ikalawang Araw** | Ang Kalawakan |
| **Ikatlong Araw** | Dagat, lupa at mga halaman |
| **Ikaapat na Araw** | Araw, buwan at mga bituin |
| **Ikalimang Araw** | Mga nilalang sa dagat at himpapawid |
| **Ika-anim na Araw** | Mga nilalang sa lupa, kabilang ang Sangkatauhan |
| **Ikapitong Araw** | Namahinga ang Dios |

Kaya't ano nga ang natatagpuan natin sa record ng fossil? Natatagpuan natin ang tiyak na mga klase ng halaman at mga hayop. Ang record ng mga fossil ay nagsasabi na ang paglikha ayon sa Biblia ay higit na makatwiran kaysa sa ebolusyon.

| ANG MGA FOSSILS | |
|---|---|
| INAASAHAN NG EBOLUSYON | INAASAHAN NG PAGLIKHA |
| Maraming pagbabagong-anyo | Tiyak na klase ng mga halaman at hayop |
| ANO ANG IPINAKIKITA SA ATIN NG MGA EBIDENSIYA SA ATING MUNDO? | |
| Tiyak na mga klase ng halaman at hayop nang walang pagbabagong-anyo | |

**Bakas #4: Ang Batas ng Genetics**

► Kung mayroon lamang dalawang aso sa arko ni Noa, bakit mayroon tayong iba't-ibang klase ng aso sa ngayon?

Maraming naniniwala sa ebolusyon ang nangangatwiran na ang mga pagkakaiba-iba sa mga hayop, tulad ng iba't-ibang uri ng aso, ay patunay na nangyari ang ebolusyon sa pamamagitan ng natural na pagpili. Sinasabi nila na ang genetic mutations ay nagbubunga ng bagong uri ng halaman at hayop.

Gayunman, ang karamihan sa mga pagbabago na nakikita natin sa mga hayop ay dahil sa genetic information na nanduon na sa simula pa sa kanilang DNA. Tingnan ang iba't-ibang uri ng mga aso, halimbawa. Ang mga pagkakaiba ba sa pagitan ng mga beagles at bulldog ay dahil sa resulta ng genetic mutation? Hindi. Ang **Batas sa Genetics ni Mendel** ay nagpapaliwanag na ang iba't-ibang kumbinasyon ng genes ay nagbubunga ng iba't-ibang katangian sa mga supling. Ang isang cocker spaniel ay hindi gaanong naiiba sa isang collie dahil sa mutation, kundi dahil may isang bahagi ng populasyon ng mga aso ang nahiwalay sa iba at nag-interbred. Ang genes ng cocker spaniel ay bahagi na ng gene pool ng mga

aso. Bagaman ang mutation ay maaaring magkaroon ng epekto sa populasyon, ang karamihan sa mga katangian na nakikita natin sa iba't-ibang uri ng mga aso ay resulta ng breeding.

Limitado lamang ang nagiging pagbabago sa isang aso sa pamamagitan ng pagpapalahi. Kahit gaano pa karaming pagpapalahi ang gawin ng isang may-ari ng aso, ang kanyang aso ay mananatiling aso. Ang isang aso ay hindi kailanman magiging isang pusa sa pamamagitan ng breeding!

Hindi kayang gawin ng mga mutasyon ang sinasabi ng mga naniniwala sa ebolusyon na kaya nitong gawin. Mababago ng mutasyon ang mga umiiral na genes at sa gayun nababago ang impormasyon ng DNA, subalit ang mutation ay hindi maaaring makapagdagdag ng impormasyon sa DNA. Halimbawa, ang mutation ay maaaring maging dahilan upang ang isang baka ay isilang na may isang dagdag na paa, subalit hindi nito maaaring gawin na ang baka ay magkaroon ng shell ng pagong. Ang baka ay hindi nagtataglay ng materyal sa kanyang genes upang makalikha ng shell ng pagong. May mga limitasyon kung hanggang saan maaaring magbago ang isang organismo.

Ang mga naniniwala sa paglikha ay umaasa sa limitasyon sa pagbabago sa iba't-ibang klase ng organismo. Ang pag-oobserba sa buhay sa ating kapaligiran ay naghahayag na mayroong limitasyon sa pagbabago.

Ang mga naniniwala sa ebolusyon ay umaasang makakita ng ebidensiya ng pagbabago mula sa isang pangunahing klase ng organismo patungo sa iba pa. Subali't wala ang ebidensiyang inaasahan ng mga naniniwala sa ebolusyon!

| **ANG GENETICS** | |
|---|---|
| INAASAHAN NG EBOLUSYON | INAASAHAN NG PAGLIKHA |
| Pagbabago mula sa isang klase ng organismo patungo sa iba pa | Limitadong pagbabago sa loob ng isang klaseng organismo |
| ANO ANG IPINAPAKITA SA ATIN NG EBIDENSIYA SA MUNDO? | |
| Mayroong limitadong pagbabago sa loob ng iba't-ibang klase ng organismo. | |

### Bakas #5: Ang Bata Pang Mundo

Upang bigyan ng panahon ang mga hayop na magbagong-anyo ayon sa pagkakataon, ang mga naniniwala sa ebolusyon ay nagsasabi na ang mundo ay bilyong taon na. Nakita na natin na imposible ang ebolusyon kahit pa ang mundo ay maging bilyong taon na ang edad. Subali't maraming dahilan upang paniwalaan na ang mundo ay bata pa. Siyamnapung porsiyento ng mga paraan na ginamit upang alamin ang edad ng mundo ay naghahayag na bata pa ang mundo. Narito ang ilang halimbawa na nagpapakita na ang mundo ay hindi maaaring bilyong taon na ang edad.

**Ang Kaliwanagan ng Araw**

Sa pagdaraan ng panahon, ang araw ay unti-unting nagiging mas maliwanag. Ang araw ay binibigyang lakas ng nuclear reactions. Dahil dito, the core ng araw ay unti-unting lumiliit sa pagdaan ng panahon, na nagiging dahilan upang mas madalas mangyari ang nuclear reaction. Ang ibig sabihin nito, sa pagdaan ng panahon, ang araw ay dapat maging mas maliwanag kaysa sa nakalipas na panahon.

Ito ay isang suliranin para sa isang naniniwala sa ebolusyon na naniniwala na ang buhay sa mundo ay nag-evolve sa loob ng bilyong taon. Kung ang araw ay nagiging mas maliwanag sa pagdaan ng panahon, ang araw ay dapat mas mahina ang liwanag sa nakalipas na panahon. Ang mga naniniwala sa ebolusyon ay naniniwala na ang buhay ay lumitaw sa mundo mga 3.8 na bilyong taon na ang nakaraan. Ang araw ay dapat mas malamig ng 25% noon, na magiging dahilan upang ang mundo ay magkaroon ng average na temperature na mas mababa pa sa freezing o pagyeyelo. Kung bilyong taon na ang nakalilipas, ang mundo ay sobrang lamig upang magkaroon ng buhay.

**Malambot na Tissue sa Buto ng Dinosaur**

Taong 2005, natagpuan ni Dr. Mary Schweitzer ang red blood cells at hemoglobin sa buto ng dinosaur sa Montana. Ito ay lumikha ng suliranin para sa teoriya ng ebolusyon. Ayon sa siyensiya, ang malambot na tissue ay hindi maaaring tumagal nang higit sa ilang libong taon. Tiyak na hindi ito tatagal nang 65 bilyong taon kung kailan sinasabi ng mga naniniwala sa ebolusyon na namuhay ang huling mga dinosaur.

**Ang Dami ng Asin sa Dagat**

Ang asin ay tumatapon sa dagat nang mas mabilis kaysa sa pag-alis nito. Hindi ganoon kaalat ang dagat upang sabihing ito’y nangyayari na sa loob ng bilyong taon. Ang mundo ay hindi maaaring bilyong taon na ang edad batay sa dami ng asin sa dagat.

**Mga Tanong sa Pagbabalik-Aral**

(3) Ayon sa batas ng __________________, mayroong nakatakdang dami ng magagamit na matter at enerhiya sa daigdig. Ang enerhiyang ito ay unti-unting nawawalan ng gamit.

(4) Ayon sa teoriya ng ebolusyon, anong klaseng fossils ang dapat nating nakita?

(5) Ano ang inaasahan ng kuwento tungkol sa paglikha ayon sa Biblia tungkol sa genetic change?

(6) Magbigay ng tatlong halimbawa ng ebidensiya para sa medyo bata pang mundo.

## Ilang Tanong Para sa mga Naniniwala sa Ebolusyon

May mga tanong na nahihirapang sagutin ng mga naniniwala sa abolusyon, dahil ang ebolusyon ay hindi sapat na paliwanag sa katotohanan. Kung makikipag-usap ka sa isang taong tumatanggap sa ebolusyon, ang mga tanong na ito ay maaaring makatulong upang

sila'y mag-isip tungkol sa kanilang pinaniniwalaan at tanungin ang kanilang mga paniniwala.

1. Paano nagkaroon ng mga emosyon tulad ng pag-ibig?
2. Paano nag-evolve ang mga mas mataas na pag-iisip?
3. Paano nag-evolve ang proseso ng photosynthesis?
4. Alin ang unang nag-evolve, ang mga halaman o ang mga insektong naninirahan at nag-pollinate sa mga halaman?
5. Maaari ka bang magbigay ng isang halimbawa ng mutation na nagdagdag ng isang bagong genetic information sa isang organismo?
6. Paano mo ipaliliwanag ang pasimula ng unang buhay na cell mula sa isang bagay na walang buhay?
7. May mga naniniwala sa ebolusyon na dumarating sa punto na napagtatanto nila na ang buhay ay hindi maaaring magmula sa walang-buhay sa planetang ito. Bakit nila sinasabi na ang buhay ay inilipat mula sa ibang planeta—kahit alam nila na inililipat lamang nila ang suliranin sa ibang panig ng daigdig?
8. Kung naniniwala ka na ang bagay/enerhiya ay umiiral na mula pa sa simula, paano mo haharapin ang mga Batas ng Thermodynamics, na nagsasabing mayroong nakatakdang dami ng enerhiya sa sanlibutan, subali't ang enerhiyang ito ay unti unting nagiging hindi magagamit? Hindi kaya ang sanlibutan ay maaaring nawasak na ngayon?
9. Bakit mo ipinipilit na ang mundo ay napakatanda na, samantalang 90% ng mga paraang ginagamit upang bigyang edad ang mundo ay nagsasabing ito ay medyo bata pa?
10. Natitiyak mo ba na ang iyong mga sagot ay makatwiran, tumpak at maaaring mangyari ayon sa siyensiya, o mayroon kang bulag na pananampalataya sa teoriya ng ebolusyon?

**Pananampalataya sa Manlilikha**

Sa araling ito, nakita natin na ang ebolusyon ay hindi tugma sa mga katotohanan ng siyensiya. Ang mga inaasahan ng mga naniniwala sa ebolusyon ay hindi suportado ng mga ebidensiya sa ating mundo. Inaasahan nila na makakita ng ebidensiya na ang buhay ay maaaring magmula sa walang-buhay; inaasahan nila ang oras at pagkakataon upang magkaroon ng kakayahang lumikha ng complexity; inaasahan nila ang mga mutasyon upang ipaliwanag ang ebolusyon mula sa single-celled organism hanggang maging tao; at inaaasahan nilang makatagpo ng mga transitional forms sa pagitan ng mga pangunahing

uri ng halaman at mga hayop. Gayunman ang kanilang mga inaaasahan ay hindi natupad.

Sinasalungat ng mga naniniwala sa ebolusyon ang mga batas ng termodinamiks; sinasalungat nila ang mga batas ng genetic; sinasalungat nila ang mga record ng fossil; at sinasalungat nila ang ebidensiya ng isang batang mundo. Wala silang kakayahang sagutin ang mahihirap na tanong tungkol sa kanilang teoriya dahil ang kanilang teoriya ay hindi totoo.

Ang mga hindi naniniwala sa Dios at naniniwala sa ebolusyon ay tila walang kaugnayan sa katotohanan, dahil ipinipilit nila ang kanilang paniniwala sa kabila ng lahat ng ebidensiya na salungat dito. Ang mga naniniwala na ginamit ng Dios ang ebolusyon ay nagkompromiso na sa mga teoriya ng tao tungkol sa edad ng mundo at ebolusyon, samantalang hindi pinapansin ang mga malinaw na katuruan ng Biblia.

Ang ebidensiya mula sa mundo sa ating paligid ay malinaw na sumusuporta sa paniniwala sa Dios at sa paglikha sa halip na sa ebolusyon. Ang mga inaasahan ng mga naniniwala sa paglikha ay sinusuportahan ng mga pagsasaliksik na siyentipiko. Napagtanto ng mga Kristiyano na ang buhay ay dapat magmula sa buhay; at sa wakas ang ating pisikal na buhay at espirituwal na buhay ay nagmumula sa Isang siya ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay. Napagtanto natin na hindi tayo maaaring umiral sa pamamagitan lamang ng pagkakataon.

Naniniwala tayo sa Master Designer. Tinatanggap natin ang mga batas ng thermodynamics at ang mga prinsipyo ng genetics. Hindi ito sumasalungat sa ating mga paniniwala. Ang fossil record ay tumutugma sa ating paniniwala na ang Dios ang lumikha ng lahat ng bagay ayon sa kanya-kanyang uri. Naniniwala tayo na ang Biblia ay nagtuturo na ang mundo ay bata pa, kaya't ang ebidensiya para sa batang mundo ay hindi nakakagulo sa atin. Ang Dios at ang siyensiya ay kapwa sumusuporta sa mga naniniwala sa paglikha! May paniniwala tayo sa kuwento ng paglikha dahil may pananampalataya tayo sa Manlilikha.

### Pagsasabuhay ng Apologetics - Ang Patotoo ni Richard Lumsden

Pakinggan ang patotoo ng isang sanay na siyentipiko na humarap sa ebidensiya at naging isang matapat sa paniniwala sa paglikha at pagiging Kristiyano.[43]

Si Dr. Richard Lumsden (1938-1997) ay isang propesor ng parasitology at cell biology sa Tulane University. Nagsilbi siya bilang dean ng graduate school at naglathala ng daan-daang sulatin ayon sa siyensiya. Siya ay sinanay sa ebolusyon ayon kay Darwin. Siyensiya ang kanyang relihiyon. Naniwala si Dr. Lumsden na ang ebolusyon ay isang nakatatag na

[43] Adapted from http://www.wayoflife.org/database/from_evolution_to_creation_lumsden.html. Richard Lumsden's photo, retrieved from https://hearourtestimonies.com/atheist-professor-richard-lumsden-phd-converts-to-christianity/ April 25, 2020.

prinsipyo ng siyensiya, at madalas niyang pinagtatawanan ang mga paniniwalang Kristiyano.

Isang araw, may isang mag-aaral na pumunta sa kanyang opisina upang magtanong tungkol sa leksiyon sa araw na iyon tungkol sa ebolusyon. Hindi nakipagtalo ang mag-aaral sa alinman sa kanyang mga itinuro. Sa halip, nagtanong ito ng sunod-sunod:

- Paano nagsimula ang buhay?
- Hindi ba napaka-complex ng DNA upang mabuo sa pamamagitan lamang ng pagkakataon?
- Bakit may mga patlang sa mga fossil record sa pagitan ng mga pangunahing uri?
- Ano ang mga nawawalang links sa pagitan ng mga unggoy at tao?

Hindi nakipagtalo ang mag-aaral na ito, nagtanong lamang siya. Ibinigay ni Dr. Lumsden ang mga karaniwang sagot sa mga tanong tungkol sa ebolusyon. Subali't siya'y nagulumihanan tungkol sa pag-uusap na iyon. Hindi siya nakahanda sa mga matapat na katanungan. Habang siya'y sumasagot, nagsimula siyang mag-isip, "Mali ito. Ang aking nalalaman tungkol sa biology ay salungat sa aking mga sinasabi."

Makalipas ang ilang sandali, nagpasalamat ang mag-aaral sa kanya at umalis. Sa panlabas, mukhang may tiwala si Dr. Lumsden; subali't sa kanyang kalooban, siya'y nawasak. Alam niya na mali ang mga sinabi niya sa mag-aaral. May katapatan si Dr. Lumsden upang harapin ang kanyang mga pag-aalinlangan. Nagsimula siyang pag-aralan ang mga pangangatwiran para sa ebolusyon. Paglipas ng panahon, napagtanto niya na batay sa ebidensiyang siyentipiko, kailangan niyang tanggihan ang turo ni Darwin. Si Dr. Lumsden ay naniwala sa paglikha.

Pagkalipas noon, hinarap ni Dr. Lumsden ang isang bagong katanungan. "Kung ang mundo ay nilikha, sino ang Lumikha?" Pagkalipas ng ilang panahon, si Lumsden ay inanyayahan ng kanyang anak na babae upang dumalo sa sambahan. Sa nakaraang panahon, wala siyang interes sa relihiyon, subali't ngayon nais niyang malaman kung ang Biblia ay totoo. Ang Dios ba ng Biblia ang lumikha sa mundo?

Narinig ni Dr. Lumsden ang Mabuting Balita na isinugo ng Dios ang kanyang Anak upang bayaran ang parusa sa ating mga kasalanan at upang mag-alay sa tao ng kapatawaran at buhay na walang hanggan. Sa katapusan ng gawain, nag-anyaya ang pastor sa mga di-mananampalataya upang tanggapin si Cristo sa publiko. Nang umagang iyon, ang isang di-naniniwala sa Dios, at naniniwala sa ebolusyon na nakakita sa ebidensiya ng paglikha ay yumuko sa kanyang Manlilikha at naging isang mananampalataya.

## Konklusyon

Nang sumunod na Linggo, maagang pumunta sa parke si Jia. Excited siyang makita si Lee! Subali't nang makita niya si Lee, alam niya na hindi ito talagang excited. "Ano ang problema? Nagdala ka ba ng sagot sa aking tanong?" tanong ni Jia.

Sinabi ni Lee, "Nag-aral ako buong linggo, subali't hindi ako nakakita kahit isang halimbawa ng walang-buhay na bagay na naging isang buhay na nilalang. Nagsisimula na akong tanungin ang aking siyensiya! Marahil ang aking paniniwala sa ebolusyon ay nakabatay lamang sa paniniwala ko kay Darwin sa halip na sa siyentipikong mga patunay. Ayaw ko iyan!"

Tumawa si Jia, "Sa palagay ko tama ka. Naniniwala ka kay Darwin; naniniwala ako sa Manlilikha. Sa palagay ko nagbibigay ang mundo ng saganang dahilan upang maniwala tayo sa kuwento ng paglikha sa Genesis."

Nagliwanag ang mukha ni Lee. "Sa gayun, maaaring wala nga akong sagot sa iyong katanungan, subalit sa palagay ko hindi ka rin nakakita ng sagot sa aking tanong! Nakakita ka ba ng kahit isang dakilang siyentipiko na naniniwala sa kuwento ng paglikha?"

Tumawa si Jia. "Tama ka, Lee. Hindi ako nakatagpo ng isang siyentipiko na naniwala sa paglikha. Nakatagpo ako ng dose-dosenang dakilang siyentipiko na naniwala sa paglikha! Mas lalong pinag-aaralan ng mga siyentipiko ang ating mundo, mas lalo nilang napagtatanto na ang ebidensiya ay tumutukoy sa isang Manlilikha. Hindi ko babanggitin ang buong listahan; subali't tingnan mo kung may makikilala kang alinman sa mga pangalang ito, Lee."

Nagsimula si Jia sa paglilista ng ilan sa mga dakilang siyentipiko sa kasaysayan:

- Si Copernicus, na unang kumilala na ang araw ang sentro ng sanlibutan.
- Si Galileo, na siyang itinuturing na "Ama ng Modernong Siyensiya."
- Si Johannes Kepler, na siyang unang nagpaliwanag ng pagkilos ng mga planeta.
- Si Sir Isaac Newton, na siyang nagformulate ng batas ng gravity.
- Si Robert Boyle, na itinuring na unang modernong chemist.
- Si Louis Pasteur, na lumikha ng unang bakuna para sa rabies at anthrax.
- Si Max Planck, na nagtatag ng modernong quantum mechanics.

"Lee," pagwawakas ni Jia, "Kung sisiyasatin mo ang ebidensiya, makikita mo na ang pinakadakilang mga isipan sa siyensiya ay nakauunawa na ang tanging paliwanag para sa kagandahan at complexity ng ating mundo ay ang isang Dios na nagtataglay ng walang hanggang kapangyarihan at pagiging malikhain. Mayroon tayong mabuting dahilan upang maniwala sa isang Manlilikha."

## Mga Takdang-Aralin ng Aralin

(1) Apologetics at ang Ulo: Sisimulan mo ang susunod na klase sa isang pagsusulit gamit ang mga tanong sa pagbabalik-aral mula sa Aralin 4. Maingat na pag-aralan ang mga tanong bilang paghahanda sa pagsusulit.

(2) Apologetics at ang Puso: Maaaring mayroon kang mga kaibigan o miyembro ng pamilya na nakumbinsi na totoo ang ebolusyon. Bago ibahagi sa kanila ang impormasyon ng araling ito, ipanalangin na tulungan ka ng Banal na Espiritu. Hilingin sa Dios na kilusin ang kanilang puso sa katotohanan tungkol sa dakilang nilikha ng Dios.

(3) Apologetics at ang Kamay: Umisip ng isang tao na may tanong tungkol sa paglikha. Tanungin ang taong ito kung maaari mong ibahagi sa kanya ang impormasyon na natutuhan mo sa araling ito. Kung siya ay naniniwala sa paglikha, itanong ang mga tanong mula sa huling bahagi ng leksiyong ito. Dalhin sa klase ang isang report ng iyong pakikipag-usap sa taong ito.

## Mga Tanong sa Pagsusulit sa Aralin 4

(1) Ano ang ibig sabihin kapag sinabing ang ebolusyon at ang paglikha ay kapwa "pagpapahayag ayon sa pananampalataya"?

(2) Ano ang itinuturo ng batas ng biogenesis?

(3) Ayon sa batas ng __________________, mayroong nakatakdang dami ng magagamit ng matter at enerhiya sa sanlibutan. Ang enerhiyang ito ay unti-unting nagiging hindi nagagamit.

(4) Ayon sa teoriya ng ebolusyon, anong klase ng fossils ang dapat nating matagpuan?

(5) Ano ang inihuhula ng kuwento ng paglikha mula sa Biblia tungkol sa genetic change?

(6) Magbigay ng tatlong halimbawa ng ebidensiya para sa itinuturing na bata pang mundo.

(7) Isulat ang Genesis 2:1-3.

# Aralin 5
# Ang Pangkalahatang Argumento para sa Pananampalatayang Kristiyano

## Mga Tagubilin

(1) Magbigay ng pagsusulit gamit ang Mga Tanong sa Pagbabalik-Aral mula sa Aralin 4.

(2) Ang bawat mag-aaral ay magbibigay ng maigsing buod ng kanilang pakikipag-usap para sa takdang-aralin para sa "Apologetics at ang mga Kamay" sa dulo ng Aralin 4.

(3) Isasaulo ng mga mag-aaral ang 1 Tesalonica 2:13.

(4) Isasaulo ng mga mag-aaral ang Pangkalahatang Pangangatwiran para sa Pananampalatayang Kristiyano.

(5) Talakayin ang bawat tanong na may markang ►.

(6) Itanong ang bawat Tanong sa Pagbabalik-Aral sa panahon ng leksiyon at muli sa dulo ng klase.

## Paalala sa Mag-aaral

Inihahayag ng maikling araling ito ang mga pangangatwirang bubuuin sa Aralin 6-8. Maaaring hindi mo lubos na maunawaan ang araling ito hanggang hindi mo napag-aaralan ang mga susunod na aralin. Upang pinakamabuting maunawaan ang pangangatwiran para sa pananampalatayang Kristiyano, basahin mo ang leksiyong ito, isaulo ang nakatakdang talata, pag-aralan ang Aralin 6-8, at pagkatapos pagbalik-aralan muli ang leksiyong ito. Pagkatapos mong matutuhan ang mga pangangatwiran sa mga sumusunod na leksiyon, maaari mong balikan ang araling ito para sa mas malinaw na pag-unawa.

## Pasimula

Nang makita ni Lee si Jia sa labas ng kanilang apartment, mukhang seryoso ito. Pagkatapos magkumustahan sandali, sinabi ni Jia, "Maaari ba akong magtanong? Bigyan mo ako ng isang matapat na sagot."

"Oo naman!" nag-aalalang tugon ni Lee. Bagaman madalas siyang makipagtalo kay Jia, iginagalang ni Lee ang malalim na pananampalatayang Kristiyano nito. Malinaw na talagang sinsero si Jia sa pagmamalasakit kay Lee bilang isang tao. Umasa siya na hindi naman ito galit sa kanya. Nagpatuloy si Lee, "May problema ba?"

"Wala namang problema, subalit nag-iisip lamang ako. Nag-uusap tayo tungkol sa pananampalatayang Kristiyano, subali't tunay bang hinahanap mo ang katotohanan?

Kung ang mga tanong mo ay para lamang sa iyong pag-iisip, hindi mo talaga makikilala ang Nagbibigay ng Katotohanan. Hinahanap ba talaga ng iyong puso ang katotohanan?”

Ilang minutong nag-isip si Lee. Kung minsan kinaiinggitan niya ang pananampalataya ni Jia sa Dios; subali’t hindi siya sigurado kung handa ba siyang tanggapin ang relihiyon ni Jia, kahit pa nasagot na nito ang lahat ng kanyang mga tanong. Sinabi ni Lee, “Hindi ko alam. Sa *palagay* ko tatanggapin ko ang katotohanan kahit pa ayaw ko iyon. Subali’t hindi ako sigurado.”

Tumugon si Jia, “Sa palagay ko, kailangan mong tanungin ang iyong sarili, ‘Talaga bang hinahanap ko ang katotohanan?’ Kung wala ang katapatan mula sa iyong pag-iisip, ang ating mga pag-uusap ay hindi hihigit pa sa pagtatanong lang ng iyong isip. Pag-isipan mo ang tanong na ito at muli tayong mag-usap bukas.”

## Paggawa ng Kaso para sa Pananampalatayang Kristiyano


Kung nais mong magharap ng kaso para sa pananampalatayang Kristiyano, mahalaga na magkaroon ng isang mabuting pangangatwiran para sa pagkasi/inspirasyon ng Biblia at ang katotohanan ng Kristiyanismo. Maraming tao ngayon ang nagsasabi, “Hindi mahalaga kung ang isang relihiyon ay totoo. Ang mahalaga ay kung kapaki-pakinabang sa iyo ang iyong relihiyon.” Ipinipilit nila, “Walang bagay na absolute, kayat hindi natin malalaman na ang alinmang relihiyon ay totoo.”

Gayunman, natutuhan natin sa Aralin 2 na hindi valid ang pangangatwirang ito. Ang katotohanan ng ating relihiyon ay napakahalaga. Kung hindi totoo ang Kristiyanismo, ang mga Kristiyano ay hangal sa pagsunod sa isang huwad na relihiyon.

Sa leksiyong ito, magsisimula tayong gumawa ng kaso para sa pananampalatayang Kristiyano. Makikita natin na ang Kristiyanismo ay isang makatwirang pananampalataya. Mapagtitiwalaan natin na ang Kristiyanismo ay totoo. Ang ating kaso ay nangangatwiran na:

1. Ang Biblia ay ang Salita ng Dios.
2. Si Jesus ang tanging daan papunta sa Langit.
3. Totoo ang pananampalatayang Kristiyano.

Ang mga sumusunod na leksiyon ay magbibigay ng katibayan para sa bawat block sa ating kaso para sa Kristiyanismo. Para sa ngayon, matututuhan mo ang bawat block na ginamit para sa ating kaso.




Ang unang block sa ating kaso ay **Mapagkakatiwalaan ayon sa Kasaysayan**. Mapagkakatiwalaan ayon sa kasaysayan ang Bagong Tipan. Kung ang Biblia ay hindi mapagkakatiwalaan sa kanyang kasaysayan, walang tayong maaaring mapanghawakan. Subali't kung ang Biblia ay tumpak ayon sa kasaysayan, mayroon tayong sapat na ebidensiya upang maniwala na si Jesus ay muling nabuhay mula sa mga patay at tumupad sa maraming propesiya patungkol sa Mesiyas.

Ang mga blocks ng **Propesiya** at **Muling Pagkabuhay** ay nagpapakita na si Jesus ay siya nga ayon sa kanyang sinabi—ang Mesiyas, ang Anak ng Dios, ang Dios na nagkatawang-tao. Ang blocks ng Propesiya at Muling Pagkabuhay ay sumusuporta sa katotohanan na **si Jesus ay Dios.**

Ang susunod na bahagi ng ating kaso ay nagsasabi na si **Jesus ay hindi maaaring magkamali**. Dahil si Jesus ay Dios, alam natin na siya ay hindi maaaring magkamali. Ang maging infallible ay nangangahulugan na si Jesus ay hindi maaaring maging mali.

Sinabi ni Jesus na ang Biblia ay ang Salita ng Dios at siya ang tanging daan patungo sa Dios.

Ang katotohanan na si Jesus ay hindi maaaring magkamali ay sumusuporta sa itaas na block ng ating kaso: **Totoo ang Kristiyanismo!** Si Jesus, ang Anak ng Dios, ay nagkatawang-tao, namatay sa krus, at muling mabuhay mula sa libingan upang tayo ay mapatawad at muling maiugnay sa Dios. Ito ang mensahe ng pananampalatayang Kristiyano.

**Mga Tanong sa Pagbabalik-Aral**

(1) Ano-ano ang anim na blocks na sumusuporta sa kaso para sa pananampalatayang Kristiyano?

## Tunay ba ang Pananampalatayang Kristiyano?

Ang anim na mga bloke ay kumakatawan sa serye ng mga pahayag na nagdadala sa atin sa isang makatwiran/logical na konklusyon. Sa Aralin 6-8, makikita natin ang ebidensiya para sa bawat isang pahayag. Para sa leksiyong ito, isaulo ang bawat pahayag at ang konklusyon.

***Pahayag 1*: Ang Bagong Tipan ay mapagkakatiwalaan patungkol sa kasaysayan.**

Ito ang pundasyon ng ating kaso para sa pananampalatayang Kristiyano. Kung hindi tumpak ang Bagong Tipan ayon sa kasaysayan, wala tayong kaso. Kung ang Bagong Tipan ay tumpak ayon sa kasaysayan, maaari nating matibay na maipagtanggol ang katotohanan ng pananampalatayang Kristiyano.

***Pahayag 2*: Tinupad ni Jesus ang mga propesiya tungkol sa Mesiyas.**

Tinupad ng buhay, ministeryo at kamatayan ni Jesus ang di-mabilang na propesiya na ipinahayag daang taon bago pa siya isinilang.

***Pahayag 3*: Muling nabuhay si Jesus mula sa mga patay.**

Batay sa pagiging mapagkakatiwalaan ng Bagong Tipan, maaari nating pagtiwalaan ang ebidensiya na si Jesus ay muling nabuhay mula sa mga patay.

***Pahayag 4*: Ang muling pagkabuhay ni Jesus at pagtupad sa propesiya ay nagpapakita na siya ang Mesiyas, ang Anak ng Dios, ang Dios na nagkatawang-tao.**

Kung si Jesus ay muling nabuhay mula sa mga patay at tumupad sa mga propesiya tungkol sa Mesiyas sa Lumang Tipan, samakatuwid Siya ang Anak ng Dios.

***Pahayag 5*: Dahil si Jesus ay Dios, hindi siya maaaring magkamali.**

Kapag sinabing infallible, ibig sabihin walang pagkakamali. Kung si Jesus ay Dios, ang kanyang mga salita ay lubusang mapagkakatiwalaan.

***Pahayag 6*: Itinuro ni Jesus na ang Biblia ay ang Salita ng Dios at siya ang tanging daan patungo sa Dios.**

Paulit-ulit, pinatotohanan ni Jesus na ang Kasulatan ay ang Salita ng Dios.[44] Paulit-ulit niyang sinabi sa kanyang mga tagapakinig na siya lamang ang tanging daan patungo sa Dios.[45]

***Konklusyon*: Kung si Jesus ay Dios, dapat nating paniwalaan ang kanyang sinabi: Ang Biblia ay ang Salita ng Dios at si Jesus ang tanging daan patungo sa Dios. Samakatuwid, totoo ang Kristiyanismo.**

> "Hindi ako naging isang Kristiyano dahil pinangakuan ako ng Dios na magkakaroon ako ng mas maligayang buhay kaysa noong ako'y atheist pa. Hindi siya nangako ng anupaman…. Naging Kristiyano ako dahil ang mga ebidensiya ay sobrang nakakakumbinsi na tunay na si Jesus ang tanging nag-iisang Anak ng Dios. Pinatunayan Niya ang kanyang pagiging Dios nang muling mabuhay mula sa mga patay. Ibig sabihin, ang pagsunod sa kanya ang pinakamakatwiran at logical na hakbang na maaari kong gawin."
>
> \- Lee Strobel

Kung ang bawat isa sa mga pahayag sa itaas ay totoo, dapat totoo rin ang konklusyon.  Ang bawat isang pahayag ay itinatatag ayon sa sinundang pahayag, nagsisimula sa pagiging mapagkakatiwalaan ng Biblia patungkol sa kasaysayan.

Una, pag-aaralan natin ang ebidensiya na ang Bagong Tipan ay tunay ngang mapagkakatiwalaan.  Sinasabi ng mga di-madaling maniwala na, "Ang Biblia ay nakopya na ng napakaraming beses na hindi na natin alam kung ano ang orihinal na nakasulat dito," o kaya'y "Ang mga kuwento sa Bagong Tipan ay mga kathang-isip dahil ang mga ito ay nabuo lamang sa paglipas ng panahon.  Ang orihinal na pangyayari ay hindi katulad ng mga nakasulat sa Bagong Tipan."

Maaari ka bang tumugon sa mga pangungusap na ito? Ang mga ito ay karaniwang pagtutol sa pagtitiwala sa Bagong Tipan patungkol sa kasaysayan.  Sa susunod na aralin, matututuhan natin kung paano ipakikita sa isang tao na ang Biblia ay maaaring pagtiwalaan tungkol sa kasaysayan.

► Talakayin ang bawat isa sa anim na pahayag at ang konklusyon.  Tiyaking nauunawaan mo kung **bakit** ang konklusyon ay dapat totoo kung ang mga pahayag ay totoo. Isaulo ang anim na pahayag at ang konklusyon.  Ito ang magiging pundasyon para sa susunod na tatlong aralin.  Kakailanganin mong isulat ang mga pahayag na ito at ang konklusyon sa pagsusulit para sa araling ito.

**Mga Tanong sa Pagbabalik-Aral**

(2) Ilista ang anim na pahayag at ang konklusyon na nagbibigay ng kaso para sa pananampalatayang Kristiyano.

---

[44] Mateo 5:18, 15:4; Marcos 12:36; Lucas 24:44-46
[45] Juan 14:6

## Pagsasabuhay ng Apologetics - Ang Testimonya ng Isang Naghahanap ng Katotohanan

Si Jordan Monge[46] ay isang atheist sa buong panahon niya sa mataas na paaralan. Kapag kinakausap siya ng mga Kristiyano tungkol sa Biblia, nagagawa niyang talunin ang lahat ng kanilang pangangatwiran.

Taong 2008, nagtungo si Jordan sa Unibersidad ng Harvard upang mag-aral tungkol sa pamahalaan. Ang motto ng Harvard ay Veritas, "Katotohanan". Bilang isang atheist na mag-aaral sa Harvard, naharap si Jordan Monge sa katotohanang pangwalang-hanggan.

Sa Harvard, naging kaibigan ni Jordan ang isa pang mag-aaral, si Joseph Porter, na isang matibay na Kristiyano. Hindi lamang isang Kristiyano si Porter, nagtataglay din siya ng matalinong kaisipan at nakakatugon siya sa mga pangangatwiran ni Monge laban sa pagkakaroon ng Dios. Sa patuloy na pagbibigay ni Monge ng kanyang mga pangangatwiran kay Porter, magalang itong nakikinig sa kanya at maingat siyang sinagot nito. Ngayon lamang siya nakakilala ng Kristiyanong katulad nito.

Si Ms. Monge ay isang atheist, subalit naniniwala siyang mayroong absolute na batas pangmoral na nagpapakilos sa ating sanlibutan. Ipinakita sa kanya ni Joseph ang pagkakasalungatan ng pag-angkin ng absolutes tungkol sa tama at mali nang hindi naniniwala sa isang Dios na lumikha sa mga absolutes na ito. Ipinakita rin niya rito ang pagkakasalungatan ng paniniwala na ang sanlibutan ay nalikha ng "Big Bang" nang hindi ipinakikita na may isang tao o bagay na siyang dahilan upang maganap ang Big Bang.

Dahil sa mga pangangatwirang ito, si Jordan ay naniwalang mayroong Dios, gayunman patuloy niyang tinanggihan si Jesus bilang ang Dios na nagkatawang-tao.[47] Sa kanyang patuloy na pagbabasa, gayunman, nalaman niya na inilalarawan ng mga Kristiyano ang pag-ibig bilang "ang pagtatalaga ng sarili para sa tunay na kabutihan ng ibang tao." Napagtanto ni Ms. Monge na ito ang dahilan kaya't isinakripisyo ng Dios ang kanyang Anak upang mamatay para sa mga makasalanan. "Gayon na lang ang pag-ibig ng Dios sa sanlibutan kaya't ibinigay niya ang Kanyang Nag-iisang Anak". Iyon ang tunay na pag-ibig.

Isang araw, sa unang beses nabasa ni Jordan ang kuwento ng pagpapako sa krus. Napahagulgol siya nang mapagtanto niya ang kagandahan ng nagsasakripisyong pag-ibig ng Dios.

Nang sumunod na ilang buwan, pinag-aralan ni Jordan ang mga sinulat ng mga dakilang Kristiyano tulad nina Augustine, Blaise Pascal, at C.S. Lewis. Nagsimula siyang mapagtanto na ang pananampalatayang Kristiyano ay hindi lamang maganda; ito ay

---

[46] Ito ay sinipi sa patotoo ni Jordan Monge na inilathala sa *Christianity Today,* March 2013.

[47] Tinatanggap ng isang deist ang "divine power" subalit hindi naniniwala na ipinahahayag ng Dios ang kanyang sarili sa personal na paraan sa sangkatauhan. Tinatanggihan ng isang deist ang pagkakatawang-tao at iba pang anyo ng espesyal na rebelasyon, subalit tinatanggap ang pangkalahatang rebelasyon sa pamamagitan ng kalikasan.

totoo. Taong 2009, sa Linggo ng Pagkabuhay, si Jordan Monge ay binawtismuhan bilang isang bagong mananampalataya. Sa unang pagkakataon, nalaman niya ang Veritas, ang "Katotohanan."

## Konklusyon

Nang sumunod na umaga, hinihintay na ni Lee sa daan si Jia. "Pinag-isipan ko na ang iyong tanong. Sa palagay ko, hindi mo mapatutunayan ang katotohanan ng pananampalatayang Kristiyano dahil sa palagay ko iyon ay isang kathang-isip lamang. Gayunman, nais kong maging isang matapat na tao. Kung maipapakita mo sa akin na ang pananampalatayang Kristiyano ay totoo, tatanggapin ko ang aking pagkakamali at sisikapin kong maniwala."

Masayang sumagot si Jia, "Iyan lamang ang hinihiling ko, Lee. Naniniwala ako na ipapahayag ng Dios ng Katotohanan ang kanyang sarili sa sinumang tunay na naghahanap ng katotohanan. Pinag-aaralan ko na ang mga dahilan upang paniwalaan ang pananampalatayang Kristiyano. Kung tutulungan ako ng Dios, sa palagay ko, kaya kong ipakita sa iyo na mayroong mabuting dahilan upang maniwala na mayroong Dios, na si Jesus ay nabuhay, namatay at muling nabuhay mula sa libingan upang dalhin tayo sa kaugnayan sa Dios. Mag-usap tayo sa susunod na linggo tungkol sa Biblia at kung ano ang ipinakikita nito tungkol sa katotohanan ni Cristo Jesus, ang Mesiyas."

## Mga Takdang-Aralin ng Aralin

(1) Apologetics at ang Ulo: Sisimulan mo ang susunod na klase sa isang pagsusulit gamit ang mga tanong sa pagbabalik-aral mula sa Aralin 5. Pag-aralang mabuti ang mga tanong na ito bilang paghahanda para sa pagsusulit.

(2) Apologetics at ang Puso: Kapag nagpapatotoo sa isang di-mananampalataya, mayroong panganib na makalikha ng intellectual competition/paglalabanang pangkaisipan. Dahil dito mararamdaman ng isang di-madaling maniwala na kapag siya'y nakumbinsi ng katotohanan ng pananampalatayang Kristiyano, "natalo" na siya sa kanyang pangangatwiran. Hilingin sa Dios na maging sensitibo ka sa espiritu ng mga taong iyong binabahaginan. Ang Apologetics ay dapat makipag-ugnayan nang puso sa puso, hindi lamang isip sa isip.

(3) Apologetics at ang mga Kamay: Matapos pag-aralan ang pangangatwiran para sa pananampalatayang Kristiyano, ibahagi ang mga pahayag na ito sa isang di-mananampalataya. Kung maaari, kausapin uli ang di-mananampalataya na kinausap mo sa mga naunang aralin. Itanong, "Kung maipakikita ko na ang bawat block ay totoo, papayag ka bang making sa aking pagpapahayag?" Tandaan na ang iyong layunin ay hindi ang ipanalo ang iyong pangangatwiran, kundi magkaroon ng pagkakataon na ibahagi ang katotohanan. Kumuha ng mga notes tungkol sa inyong pag-uusap upang maibahagi sa klase sa inyong susunod na pagkikita.

## Mga Tanong sa Pagsusulit sa Aralin 5

(1) Ano ang anim na mga bloke na sumusuporta sa kaso para sa pananampalatayang Kristiyano?

(2) Ilista ang anim na pahayag at konklusyon na nagbibigay ng kaso para sa pananampalatayang Kristiyano.

(3) Isulat ang 1 Tesalonica 2:13.

# Aralin 6
# Mapagkakatiwalaan ang Bagong Tipan

## Mga Tagubilin

(1) Magbigay ng pagsusulit gamit ang Mga Tanong sa Pagbabalik-Aral mula sa Aralin 5.

(2) Hilingan ang bawat mag-aaral na magbigay ng maikling buod ng kanilang pakikipag-usap na takdang-aralin para sa "Apologetics at mga Kamay" sa dulo ng Aralin 5.

(3) Isasaulo ng mga mag-aaral ang 2 Timoteo 3:16-17.

(4) Talakayin ang bawat tanong na may markang ►.

(5) Itanong ang bawat Tanong sa Pagbabalik-Aral sa panahon ng leksiyon at muli sa katapusan ng klase.

(6) Medyo mahaba ang leksiyong ito at naglalaman ng maraming mahahalagang impormasyon. Maaari mong hatiin ang leksiyon sa dalawang bahagi.

## Pasimula

Nakaupo si Jia sa parke habang binabasa ang kuwento tungkol sa pagpapako sa krus at muling pagkabuhay ni Jesus. Simula nang siya'y maging isang Kristiyano, ito ang kanyang paboritong bahagi ng Bagong Tipan. Maraming beses na niyang binasa ang Ebanghelyo ni Juan at kaya na niyang ikuwento ang Muling Pagkabuhay mula sa kanyang pagkakasaulo.

Nang dumaan si Lee at nakita ang kanyang binabasa, sinabi nito: "Jia, bakit gustong gusto mong binabasa ang aklat na iyan? Katulad lang naman iyan ng ating mga sinaunang alamat na Tsino!"

Tumutol si Jia, "Ito ay higit pa sa isang alamat; ito ang Salita ng Dios! Ang mga kuwento sa aklat na ito ay isinulat ng mga taong nakasama ni Jesus nang maraming taon. Sinasabi ng aklat na ito sa akin kung ano ang pakiramdam ng makinig kay Jesus sa kanyang pagtuturo, at masaksihan ang kanyang mga himala. Gustong gusto ko ang aklat na ito!"

Ngumiti si Lee, "Natitiyak ko na kawili-wili iyan, subali't ang mga ebanghelyo ay isinulat matagal na panahon matapos na mamatay si Jesus. Sa panahon na naisulat ang Bagong Tipan, marami sa mga kuwento sa buhay ni Jesus ay nabago na. Hindi natin mapagtitiwalaan ang aklat na ito para sa kasaysayan. Ito ay isang aklat ng relihiyon, hindi aklat ng kasaysayan! Maaari kang magkaroon ng "pananampalataya sa iyong aklat kung gusto mo, subali't hindi mo malalaman na ito nga ay totoo."

"Di ako sumasang-ayon diyan," sagot ni Jia. "Iniaasa ko ang aking pangwalang-hanggang kinabukasan sa aklat na ito dahil alam ko na ito ay totoo. Maaari ko bang ipakita sa iyon ang ilang bagay na natutuhan ko bilang suporta na mapagtitiwalaan ang aklat na ito? Oo, mayroon akong pananampalataya, subalit ang aking pananampalataya ay nakasalig sa isang pundasyon ng katotohanang pangkasaysayan."

► Paano ka tutugon kay Lee? Maaari ba nating pagtiwalaan ang mga kuwento sa Biblia? Paano natin malalaman na ang mga kuwento ay totoo?

## Ang Petsa ng Bagong Tipan

May mga nagsasabi, "Hindi mahalaga kung ano ang iyong pinaniniwalaan, basta sinsero ka sa iyong pananampalataya." Sa ikalawang leksiyon, nakita natin ang problema sa pahayag na ito. Kahit gaano ka kasinsero sa paniniwala na ang isang basong lason ay tubig, mamamatay ka pa rin dahil sa lason. Hindi sapat na naniniwala lang, ang iyong pananampalataya ay dapat nakabatay sa katotohanan.

Sa Aralin 5, pinag-aralan natin ang pangkalahatang pangangatwiran para sa Kristiyanismo. Natutuhan mong maghanda ng pagtatanggol para sa Kristiyanismo, isa isang block o isa-sang pahayag. Ngayon kailangan nating ipakita na lahat ng mga pahayag ay totoo. Kung ang mga ito ay totoo, ang konklusyon ay magiging totoo. Subali't kailangan nating ipakita na ang mga ito ay totoo, simula sa unang pahayag o building block.

► Ano ang mangyayari sa ating pagtatanggol sa Kristiyanismo kung may isang makapagpapatunay na ang Bagong Tipan ay HINDI mapagtitiwalaan patungkol sa kasaysayan.

Kung ang Bagong Tipan ay hindi mapagtitiwalaan patungkol sa kasaysayan, tayo ay mga tagasunod ng isang huwad na relihiyon. Mapagtitiwalaan ba ang Bagong Tipan patungkol sa kasaysayan? Sa araling ito, pag-aaralan natin ang tatlong karaniwang pagtutol sa pagiging mapagtitiwalaan ng Bagong Tipan at pagkatapos ay sasagutin natin ang mga pagtutol na ito.

### Pagtutol 1: Ang Bagong Tipan ay isinulat 100-200 taon pagkatapos ng buhay ni Cristo. Marami sa mga kuwento sa Bagong Tipan ay mga kathang-isip lamang.

Ang mga hindi madaling maniwala ay nagsasabi na ang Bagong Tipan ay isinulat mga 100-200 taon pagkatapos mamatay si Jesus. Sa mga panahong ito, ang mga kuwento tungkol sa buhay ni Jesus ay nagpasalin-salin lamang sa mga kuwentong pasalita at hindi sa nakasulat na anyo nito. Ibig sabihin na ang mga kuwento ay maaaring nabago na. Ito ang itinututol ng mga di-mapaniwalain. Sinasabi nila na ang marami sa mga kuwentong kasama sa mga ebanghelyo ay kathang-isip lamang na nabuo sa loob ng 100-200 taong panahon.

**Tugon sa Pagtutol 1: Ang Bagong Tipan ay kumpleto na sa loob ng animnapung taon ng buhay ni Jesus. Hindi sapat ang panahong iyon upang maging isang kathang-isip ang kuwento ni Cristo.**

Mayroong malakas na ebidensiya na ang Bagong Tipan ay isinulat ng mga nakasaksi sa buhay ni Jesus. Sa panahong isinusulat ang mga ebanghelyo, maraming mga taong nakasaksi sa mga pangyayaring inilalarawan ang nabubuhay pa. Malalaman ng mga taong ito kung ang mga kuwento ay totoo o hindi!

Mayroon tayong matibay na ebidensiya na ang Bagong Tipan ay kumpleto na sa loob ng 60 taon mula sa pagkamatay ni Jesus. Sa katotohanan, karamihan sa aklat ng Bagong Tipan ay isinulat sa loob ng mga tatlumpung taon pagkamatay ni Cristo. Narito ang apat na piraso ng ebidensiya upang suportahan ang ating tugon sa unang pagtutol.

**Katibayan:**



1. May mga manuskrito na natagpuan mula sa mga unang taon ng ikalawang siglo. Ang **John Rylands Papyrus** ay isang bahagi ng ebanghelyo ni Juan na natagpuan sa Egipto. Ang kopya ng Juan ay may petsang A.D. 125. Upang ang John Rylands Papyrus ay makarating sa Egipto at makopya sa taong A.D. 125, ang orihinal na manuskrito ay dapat isinulat na sa mas maagang petsa.[48]
2. Ang mga sinaunang ama ng iglesya[49] tulad nina Clement at Ignatius ay bumabanggit na ng mga aklat ng Bagong Tipan sa mga taong A.D. 100. Ito ay nagpapakita na ang mga aklat na ito ay naipamahagi na sa panahong iyon.
3. Karamihan sa Bagong Tipan ay maaaring naisulat na bago pa man nawasak ng hukbong Romano ang Jerusalem noong A.D.70 dahil walang pagbanggit sa pangyayaring ito sa kasaysayan sa Bagong Tipan, na nagsasabing naganap na ito. Napakalaki ng naging epekto sa iglesyang Kristiyano ng pagkawasak ng Jerusalem Ang pagsulat ng Bagong Tipan **pagkatapos** ng A.D.70 nang hindi man lang binabanggit ang pagkawasak ng Jerusalem ay maitutulad sa pagsulat ng kasaysayan ng Inglatera sa ika-20 siglo nang hindi binabanggit ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig.
4. Ang aklat ng Mga Gawa at lahat ng mga liham ni Pablo ay isinulat bago namatay si Pablo sa kalahatian ng A.D.60.[50] Ipinapakita ng Mga Gawa 1:1-2 na ang

[48] Image: "P52 recto", John Rylands Library, retrieved from https://commons.wikimedia.org/wiki/File:P52_recto.jpg, public domain.
[49] Ang salitang "ama ng iglesya" ay tumutukoy sa mga Obispo na nanguna sa iglesyang Kristiyano sa panahon ng mga unang siglo pagkamatay ni Cristo.
[50] Namatay si Emperador Nero ng Roma noong A.D. 68. Ayon sa historyador ng unang iglesya na si Eusebius, si Pablo ay binitay sa panahon ng panunungkulan ni Nero.

Ebanghelyo ni Lucas ay isinulat bago ang aklat ng Mga Gawa. Kaya't ang Ebanghelyo ni Lucas ay mas maaga pa kaysa sa kalahatian ng A.D.60.

Konklusyon: Ang mga kuwento sa Bagong Tipan ay isinulat ng mga nakasaksi sa loob ng ilang dekada sa panahon na nabuhay si Jesus.

| Petsa | Kaganapan |
|---|---|
| c. A.D. 33 | Pag-akyat ni Jesus sa Langit |
| c. A.D. 65 | Kamatayan ni Pablo |
| A.D. 70 | Pagkawasak ng Jerusalem |
| A.D. 100 | Si Clement at si Ignatius |
| A.D. 125 | John Rylands Papyrus |

**Mga Tanong sa Pagbabalik-Aral**

(1) Tumugon sa sumusunod na pagtutol: "Ang Bagong Tipan ay isinulat 100–200 taon pagkatapos ng buhay ni Cristo. Marami sa mga kuwento sa Bagong Tipan ay mga kathang-isip lamang." Magbigay ng kahit man lang tatlong piraso ng ebidensiya upang sumuporta sa iyong tugon.

## Mapagkakatiwalaan ang Bagong Tipan: Ang Pagsubok sa Bibliograpikal

Natukoy na natin ang tinatayang panahon na ang Bagong Tipan ay isinulat, subali't alam ba natin kung ano ang orihinal na nakasulat? May mga di madaling maniwala na nangangatwiran na ang mga aklat ng Bagong Tipan ay iba sa orihinal na mga ebanghelyo. Kung hindi nating tinataglay kung ano ang orihinal na nasusulat, sagayun hindi natin mapagtitiwalaan ang Bagong Tipan.

May tatlong pangunahing mga pagsubok na magagamit upang alamin kung mapagtitiwalaan ang mga sinaunang dokumento. Ang tatlong pagsusuring ito ay ginagamit sa anumang piraso ng sinaunang literatura. Ang mga pagsusuring ito ay nakatutulong sa atin upang tiyakin ang pagiging mapagtitiwalaan ayon sa kasaysayan ng teksto na ating binabasa. Ang unang pagsusuri ay ang *Pagsubok sa Bibliograpikal.*

Sinusuri ng Pagsubok sa Bibliograpikal kung gaano kahusay naipreserba ang isang dokumento. Gamit ang Pagsubok sa Bibliograpikal, nalalaman natin kung taglay natin o hindi ang teksto ng orihinal na dokumento.

May tatlong aspeto ang Pagsubok sa Bibliograpikal:

1. *Agwat sa Panahon.* Ito ang sumusukat sa bilang ng taon sa pagitan ng orihinal na dokumento at ng ating pinakamaagang natitirang kopya. Mas maikli ang panahon sa pagitan nila, mas higit na maaari nating pagtiwalaan ang mga kopya natin.

2. *Bilang.* Ito ang sumusukat sa bilang ng taglay na sulat-kamay na kopya ng isang dokumento.  Mas marami ang bilang ng surviving na mga kopya, mas higit ang ating katiyakan tungkol sa orihinal na teksto.

3. *Kalidad.* Ito ang sumusukat kung gaano nagkakatulad ang mga umiiral na manuskrito. Ito ang nagsusuri sa mga pagkakaiba-iba ng mga sulat-kamay na kopya na taglay natin sa ngayon.  Mas kaunti ang pagkakaiba ng mga kopya, mas higit ang ating katiyakan tungkol sa orihinal na teksto.

Ang mga pagsusukat na ito ang sumasagot sa mga pagtutol ng mga hindi madaling maniwala na nagsasabing hindi natin maaaring pagtiwalaan ang ating mga kopya ng Bagong Tipan.  Tingnan natin ang ikalawang pagtutol ng mga hindi madaling maniwala.

**Pagtutol 2: Hindi natin maaaring pagtiwalaan ang ating mga kopya ng Bagong Tipan dahil masyadong mahaba ang panahon sa pagitan ng orihinal na manuskrito at ng pinakamaagang kopya na nalalabi.**

Ipinapakita ng pagtutol na ito ang katotohanan na mas mahaba ang panahon sa pagitan ng orihinal at ng kopya nito, mas malaki ang posibilidad ng pagkakamali.  Subali't nagkamali ang pagtutol dahil inisip nilang mahaba ang panahon sa pagitan ng Bagong Tipan at ng pinakamaagang kopya nito; at sa gayun, samakatuwid, hindi natin maaaring pagtiwalaan ang ating Bagong Tipan.

**Pagsusulit sa bibliya: Agwat sa Panahon**

Ang ating tugon sa pagtutol na ito ay tumitingin sa maikling agwat sa panahon sa pagitan ng orihinal na pagkasulat ng Bagong Tipan at ng ating pinakamaagang kopya na nalalabi.

**Tugon sa Pagtutol 2: Ang agwat ng panahon para sa Bagong Tipan ay mas maikli kaysa sa alinmang piraso ng literatura mula sa sinaunang mundo.**

Ang agwat ng panahon sa pagitan ng orihinal at ng pinakamaagang kopya na nalalabi para sa pinakaklasikal na gawang Griego ay halos 1,000 taon.  Halimbawa, mayroong 950 taon sa pagitan ng orihinal ng Annals na isinulat ni Tacitus at ng ating pinakamaagang mga kopya (ng ikalawang bahagi nito).  Kabaligtaran nito, ang haba ng panahon para sa karamihan sa mga aklat ng Bagong Tipan ay mga 150 taon lamang.

| Petsa | Kaganapan |
|---|---|
| c. A.D. 33 | Pag-akyat sa Langit ni Jesus |
| c. A.D. 60 | Nasulat ang karamihan sa Bagong Tipan |
| A.D. 125 | John Rylands Papyrus |
| A.D. 200 | Kopya ng karamihan sa Bagong Tipan |

Ipinapakita ng mga abiso na ito na karamihan sa Bagong Tipan ay naisulat na sa loob ng 30 taon mula nang umakyat sa Langit si Hesus. Mayroon tayong mga kopya ng manuskrito ng karamihan sa mga aklat ng Bagong Tipan mula sa mga 150 taon matapos na ang mga ito'y unang naisulat. Ihambing ito sa ilan sa mga kilalang klasikong Griego.

| Sumulat | Isinulat | Panahon sa pagitan ng Orihinal na Isinulat at ng Pinakamaagang Kopya nito |
|---|---|---|
| Si Plato | *Ang Tetralogies* | 1,300 taon |
| Si Caesar | *Ang Gallic Wars* | 950 taon |
| Si Tacitus | *Ang Annals* (unang kalahati) | 750 taon |
| Si Homer | *Ang Iliad* | 400 taon |
| | *Ang Bagong Tipan* | 150 taon |

Pansinin ang maikling agwat sa panahon sa pagitan ng orihinal na dokumento ng Bagong Tipan at ng ating pinakamaagang mga kopya nito. Walang sinumang nangangatwiran na hindi natin mapagtitiwalaan si Plato o si Caesar. Kung ang kanilang literatura ay nakatagal nang 1,000 taon nang hindi nababago, bakit natin iisipin na ang Bagong Tipan ay nabago na sa loob ng 150 taon?

Tinatanggap ng mga historyador na mapagtitiwalaan pa ang ibang sinaunang dokumento kahit pagkalipas ng 1,000 taon. Subali't hindi makatwiran ang pagtanggi ng mga di madaling maniwala sa Bagong Tipan. Hindi raw ito mapagtitiwalaan, kahit pa ang Bagong Tipan ay nakapasa sa pagsusuri kung ito ba'y mapagtitiwalaan nang higit pa kaysa ibang sinaunang dokumento.

**Pagtutol 3: Kahit na maikli ang panahon sa pagitan ng orihinal at ng unang mga kopya, masyadong maraming pagkakaiba sa mga nalalabi na manuskrito ng Bagong Tipan upang malaman natin kung ano ba ang nasa orihinal. Mayroon tayong masyadong maraming nagkakasalungatang mga manuskrito.**

Ito ay isang karaniwang pagtutol para sa pagiging mapagkakatiwalaan ng Bagong Tipan. Ayon sa pagtutol na ito, sinasabi ng mga Mormon na kailangan pa natin ang Aklat ng Mormon; at sinasabi ng mga Muslim na kailangan natin ang Qur'an .

► Paano mo tutugunin ang isang Mormon na nagsasabing kailangan natin ang Aklat ng Mormon dahil ang Bagong Tipan ay hindi mapagkakatiwalaan?

**Tugon sa Pagtutol 3: Ang napakalaking bilang ng nalalabi na manuskrito ng Bagong Tipan at ang maliit na bilang ng mga di-pagkakatulad ay nagpapakita na mapagtitiwalaan natin ang Bagong Tipan. Ang aspeto ng *bilang* at *kalidad* ng Pagsubok sa Bibliographikal ang magpapakita nito.**

**Pagsusulit sa bibliya: Ang Bilang**

Ang aspeto ng *bilang* ay tumatalakay sa bilang ng maagang manuskrito na nasasaatin para maihambing. Mas maraming manuskrito ang taglay natin, mas makakalapit tayo sa pagbasa sa orihinal na manuskrito. Ang ilustrasyong ito ay magpapakita ng kahalagahan ng pagkakaroon ng maraming manuskrito.

**X**

*X* **X**

X X X

X X X X

X X X X X

Isipin ninyo na ang **X** sa pinakamataas ay ang orihinal na teksto. Ang ibang x's ay ang mga kopya pagkalipas ng ilang panahon. Kahit na mayroong maliliit na pagkakaiba sa mga huling x's, malinaw na ang bawat kopya ay isang "x". Hindi mo titingnan ang ika-apat na linya (ang pinakabagong kopya) at bumasa ng isang grupo ng "o's.'

Ipinapakita nito ang kahalagahan ng bilang ng mga kopya. Dahil hindi na natin taglay ang orihinal na mga manuskrito, dumidepende tayo sa mga kopya upang tuklasin kung ano ang orihinal na nakasulat. Ang pinakamabuting paraan upang muling buuin ang orihinal ay ang paghahambing ng mga manuskrito, mas marami, mas mainam. Kapag maraming manuskrito ang nasuri, maaari nating matukoy ang orihinal na anyo ng bawat talata.

Ilang kopya ng sinaunang kopya ng Bagong Tipan ang taglay natin? Natagpuan ng mga iskolar ang halos 25,000 fragments at manuskrito. Kabilang dito ang mahigit sa 5,800 manuskritong Griego, mahigit sa 10,000 manuskritong Latin, at libo pang ibang manuskrito sa ibang lengguwahe.


Dagdag pa sa rito, mayroong libong pagbanggit sa Bagong Tipan sa mga isinulat ng mga ama ng simbahan. Gamit kahit ang mga ito lamang, maaari na nating muling buuin ang buong Bagong Tipan.

Ihambing ito sa bilang ng manuskrito ng klasikong Griego at Romanong literatura. Kasunod ng Bagong Tipan, ang sinaunang literatura na may pinakamaraming bilang ng natatagpuang kopya (sa pangkalahatan) ay ang *Iliad* ni Homer. Kung ihahambing sa 25,000 kopya ng Bagong Tipan, mayroon tayong 1,800 na kopya ng *Iliad.* Ang ebidensiyang manuskrito para sa Bagong Tipan ay mas lalong nakahihigit sa ebidensiyang manuskrito para sa klasikong Griego at Romanong literatura. Muli, ang ebidensiya ay nagpapakita na maaari nating pagtiwalaan na mapanghahawakan ang Bagong Tipan.

> "Maaaring hawakan ng Kristiyano ang buong Biblia sa kanyang kamay at sabihin nang walang takot o pag-aatubili na hinahawakan niya ang tunay na Salita ng Dios, nagpasalin-salin nang hindi nababago mula sa isang henerasyon patungo sa susunod sa buong panahon ng daang taon."
> - Sir Frederick Kenyon,
> Direktor ng British Museum

**Pagsusulit sa bibliya: Kalidad**


Ang aspeto ng *Kalidad* ay sumusukat sa pagkakaiba sa pagitan ng mga taglay nating manuskrito ng isang sinaunang teksto. Upang maunawaan ito, tingnan ang ilustrasyon sa ibaba.



*Ilustrasyon 1*

Tulad sa itaas, isipin na ang **X** sa pinakaitaas ay ang orihinal na teksto. Ang ibang mga letra ay ang mga kopya. Sa halimbawang ito, napakalaki ng mga pagkakaiba! Ngayon ang "x" ay nagiging "z" o "o". Mababa ang kalidad ng mga kopyang ito.

Ngayon ihambing ang Ilustrasyon 1 sa Ilustrasyon 2 sa ibaba:



*Ilustrasyon 2*

Dito, ang mga sumunod na kopya ay nagpapakita ng kaunting pagkakaiba lamang. Malinaw na ang bawat isa sa mga ito ay isang "x". Mataas ang kalidad ng mga kopyang ito.

Ang Ilustrasyon 2 ay isang mabuting paglalarawan ng pagkakaiba sa ating mga kopya ng Bagong Tipan. Mula sa pagsusuri sa libong bilang ng sinaunang mga kopya, lumalabas na mayroon lamang wala pang 1% ng Bagong Tipan ang nagkaroon ng malaking epekto dahil sa pagkakaiba-iba sa pagbasa (mga 400 salita mula sa 138,000 na salita sa Bagong Tipan).[51] Ang 1% ito ay hindi tumutukoy sa malalaking pagkakaiba, subali't walang alinman sa mga pagkakaibang ito ang nakaapekto sa *alinmang* pangunahing doktrinang itinuturo o alinmang moral na kautusan ng Bagong Tipan. Ang anumang mahalagang doktrina na naapektuhan ng isang talatang pinagtatalunan ay itinuturo rin sa mga bahaging hindi naman pinagtatalunan.

Kung ihahambing natin ito sa ibang sinaunang Romano at Griegong literatura, nakikita natin na ang Bagong Tipan ay napakamapagkakatiwalaan. Tanging ang Iliad na isinulat ni Homer ang tila malapit sa kalidad ng mga kopya ng Bagong Tipan.

Bagaman ang mga pangangatwirang ito ay hindi nagpapatunay na ang Biblia ay ang Salita ng Dios, pinatutunayan naman nila na taglay natin ang orihinal na teksto. Ang ating Bagong Tipan ay naglalaman ng teksto na kinasihan ng Dios sa unang siglo.

**Mga Tanong sa Pagbabalik-Aral**

(2) Ano ang sinisikap ipakita ng pagsubok sa bibliograpikal kapag ito'y ginamit sa alinmang sinaunang dokumento?

(3) Maglista ng tatlong aspeto ng pagsubok sa bibliograpikal para patunayan na mapagtitiwalaan ang Bagong Tipan.

(4) May mga nagsasabi, "Hindi natin mapagtitiwalaan ang ating kopya ng Bagong Tipan dahil sa sobrang tagal ng panahon sa pagitan ng orihinal na manuskrito at ng pinakamaagang nalalabi na kopya." Paano sinasagot ng aspeto ng *haba ng panahon* ng pagsubok sa bibliograpikal ang pagtutol na ito?

(5) Tumugon sa sumusunod na pagtutol: "Kahit pa mayroon lamang maikling panahon sa pagitan ng orihinal at ng mga unang kopya, masyadong maraming mga pagkakaiba sa mga nalalabi na manuskrito ng Bagong Tipan upang malaman natin kung ano ang laman ng orihinal. Mayroon tayong napakaraming nagkakasalungatang mga manuskrito."

---

[51] Mayroong malaking bilang ng mga pagkakaiba sa mga kopya, subalit ang karamihan sa mga ito ay mga pagkakaiba lamang sa pagbaybay o pagbabago sa pagkakasunod-sunod ng mga salita na hindi naman nakakaapekto sa kahulugan ng teksto.

**Mapagkakatiwalaan ang Bagong Tipan: Ang Pagsubok sa Ebedensiya ng Nilalaman**

Pag-iisipan ng mga di madaling maniwala ang Pagsusuring Bibliograpikal at tutugon, “Mabuti iyan. Nasa atin ang isinulat ng mga manunulat ng Bagong Tipan. Subalit paano natin malalaman na ang isinulat nila ay tumpak? Marahil nag-imbento lang sila ng isang kathang-isip.”

**Pagtutol 4: Hindi natin mapagtitiwalaan na itinala nang tumpak ng mga sumulat ng Bagong Tipan ang mga pangyayaring naganap. Hindi sila kapani-paniwalang mga saksi.**

Upang sagutin ang pagtutol na ito, titingnan natin ang internal ebedensiya ng nilalaman at ebedensiya sa labas para sa pagiging mapagkakatiwalaan ng Biblia. Ang pagsusuri sa internal evidence ay tumitingin sa pagsulat mismo. Sinusuri nito kung ano talaga ang nakasulat upang alamin kung maaari nating pagtiwalaan ang sumulat. Ang pagsusuri ng ebedensiya ng nilalaman ay nagtatanong, “Maaari ba nating pagtiwalaan ang isinulat ng mga manunulat? Sila ba ay matapat at may sapat na kakayahan?” Ang pagsusuri ng ebedensiya sa labas ay humahanap ng impormasyon sa labas na sumusuporta sa katotohanan ng Bagong Tipan.

**Tugon sa pagtutol 4: Ang ebedensiya sa nilalaman at ebedensiya sa labas na pagsusuri ay nagpapakita na ang Bagong Tipan ay isang kapani-paniwalang rekord patungkol sa kasaysayan.**

**Ebedensiya sa Nilalaman: Patotoo ng mga Saksing Nakakita**

► Basahin ang 2 Pedro 1:16; 1 Juan 1:1, at Lucas 1:1-4. Ano ang sinasabi ng mga talatang ito tungkol sa patotoo ng mga sumulat?

Ang mga Ebanghelyo ay batay sa mga naaalala ng mga taong nagkaroon ng malapit na kaugnayan kay Jesus. Iniulat nila ang kanilang personal na nakita at narinig.

Ang kanilang mga naaalala ay mapagtitiwalaan dahil sa dalawang kadahilanan:

1. Ang kanilang oras na kasama ni Jesus ang pinakamahalagang bagay na nangyari sa kanila. Dahil ang panahon ng mga disipulo kasama ni Jesus ay napakahalaga sa kanila, malamang na talagang maaalala nila ang mga detalye nito.

   ► Naaalala mo ba kung nasaan ka noong Martes nang umaga anim na buwan bago mo pinag-aralan ang araling ito? Marahil hindi. Subali’t maaalala mo kung nasaan ka nang isuko mo ang iyong buhay kay Cristo at maging anak na Dios? Sigurado! Naaalala natin ang detalye ng mahahalagang pangyayari nang higit sa pang-araw-araw na buhay.

2. Sinabi ni Jesus sa kanyang mga alagad na ang Banal na Espiritu ang magpapaalaala sa kanila ng lahat ng sinabi niya sa kanila. (Juan 14:25-26)

**Ebedensiya sa Nilalaman: Ang Presensiya ng mga Nabubuhay Pang Saksi**

Sa panahon na isinusulat ang mga Ebanghelyo, marami pa sa mga nakasaksi ang nabubuhay pa. Nakita ng mga taong ito si Jesus at malalaman nila kung may mga kuwentong hindi totoo na isinama sa Ebanghelyo.

Ang iba sa mga saksing ito ay hindi mananampalataya. Ang mga kritikong ito ay matutuwa kung mapabubulaanan nila ang mga alagad. Kung nagkamali ang mga sumulat, maaaring ituro ito ng mga kritiko. Halimbawa, kung ang katawan ni Jesus ay nasa libingan pa, magiging madali para sa mga lider na Judio para sabihin na, "Naririto ang katawan!"

Ikinukwento sa mga Ebanghelyo na pinakain ni Jesus ang 5,000 lalaki, hindi pa kabilang ang mga babae at mga bata. Kung ang kwentong ito ay hindi totoo, maaaring may magsabi na, "Nandoon ako nang araw na iyon. Hindi ganoon ang nangyari. Nagbaon kami ng aming mga sariling pagkain!"

**Ebedensiya sa Nilalaman: Ang Mga Sumulat ay Namatay dahil sa Kanilang Pananampalataya**

Ang mga alagad ay namatay dahil sa kanilang pananampalatayang Kristiyano. Ang ilan sa kanila ay pinahirapan; lahat sila ay nagdusa ng pagsalungat; karamihan sa kanila ay namatay na martir. Kung minsan, may mga taong namamatay dahil sa kanilang pinaniniwalaan bilang totoo, subalit hindi para sa isang bagay na alam nilang hindi totoo.

Kung hindi naganap ang Muling Pagkabuhay, malalaman ito ng mga alagad. Ang mga alagad na nagtago dahil sa takot matapos hulihin si Jesus ay hindi papayag na mamatay para sa isang bagay na alam nilang hindi naman totoo. Ang kanilang kusang-loob na pagbibigay ng kanilang buhay para sa kanilang pananampalataya ay nagpapatotoo sa kanilang paniniwala.

Mapagkakatiwalaan at may kakayahan ang mga sumulat ng Ebanghelyo. Ito ang ebedensiya sa nilalaman na mayroon tayong mapagkakatiwalaang Bagong Tipan.

**"Paano naman Ang Mga Pagsasalungatan sa Biblia?"**

Nagtuturo si Randall McElwain sa isang seminaryo sa Africa. Ang isa sa mga mag-aaral ay nag-aral sa mga liberal critics na tumanggi sa katotohanan ng Biblia. Nakumbinsi ng mga kritikong ito ang mag-aaral na ang Biblia ay puno ng mga pagsasalungatan. Halos araw-araw, sinasabi ni Toni kay Randall, "Nakatagpo ako ng pagsasalungatan sa Biblia. Maaari mo bang ipaliwanag…?"

Sa simula, naiinis si Randall at marahil may nerbiyos siya na makakikita si Toni ng problema na walang mabuting sagot. Gayunman, habang tumatagal na sila ay nag-aaral, mas napagtatanto ni Randall na ang kaniyang "pagsasalungatan" ay bunga lamang ng

hindi maayos na pag-unawa sa Biblia. Nang matapos ang module ng klase, masayang inamin ni Toni, "Ang Biblia ay mas mapagkakatiwalaan nang higit pa sa aking inaakala."

Upang harapin ang mga inaakalang pagkakasalungatan, kailangan mong maunawaan ang Batas ng Walang-Salungatan. Sinasabi ng batas na ito, "**Ang isang pangungusap ay hindi maaaring totoo at hindi totoo nang sabay at sa parehong kaisipan**." Kaya't kung ang isang pangungusap ay lubusang sumasalungat sa isa pang pangungusap, tiyak na isa sa mga pangungusap na ito ay hindi totoo.

Upang ang isang pangungusap ay lubos na sumalungat sa isa pa, dapat walang dahilan kung saan ang mga pangungusap ay maaaring parehong totoo. Kung mayroong posibleng lohikal na paliwanag, ito ay hindi tunay na pagsasalungatan. Ang mga halimbawang binanggit ni Toni ay *tila* mga pagsasalungatan, hindi tunay na pagsasalungatan.

Tingnan natin ang mga halimbawa ng mga tila at tunay na pagsasalungatan:

**Isang Tila Pagsasalungatan:**

> Sabi ni Jeni, "Nakita ko ang isang asul na kotse na naaksidente habang papunta ako sa paaralan ngayong umaga."
>
> Sabi ni Robert, "Nakita ko ang isang pulang kotse na naaksidente habang papunta ako sa paaralan ngayong umaga."

Maaaring may magsabi, "Nagkakasalungatan ang mga kuwentong ito!" Subalit ito ay isa lamang tila pagsasalungatan. Maaaring magkaibang aksidente ang nakita nina Jeni at Robert. Posible rin na ang dalawang kotse ay kapwa nasa isang aksidente; napansin ni Jeni ang asul na kotse, at napansin ni Robert ang pulang kotse. Ang dalawang kwento ay maaaring parehong totoo. Hindi ito tunay na pagsasalungatan.

**Isang Tunay na Pagsasalungatan:**

> Sabi ni Jeni, "Habang papunta ako sa paaralan ngayong umaga, nakita ko ang isang asul na kotse na nakabangga ng isang baka."
>
> Sabi ni Robert, "Nakita ko ang parehong aksidente. Mayroon lang isang kotse at isang hayop; subali't ang kotse ay pula, hindi asul; at nabangga nito ang isang kabayo, hindi baka."

Ito ay isang tunay na pagsasalungatan. Hindi maaaring parehong totoo ang dalawang kwento. Ang isa sa dalawang kwento ay tiyak na hindi totoo.

Tingnan natin ang halimbawa mula sa mga Ebanghelyo. Binanggit ni Mateo ang isang anghel sa libingan ni Jesus; sinabi ni Lucas na may dalawang anghel.

► Ito ba ay isang tila pagsasalungatan o isang tunay na pagsasalungatan? Ipaliwanag ang iyong sagot.

Ito ba ay isang lubos na pagsasalungatan? Hindi. Hindi naman sinabi ni Mateo na "may isang anghel lamang" sa libingan; binanggit lang niya na may isang anghel. Ito ay lubusang posible na binanggit lang ni Mateo ang isang anghel, samantalang si Lucas (isang historyador na mahilig sa mga detalye) ay bumanggit sa dalawang anghel na naroroon.[52]

Pagkatapos ng 2,000 taon nang pag-aaral, walang sinumang hindi madaling maniwala ang nakapagpatunay sa lubusang pagsasalungatan sa Biblia. Sa katotohanan, mas marami tayong natututuhan tungkol sa siyensiya, kasaysayan at sa Biblia, mas maraming tila problema sa Biblia ang nabibigyang kalutasan. Ang listahan ng mga tila pagsasalungatan ay unti-unting umiigsi.

**Mga Tanong sa Pagbabalik-Aral**

(6) Tumugon sa sumusunod na pagtutol: "Hindi natin mapagtitiwalaan ang mga sumulat ng Bagong Tipan upang itala nang accurate ang mga pangyayaring naganap. Hindi sila mapagkakatiwalaang mga saksi."

(7) Maglista ng tatlong dahilan na ang Bagong Tipan ay nakakapasa sa pagsusuri ng "Ebedensiya sa Nilalaman."

(8) Ano ang Batas ng Walang-Pagsasalungatan?

(9) Mayroon bang makapagpapakita ng isang genuine na paglabag sa batas ng walang-pagsasalungatan sa Kasulatan?

## Mapagkakatiwalaan ang Bagong Tipan: Ang Pagsubok sa Ebedensiya mula sa Labas ng Biblia

Ang Pagsusuring Ebedensiya sa Nilalaman ay tumitingin sa nakasulat mismo upang alamin kung ang sumulat ay matapat at may kakayahan. Ang Pagsusuri ng Ebedensiya Mula sa Labas ng Biblia ay humahanap ng impormasyon galing sa labas na sumusuporta sa dokumento. Para sa usapin ng Bagong Tipan, ang pagsusuring ito ay nagtatanong, "Anong ebidensiya ang meron tayo sa *labas ng Kasulatan* para sa katotohanan ng Bagong Tipan?"

### Mga Sumusuportang Ebidensiya mula sa Ibang Sinaunang Manunulat na Kristiyano

Ang mga unang lider na Kristiyano ay nagbatay ng kanilang pananampalataya sa katotohanan ng mga Ebanghelyo. Tulad ng mga apostol mismo, inilagay sa panganib ng mga naunang Kristiyanong ito ang kanilang buhay dahil sa kanilang pananampalataya.

---

[52] Para sa isa pang halimbawa, bumalik sa Aralin 1 at basahin ang kwento ng pag-uusap nina Jia at Lee tungkol sa oras ng pagpapako kay Jesus. Ito ay isa pang halimbawa ng tila, hindi tunay, na pagsasalungatan.

Si Papias ay isang kakilala ng alagad na si Juan. Isinulat niya na nagpatotoo si Juan na ang Ebanghelyo ni Mark ay nakabatay sa mga naaalala ni Simon Pedro tungkol sa buhay at ministeryo ni Jesus. Ito ay external evidence na ang Ebanghelyo ni Mark ay nagtala ng kwento ng mismong nakasaksi sa ministeryo ni Jesus.

Isinilang si Ireneo mga A.D. 125, kulang sa apatnapung taon matapos isulat ni Juan ang kanyang Ebanghelyo. Isinulat ni Ireneo:

> "Napakatibay ng pundasyon na pinagbabatayan ng mga Ebanghelyo, kaya't mismong ang mga heretics ang nagpatotoo tungkol dito, at simula sa mga dokumentong ito, ang bawat isa ay nagsisikap na magtatag ng kaniyang sariling partikular na doktrina."

Ayon kay Ireneo, kahit ang mga heretics sa sinaunang iglesya ay gumalang sa mga rekord ng Ebanghelyo. Malamang na ang mga Ebanghelyo ay talagang tinatanggap bilang lubusang mapagtitiwalaang mga dokumento.

**Mga Sumusuportang Ebidensiya mula sa Mga Nakasulat na hindi-Kristiyano**

Ano ang ating malalaman tungkol kay Jesus at mga sinaunang Kristiyano kung wala tayong Biblia? Ang Ebedensiya Mula sa Labas ng Biblia ay tumitingin sa mga nakasulat na hindi-Kristiyano na nagpapatotoo sa rekord ng Bagong Tipan.

Ang mga reperensiyang pangkasaysayan mula sa mga hindi-Kristiyano ay nagpapatotoo sa karamihan sa Bagong Tipan. Kasama dito ang:

- Isang liham mula kay Pliny the Younger, gobernador ng (Bithynia)Betania kay Emperador Trajan noong A.D. 112.
- Ang mga sinulat ni Josephus, isang historyador na Judio.
- Si Tacitus, isang Romanong senador at historyador
- Si Lucian, isang manunulat na Griego mula sa ikalawang siglo.
- Si Suetonius, isang historyador na Romano.
- Ang Talmud, ang komentaryong Judio tungkol sa Batas ni Moses.

Ang mga hindi-Kristiyanong reperensiyang ito ay nagpapatotoo sa maraming aspeto ng kuwento ng Bagong Tipan:

- Si Jesus ay ipinako sa krus sa ilalim ni Poncio Pilato sa araw ng Paskuwa (ayon kina Tacitus, Josephus at ang Talmud)
- Ang kanyang mga disipulo ay naniwala na siya'y muling nabuhay mula sa mga patay pagkatapos ng tatlong araw (Josephus)
- Binintangan ng mga lider na Judio si Jesus ng mahika at naniwala na siya'y isinilang dahil sa pangangalunya. (Ang Talmud).[53]

---

[53] Kahit ang mga kaaway ni Jesus ay nakakaalam na siya ay gumagawa ng mga himala (tinawag nila itong mahika) at siya ay isinilang sa hindi pangkaraniwang paraan.


- Ang paglaganap ng Kristiyanismo sa Roma (Tacitus at Suetonius).
- Inusig at pinatay ni Nero at ng iba pang tagapamahalang Romano ang mga unang Kristiyano (Tacitus).
- Itinanggi ng mga Kristiyano ang polytheism, nabuhay ayon sa mga turo ni Kristo, at sumamba kay Cristo (Pliny, Lucian).

Nalalaman natin ang lahat ng mga binanggit sa itaas mula sa mga sekular at kasaysayang Judio. Ito ay nagbibigay ng pagpapatibay mula sa labas na ang Bagong Tipan ay tumpak ayon sa kasaysayan.

**Mga Sumusuportang Ebidensiya Mula sa Archaeology**

Ang archaeology ay isang mahalagang pagkukunan ng ebedensiya mula sa labas ng Biblia. Simula noong ika-19 na siglo, nakatagpo ang mga arkeologo ng maraming mga lokasyon na binanggit sa Bagong Tipan. Paulit-ulit, ang kanilang pag-aaral ay nakatugma eksakto sa mga tala sa Bagong Tipan.

**Pagsasabuhay sa Apologetics - Ang Patotoo ni Sir William Ramsay**



Si Sir William Ramsay (1851-1939)[54] ay isa sa mga pinaka-iginagalang na arkeologo ng sinaunang ika-20 siglo. Nag-aral siya sa ilalim ng pinakamagagaling na iskolar ng kanilang panahon sa Aberdeen at Oxford. Dahil hindi tinatanggap ng kaniyang mga tagapagturo ang katotohanan ng Biblia, inisip ni Ramsay na ang Biblia ay walang gamit bilang dokumentong pangkasaysayan.

Lumipas ang panahon at si Ramsay ay naglakbay sa Greece at Asia Minor upang pag-aralan ang sinaunang mundo. Sa simula, ni hindi niya binasa kung ano ang sinasabi ng Biblia tungkol sa lugar na ito dahil inakala niya na hindi ito mapagtitiwalaan. Gayunman, nang simulan na niyang basahin ang mga sinulat ni Lucas, namangha siya sa pagiging tumpak ng mga isinulat ni Lucas.

Sa huling bahagi ng buhay ni Ramsay, pinag-aralan niya ang Mga Gawa at ang mga sulat ni Pablo. Nang simulan niya ang kanyang pag-aaral, marami sa mga lungsod na binanggit sa Mga Gawa ay hindi kilala. Gayunman, nakumbinsi si Ramsay na ang Mga Gawa ay isang mapagtitiwalaang record ng sinaunang mundo. Makalipas iyon, sumulat si Ramsay ng mga aklat tungkol sa kasaysayan at geography ng Asia Minor, ang mga paglalakbay ni San Pablo at marami pang ibang paksa. Natutuhan ng matalinong arkeologo na ang Bagong Tipan ay mapagtitiwalaan.

[54] Image: "Portrait of Sir William Ramsay", retrieved from the Wellcome Collection, https://wellcomecollection.org/works/fwfdpnry, licensed under CC BY 4.0, desaturated from the original.

**Exhibit 1: Mapagtitiwalaan ang mga Isinulat ni Lucas**

Ginamit ni Sir William Ramsay ang mga isinulat ni Lucas upang pag-aralan ang geography ng Asia Minor. Nakita niya na hindi mapapantayan ang kaalaman ni Lucas tungkol sa kasaysayan at geography. Halimbawa, bumanggit si Lucas ng halos tatlumpu't dalawang bansa, limampu't apat na lungsod, at siyam na isla. Sa bawat kasong pinag-aralan ni Ramsay, natagpuan niyang tumpak ang mga sinabi ni Lucas.

**Exhibit 2: Ang Luklukan ng Paghatol ni Pilato**

Sa Juan 19:13 binanggit ang isang luklukan ng paghatol kung saan umupo si Pilato habang nililitis si Jesus.

> "…Kaya't nang marinig ni Pilato ang mga salitang ito, dinala niya si Jesus sa labas at naupo sa upuang hukuman, sa dakong tinatawag na Ang Batong Plataporma"

Sa loob ng maraming taon, tinawag ng mga kritiko ang kwentong ito na isang kathang-isip. Ikinatwiran nila na hindi natin maaaring pagtiwalaan ang kwentong ito dahil walang anumang tala tungkol sa "platapormang bato" sa kasaysayan ng Judio o sa sekular man.

Gayunman, natagpuan ng mga arkeologo ang platapormang ito; at maaari itong makita ng mga bumibisita sa Jerusalem. Nang wasakin ng Romanong heneral na si Titus ang Jerusalem, nagtayo siya ng barracks sa ibabaw ng plataporma. Nang gumuho ang mga barracks, ibang gusali naman ang itinayo sa ibabaw nito. Naglaho na ang pavement. Ang mga sinaunang arkeologo ay naghukay hanggang sa barracks, subali't hindi na mas malalim pa sa roon. Taong 1970's ang mga arkeologo ay humukay sa ilalim ng barracks at natuklasan ang plataporma! Napatunayang mayroon ngang ganitong lugar ayon sa Bagong Tipan.

**Exhibit 3: Ang Imbakan ng Tubig ng Bethesda**

Binanggit sa Juan 5 ang Imbakan ng Tubig ng Bethesda na may limang portiko. Muli, walang tala tungkol dito sa mga nasulat sa Judio man o sekular, kaya't tinawag itong kathang-isip lamang ng mga kritiko. Taong 1888, natagpuan ng mga arkeologo ang imbakan ng tubig habang naghuhukay apatnapung talampakan sa ilalim ng lupa malapit sa Sambahan ng Santa Ana. Ang imbakan ay may limang portiko, tulad ng binanggit ni Juan.

Ang Bagong Tipan ay mapagkakatiwalaan tungkol sa kasaysayan. Hindi natin dapat katakutan na pabubulaanan ng mga arkeologo ang Biblia. Habang naghuhukay ang mga arkeologo, nakatatagpo sila ng mas maraming ebidensiya upang sumuporta sa mga katotohanan ng Biblia.

**Mga Tanong sa Pagbabalik-Aral**

(10) Maglista ng tatlong linya ng ebidensiya na tumutulong upang makapasa ang Bagong Tipan sa "Pagsusuri sa Ebedensiya Mula sa Labas ng Biblia"

(11) Bumanggit ng dalawang bagay na natagpuan ng mga arkeologo na sumusuporta sa pagiging tumpak ayon sa kasaysayan ng Bagong Tipan.

## Konklusyon

Ipinakita ni Jia kay Lee ang bawat isa sa mga pagsusuring ito para sa pagiging tumpak/validity ng Bagong Tipan. Ipinakita niya na ang pagsubok sa bibliograpikal ay nagpapatunay na ang Bagong Tipan na taglay natin sa ngayon ay nagtuturo ng parehong doktrina na itinuro ng orihinal na mga manuskrito. Ipinakita niya sa kanya na ang mga pag-subok sa Nilalaman at Ebedensiya Mula sa Labas ng Biblia ay nagpapatunay na mapagkakatiwalaan ang Bagong Tipan.

"Lee", pagwawakas ni Jia, "Maaari mong piliin na paniwalaan ang mga inaangkin ng Bagong Tipan o maaari mong piliin na tanggihan ang mga ito. Gayunman, hindi mo maitatanggi na ang Bagong Tipan ay mapagkakatiwalaan bilang dokumento tungkol sa kasaysayan. Higit na mas maraming ebidensiya para sa katotohanan ng Bagong Tipan kaysa sa alinpamang ibang dokumento mula sa sinaunang mundo, kahit sa kanluranin o Chinese man. Ang Bagong Tipan ay isang mapagkakatiwalaang dokumento tungkol sa kasaysayan."

## Mga Takdang-Aralin ng Aralin

(1) Apologetics at ang Ulo: Sisimulan mo ang susunod na klase sa isang pagsusulit gamit ang mga tanong sa pagbabalik-aral mula sa Aralin 6. Pag-aralan mong mabuti ang mga tanong bilang paghahanda sa pagsusulit.

(2) Apologetics at ang Puso: Ang pagiging mapagkakatiwalaan ng Biblia ay higit pa sa isang pag-aaral na akademiko. Nagsasaya tayo na maaari nating pagtiwalaan ang Salita ng Dios upang ipahayag ang kalooban ng Dios sa atin. Sa 2 Timoteo 3:16, sinasabi ni Pablo na ang Salita ng Dios ay "kapaki-pakinabang sa pagtuturo, sa pagpapabulaan, sa pagtutuwid, at sa pagsasanay sa katwiran." Ngayon na napag-aralan mo na ang pagiging mapagkakatiwalaan ng Salita ng Dios, hilingin sa Dios na mangusap sa iyo sa pamamagitan ng kaniyang Salita. Sa susunod na linggo, hayaang ipakita sa iyo ng Dios ang:

- Pagtuturo, upang mas maunawaan ang katotohanan
- Pagpapabulaan, upang gabayan ang iyong paglakad bilang Kristiyano
- Pagtutuwid, upang maging mas katulad ni Cristo
- Pagsasanay sa matuwid na pamumuhay

(3) Apologetics at ang mga Kamay: Sa katapusan ng Aralin 5, hiniling mo sa isang di-mananampalataya na maibahagi sa kanya ang mga blocks na sumusuporta sa pananampalatayang Kristiyano. Kausapin mo uli ang taong ito at ibahagi sa kanya ang kaalamang natutuhan mo sa leksiyong ito. Kung nakarinig sila ng mga pagsasalungatan sa Biblia, hilingin sa kanila na ipakita sa iyo ang pagsasalungatan. Ipakita sa kanila ang

isang halimbawa ng tila pagsasalungatan na nagkaroon na ng kalutasan. Ireport ang iyong pakikipag-usap sa susunod na klase.

## Mga Tanong sa Pagsusulit sa Aralin 6

(1) Tumugon sa sumusunod na pagtutol: "Ang Bagong Tipan ay isinulat 100-200 na taon pagkatapos ng buhay ni Cristo. Marami sa mga kuwento sa Bagong Tipan ay mga kathang-isip lamang." Magbigay ng kahit tatlong ebidensiya upang suportahan ang iyong tugon.

(2) Ano ang sinisikap ipakita ng pagsubok sa bibliograpikal tungkol sa isang sinaunang dokumento?

(3) Ilista ang tatlong aspeto ng pagsubok sa bibliograpikal patunay na mapagkakatiwalaan ang Bagong Tipan.

(4) May mga nagsasabi na "Hindi natin mapagtitiwalaan ang ating mga kopya ng Bagong Tipan dahil masyadong matagal ang panahon sa pagitan ng orihinal na manuskrito at ng pinakamaagang kopya nito na taglay natin." Paano sinasagot ng aspeto ng *agwat sa panahon* ng pagsubok sa bibliograpikal ang pagtutol na ito?

(5) Tumugon sa sumusunod na pagtutol: "Kahit na maikli lamang ang panahon sa pagitan ng orihinal at ng mga unang kopya nito, masyadong maraming mga pagkakaiba sa mga taglay nating manuskrito ng Bagong Tipan upang malaman natin kung ano ang nakasulat sa mga orihinal. Mayroon tayong masyadong maraming magkakasalungat na mga manuskrito."

(6) Tumugon sa sumusunod na pagtutol: "Hindi natin mapagtitiwalaan ang mga sumulat ng Bagong Tipan upang tumpak na itala ang mga pangyayaring naganap. Hindi sila mapagkakatiwalaang mga saksi."

(7) Maglista ng tatlong dahilan na ang Bagong Tipan ay nakapasa sa "Pagsubok sa Ebedensiya sa Nilalaman"

(8) Ano ang Batas ng Walang-Pagsasalungatan?

(9) Mayroon bang sinumang makapagpapakita ng tunay na paglabag sa batas ng walang-pagsasalungatan sa Kasulatan?

(10) Maglista ng tatlong linya ng ebidensiya na tumutulong upang pumasa ang Bagong Tipan sa "Pagsubok sa Ebedensiyang Mula sa Labas ng Biblia."

(11) Bumanggit ng dalawang bagay na natagpuan ng mga arkeologo na sumusuporta sa pagiging tumpak ng Bagong Tipan ayon sa kasaysayan.

(12) Isulat ang 2 Timoteo 3:16-17.

# Aralin 7
# Propesiya Tungkol sa Mesiyas at ang Muling Pagkabuhay

## Mga Tagubilin

(1) Magbigay ng pagsusulit gamit ang Mga Tanong sa Pagbabalik-Aral mula sa Aralin 6.

(2) Atasan ang bawat mag-aaral na magbigay ng maikling buod ng kanilang pakikipag-usap na takdang-aralin para sa "Apologetics at ang mga Kamay" sa dulo ng Aralin 6.

(3) Isasaulo ng mga mag-aaral ang 1 Corinto 15:3-6.

(4) Talakayin ang bawat tanong na may markang ►.

(5) Itanong ang bawat Tanong sa Pagbabalik-Aral sa panahon ng klase at muli sa dulo ng klase.

(6) NAPAKAHALAGA: Ang pagsusulit para sa araling ito ay isang debate na isasagawa sa inyong susunod na klase. Bago simulan ang leksiyon, basahin ang mga alituntunin para sa takdang aralin para sa "Apologetics at ang Ulo" sa dulo ng araling ito. Ang mga tanong sa pagbabalik-aral sa araling ito ay makakatulong sa mga mag-aaral na mapaghandaan ang debate.

## Pasimula

Excited si Jia. Tinulungan siya ng Dios na maipakita kay Lee na ang Bagong Tipan ay mapagkakatiwalaan. Natitiyak niya, malapit na nitong tanggapin ang ebanghelyo. Ito ay higit pa sa isang intellectual puzzle; idinadalangin ni Jia na magkaroon siya ng pagkakataon upang ibahagi ang ebanghelyo sa kanyang kaibigan. Habang palapit si Jia kay Lee sa isang tea shop, nangingiti niyang sinabi rito, "Napag-isipan mo na ba ang pinag-usapan natin noong isang linggo?"

Nangiti si Lee, "Nakikita ko na talagang napakaseryoso mo tungkol sa iyong aklat! Nakumbinsi mo ako na ang mga unang Kristiyano ay naniwala na si Hesus nga ang Mesiyas at siya ang gumawa ng mga himala na itinala sa mga ebanghelyo. Nakumbinsi mo rin ako na ang Bagong Tipan ay isang tumpak na record ng mga pinaniwalaan ng unang iglesyang Kristiyano. Gayunman, mayroon pa ring suliranin. Kahit pa ang mga sinaunang Kristiyano ay tunay na naniwala na si Hesus ay muling nabuhay mula sa mga patay, sa ating panahon ngayon alam natin na imposible ang Muling Pagkabuhay!

"Oo, ang mga sinaunang Kristiyano ay *naniwala* sa Muling Pagkabuhay, subali't hindi ito nagiging totoo dahil doon. Alalahanin mo na ang mga tao sa sinaunang mundo ay

naniniwala sa mga kathang-isip lamang. Naniwala sila na lapad ang mundo; naniwala sila sa mga multo, naniwala sila sa muling pagkabuhay. Subali't tayo'y nabubuhay sa panahon ng siyensiya! Jia, alam mo na ang mundo ay bilog! Alam mo na wala talagang mga multo! Paano mo seryosong paniniwalaan na ang isang patay ay muling nabuhay mula sa libingan?

► Paano ka tutugon kay Lee? Mayroon bang sapat na ebidensiya mula sa kasaysayan para sa muling pagkabuhay ni Hesu-Kristo?

Sa araling ito, titingnan natin ang dalawang piraso ng ebidensiya na nagpapatunay na si Hesus ay siya nga ayon sa kanyang sinabi. Una, titingnan nating ang propesiya para sa isang Mesiyas. Ipapakita natin na tinupad ni Hesus ang mga tiyak na hula na ginawa daang taon bago pa siya isinilang. Pangalawa, susuriin natin ang ebidensiya para sa Muling Pagkabuhay. Makikita natin na ang Muling Pagkabuhay ay higit pa sa isang magandang kuwento; ito ay isang makasaysayang pangyayari.

## Tinupad ba ni Hesus ang mga Propesiya para sa Isang Mesiyas?

► Mangyaring sagutan ang dalawang sets ng mga tanong.

Unang Set:

- Ano ang magiging lagay ng panahon bukas sa inyong bayan?
- Sino ang susunod na magiging pangulo ng inyong bansa?
- Sa susunod na dalawampung taon, ang ekonomiya ba ng ating bansa ay magiging mas mabuti o mas masama?
- Paano ninyo sinagot ang mga tanong na ito?
- Sa palagay mo medyo tumpak ba ang iyong mga hula?

Ikalawang Set:

- Sino ang magiging pangulo ng inyong bansa sa taong 2130?
- Saan siya ipapanganak?
- Paano siya mamamatay?
- Paano ninyo sinagot ang set na ito ng mga tanong?
- Ano ang pagkakaiba ng set ng mga tanong na ito sa unang set ng mga tanong?

Medyo madaling hulaan ang ibang bagay sa malapit na hinaharap. Batay sa lagay ng panahon sa araw na ito, makagagawa ako ng mabuting hula sa magiging panahon bukas. Batay sa mga balita, maaari ko ring mahulaan ang susunod na presidente.

Higit na mas mahirap hulaan ang isang bagay isang daang taon na mas maaga! Hindi ko alam kung sino ang nabubuhay sa taong 2130; kaya't hindi ko maaaring hulaan ang pangalan ng presidente, ang lugar ng kapanganakan, o kung paano siya mamamatay.

Ang mga propesiya sa Biblia tungkol sa Mesiyas ay kabilang sa ikalawang kategorya. Ang mga propeta ay humula ng mga tiyak na pangyayari daang taon na mas maaga, at ang mga hula/propesiyang ito ay nagkatotoo eksakto tulad nng inihula.

Mayroong halos animnapung tiyak na propesiya tungkol sa Mesiyas na natupad sa buhay ni Hesus. Sa leksiyong ito, titingnan natin ang labindalawa sa mga propesiyang ito. *Itinuring ito bilang propesiya para sa isang Mesiyas ng mga tagapagturong Hudio. Nabuhay sila bago ang pagsilang ni Hesus*

► Hatiin ang klase sa dalawang grupo. Para sa bawat propesiya, kumuha ng isa mula sa unang grupo upang basahin ang propesiya. Pagkatapos, kumuha ng isa sa ikalawang grupo upang basahin ang katuparan nito.

| NATUPAD NA PROPESIYA SA BUHAY NI HESUS | |
|---|---|
| **PROPESIYA** | **KATUPARAN** |
| **Lipi ni Juda** – Genesis 49:10 | Lucas 3:23, 33 |
| **Bahay ni David** – Si Jeremiah 23:5 | Lucas 3:23, 31 |
| **Isisilang sa Bethlehem** - Micah 5:2 | Mateo 2:1 |
| **Ipapahayag ng isang mensahero** – Isaias 40:3 | Mateo 3:1-3 |
| **Ministeryo ng Pagtuturo at Pagpapagaling** – Isaias 61:1, 2; 32:3-4; 35:5 | Mateo 9:24; Lucas 4:17-21 |
| **Mabubuhay bago mawasak ang Templo at ang Jerusalem** – Daniel 9:26 | Nawasak ang Templo at ang Jerusalem noong A.D. 70 |
| **Tinawag na Panginoon at Dios** – Si Jeremiah 23:6; Isaias 8:6 | Juan 29:28; Lucas 2:11 |
| **Pumasok sa Jerusalem sakay ng Asno** – Zacarias 9:9 | Mateo 21:1-8 |
| **Tahimik sa harap ng mga nagsasakdal** – Isaias 53:7 | Mateo 27:12 |
| **Nagtamo ng mga sugat** – Isaias 53:5 | Mateo 27:26 |
| **Sinibat ang katawan habang nakapako sa Krus** – Zacarias 12:10 | Juan 19:34 |
| **Inilibing kasama ng Mayaman** - Isaias 53:9 | Mateo 27:57-60 |

***Maaari bang natupad ang mga propesiyang ito dahil sa pagkakataon lang?***

Imposible! Naglista tayo ng 12 sa maraming dosenang propesiya na natupad ni Hesus. Ang isang napakakonserbatibong pagtaya sa pagkakataon na ang labindalawang propesiya ay natupad dahil sa pagkakataon lamang ay 1 in 100,000,000,000,000,000 (1 in $10^{17}$).

Imagine-in ninyo na lalatagan ninyo ang buong France ng barya na 2 piye ang kapal. Markahan ninyo ang 1 barya ng pulang "x". Takpan ninyo ang mata ng isang tao at papulutin siya ng isang barya. Ang kanyang pagkakataon na mapulot ang barya na may pulang "x" ay isa in $10^{17}$. Imposible!

***Posible ba na sinadya ni Jesus na tuparin ang mga propesiyang ito?***

Imposible! Maaaring piliin ni Hesus na maging isang guro o piliin na maging tahimik sa harap ng mga nagsasakdal sa kanya; subali't hindi niya maaaring piliin ang kanyang pamilya, kung saan siya ipapanganak, o kung paano susugatan ng mga Romano ang kanyang katawan habang nakapako sa krus.

***Posible ba na ang Dios ang nagbigay ng mga propesiyang ito?***

Sigurado! Kung ang mga propesiyang ito ay hindi nagkataon lang na natupad o sa sinadyang pagpili ni Hesus, ang mga propesiyang ito ay tiyak na nagmula sa Isang kayang makita ang hinaharap.[55] Dahil ang Dios lamang ang nakakaalam sa hinaharap, ang mga propesiyang ito ay tiyak na nagmula sa Dios. Sinuman ang nakatupad sa mga propesiyang ito ay pinili ng Dios.

**Mga Tanong sa Pagbabalik-Aral**

(1) Maglista ng tatlong tiyak na propesiya tungkol sa Mesiyas na natupad sa buhay ni Hesus.

(2) Ano ang ipinapakita ng katuparan ng maraming tiyak na propesiya tungkol sa Mesiyas tungkol sa pinagmulan ng mga propesiya?

## Ang Muling Pagkabuhay ni Hesu-Kristo

Ang Muling Pagkabuhay ni Hesus ay maaaring ang pinakamalaking panlilinlang (hoax) o ang pinakamaluwalhating himala sa lahat ng panahon. Ang Kristiyanismo ay titindig nang matatag o babagsak ayon sa sagot sa tanong na, "Pisikal bang nabuhay na muli si Hesus mula sa mga patay?" Sinabi ni Pablo na kung si Hesus ay hindi muling nabuhay mula sa libingan, ang ating pananampalataya ay walang kabuluhan at tayo na ang

[55] May mga di-madaling maniwala na nangatwiran na ang mga propesiyang ito ay ginawa "pagkatapos matupad". Gayunmanm madaling ipakita na ang mga propesiyang ito ay ginawa halos 200 taon bago isilang si Kristo. Ang Septuagint (Ang Griegong salin ng Hebreong Lumang Tipan) ay isinulat mga 200 taon bago dumating si Kristo. Kung ang propesiya sa Lumang Tipan ay isinalin mula sa Hebreo papuntang Griego mga 200 B.C. dapat mas maagang naisulat ang Hebreo.

pinakakawawang mga nilalang. Bakit? Dahil kung hindi muling nabuhay si Kristo, wala tayong pag-asa sa buhay na walang hanggan" [56]

Upang sagutin ang tanong na, "Pisikal bang bumangon mula sa mga patay si Hesus?" titingnan natin ang 3 paksa:

1. Namatay ba si Hesus? May mga tao na itinatanggi na tunay na namatay sa krus si Hesus.
2. Wala bang laman ang libingan? May mga nangangatwiran na si Jesus ay hindi nabuhay na muli mula sa mga patay. Sinasabi nila na may ibang paliwanag para sa "libingang walang laman."
3. Ano ang nangyari pagkatapos ng Muling Pagkabuhay? Mayroon bang ebidensiya para sa Muling Pagkabuhay pagkatapos ng unang umaga ng Linggo ng Pagkabuhay?

Mula sa sagot sa mga tanong na ito, makikita natin na mayroong sapat na ebidensiya upang paniwalaan na si Hesus ay pisikal na nabuhay mula sa mga patay. Ito ay higit pa sa isang alamat; ito ay isang katotohanan ayon sa kasaysayasn.

## Namatay ba si Hesus?

Kapag tinalakay natin ang Muling Pagkabuhay, kailangan muna nating patunayan na namatay nga si Hesus. Ang ilang sumasalungat sa Kristiyanismo tulad ng mga Muslim ay itinatanggi na tunay na namatay si Hesus. Ano ang mga ebidensiya para sa kanyang pagkamatay?

### *Pagkatigis ng dugo bago ipako sa krus*

Bago pa ipako sa krus si Hesus, siya ay hinampas ng isang sundalong Romano. Ang mga paghampas ng mga Romano ay brutal at madalas na nakamamatay sa biktima. Isinulat ng isang doctor:

> "Ang paghahampas ng mga Romano ay karaniwang may tatlumpu't-siyam na palo.… Gumagamit ang sundalo ng isang latigo ng tinirintas na katad (leather thongs) na may bakal na bola na nakatali rito. Sa paghampas sa laman ng tao, ang mga bolang ito ay nakalilikha ng malalalim na pasa at ito'y nagsusugat kapag patuloy na pinalo. Mayroon ding matatalim na piraso ng buto sa pamalo na siyang matinding sumusugat at humihiwa sa laman.
>
> "Labis na nagkakasugat-ssugat ang likod kaya't ang bahagi ng buto sa likod kung minsan ay nalalantad dahil sa malalalim na sugat. Ang pagpalo ay maaaring mula

[56] 1 Cor 15:14-22.

sa balikat hanggang sa likod, sa pigi, at hanggang sa likod ng mga hita."[57]

Maging bago pa ang pagpapako, nakaranas na si Hesus ng labis na sakit at nawalan ng maraming dugo kaya't siya'y nawalan ng malay. Kailangan nilang kumuha ng ibang tao upang siyang magpasan ng kanyang krus. Nasa kritikal na kalagayan na si Hesus bago pa man siya ipinako sa krus.

***Ebidenbsiya mula sa krus***

Sa krus, ang isang tao ay makakahinga lamang kung hihilahin ang katawan pataas gamit ang braso at pagtulak pataas gamit ang kanilang mga paa. Kapag ang isang tao ay nasa krus na sa loob ng ilang panahon at talagang mahina na, binabali ng mga sundalong Romano ang kanyang binti upang hindi na maitaas ng biktima ang kanyang sarili. Ito ang nagiging dahilan kaya hindi na makakahinga ang biktima.

Ayaw ng mga lider na Judio na iwan si Hesus sa krus sa panahon ng pagdiriwang ng Paskuwa. Dahil dito, pumunta ang mga sundalo upang baliin ang mga binti ni Hesus at ng dalawang magnanakaw. Gayunman, hindi na nila binali ang binti ni Hesus dahil patay na siya. Alam na alam ng mga sundalong Romano na nakatalaga sa gawaing pagpapako kung paano aalamin na patay na ang biktima. Alam nila na patay na si Hesus.[58]

Isang paraan upang tiyakin ng mga sundalong Romano na ang biktima ng pagpapako ay tunay na patay na ay ang pagsibat sa tagiliran ng biktima. Ang pag-agos ng tubig at dugo ang tanda ng kamatayan. Kung buhay pa ang tao, dugo lamang ang lalabas. Nang sibatin ng sundalo ang tagiliran ni Hesus, "agad umagos ang dugo at tubig."[59] Ito ang nagpatunay sa sundalo na tunay ngang patay na si Hesus.

Napatunayan ng sundalo kay Pilato na patay na nga si Hesus. Binmalot ng kayo ang katawan ni Hesus at dinala sa libingan. Walang sinumang nag-alinlangan na si Hesus ay patay.

## Wala bang laman ang Libingan?

Kapwa kinilala ng mga Judio at Romanong historyador na si Hesus ay namatay sa pagpapako sa krus. Ang susunod na tanong ay tungkol sa libingang walang laman. Ipinapangaral ng mga alagad na si Hesus ay muling nabuhay sa katawan mula sa libingan. Itinuro nila ang pisikal na muling pagkabuhay. Tunay na walang laman ang libingan.

Pinatunayan ng mga Ebanghelyo ang libingang walang laman. Hindi itinanggi ng bantay na sundalong Romano na ang libingan ay walang laman; hindi ipinagkaila ng mga lider na Judio na ang libingan ay walang laman. Halimbawang inimbento lamang ng mga alagad

[53] Adapted from Lee Strobel, *The Case for Christ* (MI: Zondervan, 1998), 195
[58] Juan 19:31-33
[59] Juan 19:34

ang kuwento ng Muling Pagkabuhay, magiging madali para sa mga Romano o lider na Judio na ilabas ang katawan—at ito na ang magiging katapusan ng Kristiyanismo. Sa halip, ang balita tungkol sa libingang walang laman ang nakahikayat sa maraming tao upang maniwala kay Cristo.

Sinikap din ng mga di mananampalataya na magbigay ng ibang paliwanag para sa libingang walang laman. Sinasabi nila:

***Ninakaw ng mga alagad ang katawan.***

Simula nang matuklasan na wala nang laman ang libingan, ipinahayag na ng mga lider na Judio na ninakaw ng mga alagad ang katawan ni Hesus.[60] Noong ikalawang siglo, si Trypho, isang manunulat na Judio, ang nagsabi,

> "Si Hesus na isang manlilinlang mula sa Galilea, ang ipinako sa krus, subali't sa hatinggabi, ninakaw siya ng kanyang mga alagad sa libingan. Ngayon ay nililinlang ang mga tao sa pagasasabing siya ay muling nabuhay mula sa mga patay at umakyat sa langit."[61]

► Ito ba ay isang mabuting paliwanag? Bakit o bakit hindi?

Mayroong dalawang piraso ng ebidensiya laban sa teoriyang ito.

Una – upang nakawin ang katawan, kailangang talunin ng mga disipulo ang isang bihasang Romanong bantay, igulong ang mabigat na bato at itakas ang katawan. Ang mga disipulong ito rin ang tumakbo sa takot nang dakipin si Hesus. Hindi kapani-paniwala na ngayon ay magkakaroon sila ng lakas ng loob upang harapin ang isang sundalong Romano.

Haharap sa parusang kamatayan ang mga sundalong Romano kapag sila'y nagkulang sa kanilang tungkulin. Kailangan talaga nilang maging mapagbantay. Walang dahilan upang paniwalaan na sila'y natalo ng mahihinang alagad, o kung sila'y nakatulog habang nagbabantay.

Ikalawa – Kung ninakaw ng mga disipulo ang katawan, alam nila na ang kuwento ng Muling Pagkabuhay ay isang kasinungalingan. Ayon kay Josh McDowell, "Sino ang magpapakamatay para sa isang kasinungalingan?" Oo. May mga taong namatay na *naniniwala* na ang isang kasinungalingan ay ang katotohanan, subali't kaunti lamang ang papayag na mamatay *kung alam* nila na mamamatay sila dahil sa isang kasinungalingan.

Upang paniwalaan natin na ninakaw ng mga disipulo ang katawan, kailangan din nating paniwalaan na labing-isang lalaki ang nagbuwis ng kanilang buhay para sa isang kuwento na alam nilang hindi totoo. Hindi sila nagtamo ng kayamanan o kapangyarihan mula sa

---

[60] Mateo 28:11-15
[61] Sinipi sa *Dialogue with Trypho* ni Justin Martyr.

kuwento; sila ay tinugis at pinatay dahil sa kuwentong ito. Isipin ninyo kung paano namatay ang mga disipulo:

- Ipinako sa krus si Pedro.
- Ipinako sa krus si Andres.
- Pinugutan ng ulo si Mateo.
- Ipinako sa krus si Santiago, anak ni Alfeo.
- Ipinako sa krus si Felipe.
- Ipinako sa krus si Simon.
- Pinatay sa sibat si Tomas.
- Ipinako sa krus si Bartolome.
- Pinatay sa tabak si Santiago, anak ni Zebedeo.

Ibinigay ng mga lalaking ito ang kanilang buhay dahil sa kanilang paniniwalang si Hesus ay muling nabuhay mula sa mga patay. Hindi sila namatay para sa isang kasinungalingan.

***Inalis ng mga awtoridad na Romano o Hudio ang katawan.***

Iminumungkahi ng ilang hindi madaling maniwala na inalis ng mga Romano o Hudio ang katawan. Sinasabi nila na itinago ng mga Romano o mga Hudio ang katawan upang hindi ito natagpuan ng mga Kristiyano.

► Ito ba ay mabuting paliwanag? Bakit o bakit hindi?

Walang kabuluhan ang sagot na ito. Nais ng mga Hudio na wasakin ang bagong relihiyon na ito; nais ng mga Romano na panatilihin ang kapayapaan sa pagitan ng mga Hudio at Kristiyano sa Jerusalem.

Nang magsimulang lumaganap ang relihiyong Kristiyano, maaaring ilabas ng mga Romano o Hudio ang itinagong katawan upang patunayan na patay pa rin si Hesus. Nasa kanila ang lahat ng dahilan upang patunayan na si Hesus ay hindi muling nabuhay mula sa mga patay. Walang dahilan upang itago nila ang katawan.

***Hindi namatay si Hesus; walang malay lang si Jesus nang siya'y ilibing.***

Ang "swoon theory" ay popular sa mga Muslim ngayon. Sinasabi nila na hindi namatay si Hesus sa krus. Sa halip, siya raw ay walang malay lamang dahil sa sakit at pagkaubos ng dugo. Iniisip ng mga sundalo na patay na siya, kaya't inilibing nila siya. Sa libingan, muling nagkamalay si Hesus at lumabas sa libingan. Naniniwala ang kanyang mga tagasunod na siya'y muling nabuhay mula sa mga patay.

► Ito ba ay mabuting paliwanag? Bakit o bakit hindi?

Upang maging totoo ang teoriyang ito, isipin ninyo ang lahat ng dapat mangyari:

- Dapat malagpasan ni Hesus ang teribleng paghahampas at ang pagkawala ng dugo sa krus.

- Kailangan niyang linlangin ang mga sundalong may kasanayang pumatay at tiyaking patay na siya.
- Matapos magising mula sa kanyang "swoon", ang nanghihinang lalaking ito ay kinakailangang igulong ang mabigat na bato sa pinto ng libingan.
- Kailangan niyang magapi ang lakas ng mga guwardiyang Romano na nakabantay sa libingan.
- Sa kanyang napakahinang kalagayan, kailangan niyang magpakita na lubhang napakalakas upang makumbinsi ang kanyang mga tagasunod na siya nga ang Panginoon ng Buhay at Matagumpay sa Kamatayan.

Hindi ito tumutugma sa alinman sa ating nabasa tungkol sa pagpapako sa krus at muling pagkabuhay. Ang tanging pagpipilian na magiging matuwid at makahulugan ang lahat ng bagay ay kung si Hesus ay muling nabuhay ayon sa kanyang sinabi.

**Mga Tanong sa Pagbabalik-Aral**

(3) Maglista ng tatlong paliwanag na ibinigay ng mga hindi madaling maniwala tungkol sa libingang walang laman. Sa bawat paliwanag, magbigay ng isang dahilan na ang paliwanag ay hindi sapat.

**Ano ang Naganap Pagkatapos ng Muling Pagkabuhay?**

Ang ebidensiya para sa Muling Pagkabuhay ay hindi natatapos sa libingan. Nagpakita si Hesus sa daang bilang ng tao sa mga sumunod na linggo matapos ang Muling Pagkabuhay. Binago ng Muling Pagkabuhay ang kanilang mga buhay—at patuloy na bumabago sa mga buhay sa kaHalukuyan.

***Ang Ebidensiya ng Pagpapakita ni Hesus Pagkatapos ng Muling Pagkabuhay***

Isa sa mga pinakakumpletong lista ng pagpapakita ni Jesus pagkatapos ng Muling Pagkabuhay ay ang **listahan ni Pablo** sa 1 Corinto 15:3-8. Isinulat ni Pablo ang listahang ito mga A.D. 55, mga dalawampu hanggang dalawampu't-limang taon matapos ang Muling Pagkabuhay. Kabilang sa listahang ito sina Pedro, ang 12 alagad at si Santiago.

Binanggit ni Pablo ang grupo ng mahigit 500 katao na nakakita sa muling nabuhay na si Hesus. Karamihan sa mga taong iyon ay nabubuhay pa sa panahong isinulat ito ni Pablo. Kung nagkamali si Pablo sa kanyang binanggit, maaari nila siyang ituwid sa kanyang pagkakamali! Hindi natatakot si Pablo na hahamunin ng mga taong ito ang kanyang mga salita.

Ang apat na **Ebanghelyo** ay nagtatala ng patotoo ng mga nakakita kay Kristo pagkatapos ng Muling Pagkabuhay. Inilagay sa panganib ng mga unang Kristiyano ang kanilang buhay dahil sa kanilang patotoo. Maraming namatay dahilan sa kanilang paniniwala. Kung ang

Muling Pagkabuhay ay hindi tunay na nangyari, malalaman nila ito. Hindi sana sila namatay dahil sa isang bagay na alam nilang isang kasinungalingan.

Isa sa pinakakapansin-pansing aspeto ng pagpapakita ni Hesus pagkatapos ng Muling Pagkabuhay ay ang pagbanggit ng **mga babae bilang unang mga saksi**. Si Maria Magdalena, si Juana na ina ni Santiago, at si Salome ang ilan sa mga unang tao sa libingan.[62] Sa ating panahon, ito'y tila hindi mahalaga; subali't sa sinaunang panahon, ito ay isang malakas na suporta para sa katotohanan ng mga Ebanghelyo.

Sa unang siglo, ang patotoo ng isang babae ay hindi tinatanggap sa korte. Dahil sa kanilang mababang katayuan sa lipunan, ang mga babae ay walang legal na katayuan. Maging ang mga disipulo sa simula ay tumanggi sa patotoo ng mga babaeng ito.[63]

Kung inimbento lang ng mga sumulat ng Ebanghelyo ang kuwentong ito, hindi nila isasama ang mga babae bilang mga saksi sa libingang walang laman. Ang isang sumusulat ng kathang-isip ay gagamit ng mga kapani-paniwalang mga saksi tulad ng mga iginagalang na lider na relihiyoso upang siyang magpatotoo tungkol sa Muling Pagkabuhay. Sa halip, isinulat ng mga sumulat ng Ebanghelyo kung paano ito eksaktong nangyari.

Sa pagsasaliksik na pangkasaysayan binibigyan natin ng malaking kredibilidad ang mga mismong nakakita/nakasaksi sa pangyayari. Gayun din kapag pinag-aaralan natin ang pangkasaysayang katotohanan ng Muling Pagkabuhay. Sila ang mga unang nakasaksi. Ang kanilang testimonya ay dapat tanggapin na mahalagang patotoo para sa katotohanan ng Muling Pagkabuhay.

### *Ang Ebidensiya ng mga Nabagong Buhay*

Isa pang ebidensiya na totoo ang Muling Pagkabuhay ay ang malaking epekto nito sa ibang tao. Marami sa mga nabuhay sa unang siglo ay nakumbinsi ng katotohanan ng Muling Pagkabuhay. Nabago ang kanilang mga buhay ng Cristong muling nabuhay. Ilang pangalan ang maglalarawan ng puntong ito.

**Si Pablo**, ang pinakamahigpit na kaaway ng Kristiyanismo ay naging pinakadakilang tagapagturo nito. Naglakbay siya sa Emperyong Romano na nagpapatotoo sa katotohanan ng Muling Pagkabuhay.

**Si Santiago**, ang kapatid-sa-ina ni Jesus, ay isang mapag-alinlangan sa panahon ng buhay ni Jesus sa lupa. Gayunman, nang makita niya si Hesus matapos itong muling mabuhay ang nakakumbinsi kay Santiago sa katotohanan sa inaangkin ni Hesus na siya Ang Mesiyas. Si Santiago ang naging tagapanguna ng iglesya sa Jerusalem.

### *Nagpapatuloy na Epekto sa Iglesya*

---

[62] Mateo 1-10; Marcos 16:1-11; Lucas 24:1; Juan 20:11-18.
[63] Lucas 24:11

Upang ipagdiwang ang Muling Pagkabuhay sa bawat linggo, inilipat ng mga **unang Kristiyano** ang kanilang araw ng pagsamba mula Sabado at ginawang Linggo. Dahil ang Muling Pagkabuhay ay nangyari sa unang araw ng linggo, sila ay sumamba sa unang araw ng linggo. Ipinagdiwang ng mga unang Kristiyano ang Pasko ng Pagkabuhay upang alalahanin ang literal at pisikal na Muling Pagkabuhay ni Hesus.



Ang sining mula sa mga unang siglo ay nagpapakita ng paniniwalaan ng mga Kristiyano na "Si Hesus ang Panginoon." Ang coin sa gawing kanan ay nagtataglay ng mga simbolo na popular sa sinaunang iglesya.[64]

Una, magkakrus ang dalawang letra mula sa Griegong alpabeto: **χ** (*chi*) at **ρ** (*rho*), ang dalawang unang letra ng Griegong salitang "*Christòs*" o "Christ." Pagkatapos, idinagdag ang **α** (*alpha*) at **ω** (*omega*) ang una at huling letra sa Griegong alpabeto, na nangangahulungang si Jesus ang simula at ang wakas ng lahat ng bagay.

Ang mga pader sa libingan ay nagpapakita ng isa pang buod ng mga sinaunang paniniwalang Kristiyano, ang simbolo ng isda. Ang Griegong salita para sa isda ay ἰχθὺς (*ichthus*).[65] Ang bawat letra ay nagpapaalaala sa mga unang Kristiyano ng ilang aspeto ng paniniwala tungkol kay Hesus ng Nazareth. Ang simbolo ng isda ay naging isang simpleng kredo para sa mga unang Kristiyano: Si Kristo Hesus, ang Anak ng Dios at ating Tagapagligtas.




ἰ = *Iesous* (Hesus)
χ = *Christos* (Kristo)
θ = *Theou* (ng Dios)
ὐ = *Uios* (Anak)
ς = *Soter* (Tagapagligtas)

Makikita kung gaano kataas ang pagpapahalaga kay Hesus ng mga unang Kristiyano. Sinamba nila si Kristo bilang ang Buhay na Panginoon. Ang literal na muling pagkabuhay ng katawan ni Hesus, ang pinakamabuting paliwanag para sa kanilang pagsamba. Nalupig na ni Hesus na kanilang pinaniniwalaan ang kamatayan bilang ang Panginoon ng Buhay.

**Mga Tanong sa Pagbabalik-Aral**

(4) Ano ang kahalagahan ng record na may mga babaeng kasama bilang unang nakasaksi sa muling Pagkabuhay?

(5) Ano ang mahalaga tungkol sa mga unang Kristiyano na sumamba sa unang araw ng linggo at nagdiriwang ng Pasko ng Pagkabuhay taon-taon?

---

[64] Image: "CE30928 Moneda", taken by Angel M. Felicísimo on Feb 7, 2016, retrieved from https://www.flickr.com/photos/elgolem/24386520264, licensed under CC BY 2.0, cropped and desaturated from the original.
[65] Image: "ICTHUS", retrieved from https://commons.wikimedia.org/wiki/File:ICTHUS.gif, public domain.

## Ano ang Pinatutunayan ng Natupad na Propesiya at ng Muling Pagkabuhay?


Ang mga propesiya tungkol sa Mesiyas na natupad sa buhay ni Jesus ay nagpapakita na siya nga ang inihulang Mesiyas. Matagal na panahon bago pa isilang si Hesus, ang mga gurong Hudio ay nagkaisa na ang mga propesiya ay tumutukoy sa Mesiyas. Dahil sa katotohanang ang detalyadong propesiya patungkol sa Mesiyas ay natupad daang taon matapos ang prediksiyon ay nagpapahayag na ang mga propesiya ay kinasihan ng Dios. Ginabayan ng Dios ang pagsilang ni Jesus at ang Dios ang nagsugo kay Hesus bilang ang Mesiyas na Hudio!

► Bakita napakahalaga ng Muling Pagkabuhay sa pananampalatayang Kristiyano?

Pangunahin sa pananampalatayang Kristiyano ang Muling Pagkabuhay dahil ito ang nagpapatunay na si Jesus ay ang taong sinasabi niyang Siya—ang Anak ng Dios, ang Dios na nagkatawang tao. Tanging ang Dios ang may kapangyarihan na buhayin ang patay, at hindi muling bubuhayin ng Dios ang isang sinungaling. Ipapakita rin natin na inangkin ni Jesus na Siya ay Dios. Ang Muling Pagkabuhay ay nagpatunay sa katotohanan ng inangkin ni Jesus.

Ang Muling Pagkabuhay ay nagbigay ng validity sa mga inaangkin ni Hesus na ang kanyang kamatayan ang "tutubos sa marami". Ipinapakita ng Muling Pagkabuhay na si Hesus ay may kapangyarihan sa kamatayan. Dahil dito, nabigyan ni Hesus ng buhay ang kanyang mga tagasunod tulad ng kanyang ipinangako.

## Pagsasabuhay ng Apologetics - Ang Patotoo ni Simon Greenleaf



Si Simon Greenleaf (1783-1853)[66] ay isa sa mga nagtatag ng Paaralan ng Batas ng Harvard. Sa maraming dekada, ang kanyang *Treatise on the Law of Evidence (Kasunduan sa Batas ng Ebidensiya)* ay itinuring na pinakadakilang aklat sa ebidensiyang legal.

Si Greenleaf ay isa ring agnostic na Hudio na naniwalang ang muling pagkabuhay ni Hesu-Kristo ay isang panlilinlang. Nang hamunin siya ng isang mag-aaral upang siyasatin ang ebidensiya, determinado si Propesor Greenleaf na patunayan na ang Muling Pagkabuhay ay isa lamang kathang-isip. Sa halip, nakumbinsi siya na ang Muling Pagkabuhay ay isang katotohanang pangkasaysayan.

Dahil kinilala niya ang makapangyarihang ebidensiya para sa Muling Pagkabuhay, naging isang masigasig na Kristiyano si Greenleaf. Ang kanyang mga isinulat ang naging inspirasyon ng ilan sa mga pinakamagagaling na apologists sa ating panahon, kabilang sina Josh McDowell at Lee Strobel, na napag-aralan na natin sa kursong ito.

---

66 Image: "Simon Greenleaf", retrieved from https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Simon_Greenleaf.jpg, public domain.

Pagkatapos pag-aralan ang mga ebidensiya para sa Muling Pagkabuhay, isinulat ni Greenleaf, "Kapag ang ebidensiya para sa Muling Pagkabuhay ay ihaharap sa alinmang walang kinikilingang hukuman sa mundo, ito ay hahatulan bilang isang pangyayaring pangkasaysayan—si Hesu-Kristo ay nabuhay mula sa mga patay!"

Ang pinakasikat na aklat ni Greenleaf ay may pamagat na, *Ang Testimonya ng mga Ebanghelista: Ang Mga Ebanghelyong Siniyasat Gamit ang mga Batas ng Ebidensiya.* Sa aklat na ito, ginamit ni Greenleaf ang mga tuntunin sa legal na ebidensiya na ginagamit sa korte ng batas. Kanyang pinatibayan na kikilalanin ng alinmang korteng walang kinikilingan ang mga Ebanghelyo bilang legal na ebidensiya. Kinilala ng pangunahing iskolar na legal ng ika-19 na siglo na ang pagsusuri sa mga ebidensiyang pangkasaysayan ay nagpapakita na ang Muling Pagkabuhay ni Hesus ay isang katotohanan at hindi isang kathang-isip lamang.

## Konklusyon

"Lee", tugon ni Jia, "Nauunawaan ko ang iyong pag-aatubili na paniwalaan ang Muling Pagkabuhay. Mukhang imposible ito para sa iyo! Subali't winawalang-halaga mo ang ebidensyang pangkasaysayan para sa katotohanan ng kwentong ito. Hindi totoo na ang mga tao sa unang panahon ay umaasa na ang mga patay ay babalik mula sa libingan. Oo, ang ilan sa kanila ay naniniwala sa multo—subalit naniniwala sila na ang mga multo ay mga patay na tao. Walang sinumang naniwala na ang multo ay isang tunay na taong bumalik mula sa libingan.

> "…nais isipin ng mga modernists na sila ang unang tao sa kasaysayan na nakapansin na ang patay ay nananatiling patay. Ang mga patay na Mesiyas ay nananatiling patay. Alam ng lahat iyan. Oo, naniwala sila sa muling pagkabuhay sa wakas ng panahon, subalit hindi ngayon. Ang Pasko ng Pagkabuhay ay hindi lamang di maaasahan, ito'y imposible. **Subali't ito'y naganap**."
>
> - Sinipi mula sa Sermon sa Pasko ng Pagkabuhay ni N.T. Wright, April 11, 2009

"Maaaring hindi nalalaman ng mga tao sa sinaunang mundo ang modernong siyensiya, subalit nalalaman nila na ang *taong patay ay nananatiling patay*. Ang mga disipulo ay labis na nagulat sa Muling Pagkabuhay. Walang sinuman sa kanila ang umasa na makitang buhay si Hesus. Naniwala lamang sila nang maharap sila sa hindi mapasusubaliang ebidensiya na, "Wala siya rito, nabuhay na siyang mag-uli.''[67]

'Si Apostol Pablo, isang Hudio na nilabanan ang pananampalatayang Kristiyano, ay naging mananampalataya matapos niyang makaharap ang Panginoong muling nabuhay. Alalahanin mo na isinulat ni Pablo ang kanyang mga liham sa panahong nabubuhay pa ang daan-daang tao na nakasaksi sa kanyang kamatayan. Kung mali ang patotoo ni Pablo, malalaman ng mga tao! Subali't sumulat si Pablo nang walang takot na may sumalungat sa kanya:

---

[67] Mateo 28:6

> ‘…Namatay si Kristo para sa ating mga kasalanan ayon sa Kasulatan, na siya’y inilibing, na siya’y muling nabuhay sa ikatlong araw ayon sa Kasulatan, at siya’y napakita kay Cephas, pagkatapos ay sa labindalawa. Pagkatapos, nagpakita siya sa mahigit limandaang kalalakihan sa isang pagkakataon, karamihan sa kanila ay nabubuhay pa bagaman ang ilan ay natutulog na. Pagkatapos, nagpakita siya kay Santiago, at sa lahat ng mga alagad. At sa pangwakas, tila isang isinilang nang wala sa panahon, nagpakita rin siya sa akin.’[68]

“Lee, alam ni Pablo na muling nabuhay mula sa libingan si Hesu-Kristo. Si Hesus ang Anak ng Dios na namatay para sa ating mga kasalanan at nagpakita ng kanyang kapangyarihan laban sa kamatayan sa pamamagitan ng muling pagkabuhay.  At kung tayo’y naniniwala sa kanya, tayo’y makikihati sa kanyang tagumpay sa kamatayan, Magkakaroon tayo ng buhay na walang hanggan!”

---

[68] 1 Cor. 15:3-8

## Mga Takdang-Aralin ng Aralin

(1) Apologetics at ang Ulo: Ang pagsusulit para sa araling ito ay magiging iba kaysa sa mga naunang aralin, Sa halip na isusulat ang sagot sa mga tanong, ipapahayag ninyo ang mga sagot sa isang debate sa klase. Ang lider ng klase ay gaganap bilang "skeptic/ang hindi madaling maniwala". Magkukunwari siyang isang di-mananampalataya na tumatanggi sa katotohanan ng Muling Pagkabuhay. Ihahayag mo ang ebidensiya para sa Muling Pagkabuhay na natutuhan mo sa araling ito.[69]

Halimbawa – kung ang "skeptic" ay nangangatwiran na si Hesus ay hindi totoong namatay sa krus, magbibigay ka ng mga dahilan na tayo ay makakatiyak na si Hesus ay patay. Kung sasabihin ng skeptic na inimbento lamang ng mga disipulo ang kwento ng Muling pagkabuhay, maaari mong ituro ang patotoo ng mga babae bilang isang dahilan upang paniwalaan ang kwento. Habang naghahanda ka para sa debateng ito, iayos mo ang mga impormasyon mula sa araling ito sa paraang makakatulong ang mga ito para masagot mo ang mga posibleng itanong ng skeptic patungkol sa Muling Pagkabuhay.

(2) Apologetics at ang Puso: Sa Roma 1:4, sinasabi ni Pablo na ang Muling Pagkabuhay ay nagpapatunay na si Hesus ang Anak ng Dios. At sa Roma 6, ipinapakita ni Pablo na tayo na "namatay kasama ni Kristo" ay kaisa niya sa kanyang Muling Pagkabuhay. Ito ay may makapangyarihang kahulugan sa ating pang-araw-araw na buhay Kristiyano. Tayo ngayon ay "patay na sa kasalanan at buhay sa Dios kay Kristo Hesus."[70]

Pag-isipan mo ang iyong pang-araw-araw na buhay Kristiyano. Patuloy ka bang nakikipaglaban sa paulit-ulit na tukso sa iba't-ibang bahagi ng buhay mo? Kung gayon, pagbulayan ang katotohanan ng Roma 6. Patay ka na sa kasalanan at buhay sa Dios. Dahil sa Muling Pagkabuhay, maaari kang mabuhay nang matagumpay araw-araw laban sa kasalanan. Sa linggong ito, mag-ukol ng oras upang pasalamatan ang Dios araw-araw para sa patuloy na tagumpay laban sa kasalanan.

(3) Apologetics at ang mga Kamay: Sa dulo ng Aralin 5, humiling ka sa isang di-mananampalataya na hayaan kang ibahagi sa kanya ang mga bloke na sumusuporta sa pananampalatayang Kristiyano. Kausapin mo uli ang taong ito at ibahagi sa kanya ang impormasyong natutunan mo sa araling ito. Hingin ang permiso nila na maibahagi ang ebidensiya para sa katotohanan ng Muling Pagkabuhay. Bago kayo magkita, ipanalangin sa Dios na ihanda ang kaniyang puso para sa katotohanan. Ireport ang inyong pag-uusap sa susunod na klase.

---

[69] Paalala sa pinuno ng klase: Ang iyong bahagi sa debate ay upang ipakita ang bawat isa sa mga argumento laban sa Muling Pagkabuhay na ibinigay sa araling ito. Siguraduhin na ang bawat mag-aaral ay may pagkakataon na tumugon sa hindi bababa sa isa sa mga argumento.

[70] Roma 6:11

**Mga Tanong sa Pagsusulit sa Aralin 7**

(1) Maglista ng tatlong tiyak na propesiya tungkol sa Mesiyas na natupad sa buhay ni Hesus.

(2) Ano ang ipinapakita ng mga natupad na tiyak na propesiya tungkol sa Mesiyas tungkol sa pinagmulan ng mga propesiya?

(3) Maglista ng tatlong paliwanag na ibinigay ng mga di-madaling maniwala para sa libingang walang laman. Para sa bawat paliwanag, magbigay ng isang dahilan upang ipakita na ang paliwanag ay hindi sapat.

(4) Bakit mahalaga na ang mga Ebanghelyo ay bumabanggit ng mga babae na kabilang sa mga unang saksi sa Muling Pagkabuhay?

(5) Bakit mahalaga na ang mga unang Kristiyano ay sumamba sa unang araw ng linggo at ipinagdiriwang ang Pasko ng Pagkabuhay taon-taon?

(6) Isulat ang 1 Corinto 15:3-6.

# Aralin 8
# Ang Pag-Angkin ni Hesus na Siya ay Dios

## Mga Tagubilin

(1) NAPAKAHALAGA: Bago simulan ang Leksyon 8, gawin ang debate na itinakda sa Aralin 7. Depende sa laki ng klase, ang debateng ito ay maaaring makagamit ng buong miting. Huwag magmadali sa pagsasagawa ng gawaing ito. Ito ang iyong pagkakataon upang tiyakin na maaari mong isabuhay ang impormasyon sa Aralin 7.

(2) Sabihin sa mga mag-aaral na magbigay ng maikling buod ng kanilang pag-uusap para sa takdang-aralin ng "Apologetics at mga Kamay" sa dulo ng Aralin 7.

(3) Isasaulo ng mga mag-aaral ang Juan 20:30-31.

(4) Talakayin ang bawat tanong na may markang ►.

(5) Itanong ang bawat Tanong sa Pagbabalik-Aral sa panahon ng leksiyon at muli sa dulo ng klase.

## Pasimula

"Jia," may pag-aatubiling sabi ni Lee, "Matagal kong pinag-iisipan ang ating mga pag-uusap. Kung tunay na muling nabuhay si Hesus mula sa mga patay, iyon ay tunay na makapangyarihan! Inaamin ko, nabigyan mo ako ng mabuting ebidensiya para sa Muling Pagkabuhay upang patunayan iyon bilang katotohanang pangkasaysayan sa halip na isang kathang-isip lamang. Impressive ang lahat ng iyon. Sana hindi mo ikagagalit kung mayroon akong isa pang katanungan."

"Siyempre naman, hindi," tugon ni Jia. "Hindi ko naman sinisikap na manalo sa isang pangangatwiran. Sinisikap ko lang ibahagi sa iyo ang pinakamahalagang bagay sa aking buhay. Ano ang iyong tanong?"

"Ang lahat ng iyong mga sinabi ay may katuturan. Subali't paano niyon pinatutunayan na si Hesus ay Dios? Isang dakilang tao? Oo! Isang dakilang tagapagturo? Oo! Marahil mas dakila pa kaysa kay Buddha. Subali't Dios? Bakit hindi mo matanggap na isa lamang siyang dakilang tagapagturo? Bakit kailangan mong sabihin na si Hesus ay Dios?"

► Paano mo tutugunin si Lee? Paano natin malalaman na si Hesus ay Dios?

## Inangkin ba ni Hesus na Siya ay Dios?

Si Kenneth Copeland ay isang pangunahing tagapagturo sa prosperity gospel movement. Ayon kay Copeland, dumating si Kristo sa kanya sa isang pangitain at nagsabi:

> "Huwag kang maguluhan kapag ibinababa ka ng mga tao at nagsasalita sila ng marahas laban sa iyo. Gayun din sila nagsalita sa akin. Hindi ba sila dapat magsalita ng gayun sa iyo? Mas higit na ikaw ay nagiging katulad ko, mas lalo silang mag-iisip ng gayun sa iyo. Ipinako nila ako sa krus sa pag-aangkin ko na ako ay Dios. Subali't hindi ko inaangkin na ako ay Dios; sinabi ko lang na ako ay lumakad nang kasama niya at siya ay sumasaakin."[71]

Sinasabi ni Copeland na hindi inangkin ni Hesus na siya ay Dios. Maraming sumang-ayon kay Copeland; sinabi nila na hindi inangkin ni Hesus na siya ay Dios. Totoo ba ito? O inangkin ba ni Hesus na siya ay Dios?

► Paano mo sasagutin si Kenneth Copeland? Inangkin ba ni Hesus na siya ay Dios?

Kung inangkin ni Jesus na siya ay Dios, siya lamang ang tanging lider ng pangunahing relihiyon sa mundo na nag-angkin ng ganito. Hindi inangkin ni Mohammed na siya ay Dios; hindi kailanman inangkin ni Buddha na siya ay Dios. Kung inangkin ni Hesus na siya ay Dios, ito ang nagbubukod sa Kristiyanismo mula sa ibang pangunahing relihiyon. Titingnan natin ang inaangkin ni Hesus sa dalawang bahagi — ang kanyang inaangkin sa panahon ng kanyang ministeryo at ang kanyang inaangkin sa panahon ng kanyang paglilitis.

**Ano ang Sinabi ni Hesus sa Panahon ng Kanyang Ministeryo?**

***Inangkin ni Hesus na siya ang "AKO NGA" ng Lumang Tipan.***

Sinabi ni Hesus, "…bago pa man si Abraham, AKO'Y AKO NA".[72] Nang marinig ng mga tagapakinig na Hudio ang mga salitang ito, alam nila na tinutukoy ni Hesus ang pagpapahayag ni Jehovah sa lumiliyab na halaman. Itinanong ni Moises, "Sino ang sasabihin kong nagsugo sa akin?" Sumagot ang Dios, "Sabihin mo ito sa bayan ng Israel, "Isinugo ako ni 'Ako Nga' sa inyo."[73] Nang sabihin ni Jesus na "Ako'y Ako Nga", nalalaman ng kanyang mga tagapakinig na inaangkin niyang siya si Jehovah.

***Inangkin ni Hesus na Kaisa Siya ng Dios Ama.***

Sinabi ni Hesus, "Ako at ang Ama ay iisa." Nang sabihin niya ito, pumulot ng bato ang mga Hudio upang batuhin siya. Bakit? Dahil alam nila na inaangkin niya na siya ay Dios; "…ikaw, na isang tao, ginagawa mong Dios ang iyong sarili."[74] Hindi nila sinikap na batuhin siya dahil siya'y isang dakilang tagapagturo; hindi nila sinubok na batuhin siya dahil sa kanyang mabubuting gawa; sinikap nilang batuhin siya dahil inaangkin niyang siya ay Dios.

---

[71] Kenneth Copeland, binanggit ni Hank Hanegraaff, sa *Christianity in Crisis*, (Oregon Harvest House, 1993), pp. 137-138.
[72] Juan 8:58
[73] Exodo 3:14
[74] Juan 10:30,33

Nang sabihin ni Kenneth Copeland na, "Hindi kailanman inangkin ni Hesus na siya ay Dios", ipinapakita nito na hindi lubos na nauunawaan ni Copeland ang itinuturo ni Hesus na katulad sa pagkaunawa ng mga Hudiong tagapakinig ni Hesus! Kahit ang mga kaaway ni Hesus ay nakakaalam na inaangkin niyang siya ay Dios.

Ipinilit ni Buddha na ituturo niya sa kanyang mga tagasunod "ang daan." Subali't hindi sinabi ni Hesus, "*Ituturo* ko sa inyo ang daan." Sa halip, sinabi ni Hesus, "*Ako* ang Daan."[75] Maaari mong tanggihan ang pag-angkin ni Hesus na siya ay Dios, subali't hindi mo dapat itanggi na inangkin niya iyon. Inangkin ni Hesus na siya ay Dios.

***Inangkin ni Hesus na taglay niya ang mga katangian ng Dios.***

► Basahin ang bawat isa sa mga talatang ito at ilista ang katangiang inaangkin ni Hesus.

Mateo 18:20 ___________________

Juan 17:5, 24 __________________

Inangkin ni Hesus ang mga katangian o katauhan ng Dios. Inangkin niya na siya'y nasa lahat ng lugar (omnipresent), inangkin niyang siya'y walang hanggan. Ang mga ito ay kalidad na tanging sa Dios lamang totoo. Nang ihayag ni Jesus ang mga pangungusap na ito, alam ng mga nakikinig sa kanya na inaangkin niya na taglay niya ang mga katangiang tanging sa Dios lamang.

***Inangkin ni Hesus ang kapangyarihang magsagawa ng mga bagay na Dios lang ang makagagawa.***

Inangkin ni Hesus na siya'y **may kapangyarihang magpatawad ng kasalanan**. Sa Marcos 2, sinabi ni Hesus sa paralitiko, "Anak, pinatatawad na ang iyong mga kasalanan." Ang mga Judiong nakarinig ay nagreklamo, "Sino ang makapagpapatawad ng mga kasalanan, kundi ang Dios lamang?" Bilang tugon, gumawa si Hesus ng isang bagay upang patunayan na mayroon siyang kapangyarihang magpatawad. Pinagaling niya ang paralitiko.[76] Ang pagpapagaling ay patunay sa maka-Dios na kapangyarihan ni Hesus.

Inangkin ni Hesus ang **kapangyarihang makapagbigay ng buhay na walang hanggan sa mga naniniwala sa Kanya**. Sinabi ni Hesus sa kanyang mga tagapakinig na "siya'y bumaba mula sa langit." Sinabi niya na "Sinumang tumingin sa Anak at sumampalataya sa kanya ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan, at siya'y muli kong bubuhayin sa huling araw."[77]

Nang sabihin ng mga Hudio kay Hesus na "sabihin mo sa amin nang malinaw" kung sino ka, sinabi niya, "Sinabi ko na sa inyo, at hindi kayo naniwala." Subali't para sa mga

---

[75] Juan 14:6
[76] Marcos 2:1-12
[77] Juan 6:40

naniwala, "Bibigyan ko sila ng buhay na walang hanggan, at hindi sila mapapahamak."[78] Tanging ang Dios lamang ang makapagbibigay ng buhay na walang hanggan. Nang ipangako niya ang buhay na walang hanggan, inaangkin ni Hesus na Siya ay Dios.

**Ano ang sinabi ni Hesus sa Kanyang Paglilitis?**

Nang litisin si Hesus, inangkin Niya na Siya ay Dios. Matapos magpatotoo ang mga saksi, tinanong ng punong saserdote si Hesus, "Ikaw ba ang Kristo, ang Anak ng Kataas-taasan?" Sumagot si Hesus, "Ako nga, at makikita ninyo ang Anak ng Tao na nakaupo sa kanan ng Makapangyarihan at dumarating sa mga ulap sa kalangitan."

Agad na nabatid ng punong-pari na inaangkin ni Jesus ang pagiging Dios. "Winasak ng punong pari ang kanyang damit" at nagsabi… "Narinig ninyo ang kanyang pamumusong/blasphemy."[79]

Ang tugon ni Hesus ay may tatlong bahagi:

- "Ikaw ba ang Kristo?" *"Ako nga."*
- "Ikaw ba ang Anak ng Kataas-taasan?" *"Ako nga."*
- *"Makikita ninyo ang Anak ng Tao…"*

***"Ikaw ba ang Kristo?" Inangkin ni Hesus na Siya ang Mesiyas.***

Ang salitang "Kristo" ay salin ng griegong salita para sa "Mesiyas." Sa pag-aangkin na siya ang Mesiyas, inangkin ni Hesus na siya ay Dios. Ipinangako ni Jeremias ang isang araw na ang pangalan ng Mesiyas ay magiging "Ang Panginoon (Jehovah) ang Aming Katwiran."[80] Propesiya ni Isaias na ang Mesiyas ay tatawaging "Makapangyarihang Dios."[81] Nang magpatotoo ni Hesus, "Ako ang Kristo", inaangkin niya ang tatlong titulo ("Ang Panginoon", "Ang Aming Katwiran" at "Makapangyrihang Dios") para sa kanyang sarili.

***"Ikaw ba ang Anak ng Pinagpala?" Inangkin ni Hesus na Siya ay Anak ng Dios.***

Madalas tinutukoy ni Hesus ang Dios bilang "Ang Aking Ama." Inaangkin ba ni Hesus na siya ay Anak ng Dios sa kaisipang tayong lahat ay mga anak ng Dios? Hindi. Inaangkin ni Hesus ng siya lamang ang *tanging* Anak ng Dios.

Sinabi ni Hesus, "Gayun na lang ang pag-ibig ng Dios sa sanlibutan, kaya't ibinigay niya ang kanyang nag-iisang Anak."[82] Upang si Hesus ay maging ang nag-iisang Anak ng Dios ay nangangahulugan na mayroon siyang natatangi (one-of-a-kind) na kaugnayan sa Ama.

---

[78] Juan 10:24-28
[79] Marcos 14:61-64
[80] Jer. 23:6
[81] Isaias 9:6
[82] Juan 3:16.

Sinabi rin ni Hesus na siya'y nanahan sa sinapupunan ng Ama.[83] Ito ay isang napakaespesyal na kaugnayan ng Ama sa Anak.

Sinabi ni Hesus na Siya at ang Ama ay iisa.[84] Sa katotohanan, sinabi ni Hesus na dapat nating igalang ang Anak tulad ng paggalang natin sa Ama.[85] Nang angkinin ni Hesus na Siya ang Anak ng Dios, inaangkin niya na kaisa siya sa katayuan sa Dios Ama. Ibig sabihin nito siya ay Dios Anak, nagtataglay ng parehong katangian tulad sa Ama. Ito ang dahilan kung bakit nagalit ang mga lider na Hudio sa pagpapatunay na siya ang Anak ng Dios.

***"Makikita ninyo ang Anak ng Tao." Inangkin ni Hesus na siya ang Anak ng Tao.***

Bilang tugon sa tanong ng punong-saserdote, sinabi ni Hesus, "Makikita ninyo ang Anak ng Tao na nakaupo sa kanang kamay ng Makapangyarihan at dumarating sa alapaap ng Kalangitan." Isang pagbanggit ito sa Aklat ng Daniel sa Lumang Tipan.

Sinabi ni Daniel, "Nakita ko sa gabi ang mga pangitain, at nakita ko ang isang tila taong nakasakay sa ulap.[86] (Bumaba ito at lumapit sa nabubuhay magpakailanman). Ang salitang "Anak ng Tao" ay isang titulo para sa Mesiyas. Nang marinig ng punong-saserdote ang sagot ni Hesus, alam niya na inaangkin ni Hesus na Siya ang Mesiyas.

**Konklusyon**

Si Hesus ay hindi hinatulan dahil sa kanyang mga ginawa; hindi siya ipinako sa krus dahil pinagaling niya ang mga tao o dahil sa kanyang pagtuturo sa mga tao na mahalin ang kanilang mga kapitbahay. Ipinako sa krus si Hesus dahil sa sinabi niya kung sino siya. Nalalaman ng mga nakarinig kay Hesus na inaangkin niyang Siya ay Dios. Hindi naiintindihan ng mga nagsasabi na "Hindi kailanman inangkin ni Hesus na Siya ay Dios" ang sinasabi ni Hesus nang katulad ng pagkaunawa ng mga Hudio na nakarinig sa kanyang pagsasalita sa panahon ng kanyang ministeryo sa lupa.

Tiyak na inangkin ni Hesus na Siya ay Dios . At sinuportahan niya ang mga pag-angkin na iyon ng kanyang mga kilos. Hindi lamang pinagaling ni Hesus ang paralitiko upang ipakita na na siya ay may kapangyarihang patawarin siya; subali't gumawa rin siya ng marami pang ibang himala, nagpapakita ng kanyang kapangyarihan sa kalikasan at maging sa kamatayan mismo. Muli niyang binuhay mula sa mga patay si Lazaro, tinawag ang kanyang sarili na ang "Muling Pagkabuhay at ang Buhay." Ang sariling muling pagkabuhay ni Hesus ay espesyal na patunay na Siya nga ayon sa kanyang sinasabi, na siya ang Dios na nagkatawang tao.

---


[83] Juan 1:18.
[84] Juan 10:30.
[85] Juan 5:23.
[86] Daniel 7:13, KJV

**Mga Tanong sa Pagbabalik-Aral**

(1) Maglista ng apat na pangungusap sa panahon ng kanyang ministeryo na nagpapakita na naniwala si Hesus na siya ay Dios.

(2) Maglista ng tatlong pangungusap sa kanyang paglilitis na nagpapakita na si Hesus ay naniwala na siya ay Dios.

## Pagsasabuhay ng Apologetics - Ang Pagbabalik-loob ni Chuck Colson



Miyembro ng staff ni Presidente Richard Nixon sa White House si Chuck Colson (1931-2012).[87] Gayunman, nagsimulang mapagtanto ni Mr. Colson na hungkag ang kanyang buhay. Habang nakaupo siya sa kanyang opisina sa White House, isang araw, tinanong niya ang kanyang sarili, "Ano ang kahulugan ng buhay? Mayroon pang ibang dahilan ang buhay, hindi ito lamang." Nang araw na iyon, napagtanto ni Chuck Colson na hindi niya alam ang tunay na kahulugan ng buhay.

Taong 1972, matapos iwan ang kanyang trabaho sa White House, nakipagpulong si Chuck Colson kay Tom Philips, ang pangulo ng isang malaking kompanya. Napansin ni Colson na tila mas payapa si Tom kaysa sa nakalipas na panahon. Nang tanungin niya kung bakit, sinabi ni Tom na ibinigay na niya ang kanyang buhay kay Kristo.

Dalawang taon ang nakalipas, nabaligtad ang mundo ni Chuck Colson. Dahil sa ilang mga ginawa niya habang nagtatrabaho pa sa pamahalaan, nalaman ni Colson na kailangan niyang makulong. Sa gitna ng kanyang kaguluhan, muli silang nagkita ni Tom Philips. Ibinahagi ni Philips ang ebanghelyo kay Chuck Colson. Nang gabing iyon, habang nagmamaneho pauwi, inihinto ni Colson ang kanyang sasakyan at nanalangin sa Dios upang patawarin siya sa kanyang mga kasalanan.

Nang matapos niya ang kanyang sentensiya sa kulungan, nagpatuloy si Chuck Colson sa paglilingkod nang matapat sa Dios. Sa katotohanan, iniukol niya ang kanyang buhay sa pagmiministeryo sa mga tao sa kulungan. Halos apatnapung taon siya sa ministeryo. Nagbiyahe siya sa buong mundo at bumisita sa mga nakakulong sa mga pinakamasasamang kulungan sa mundo; sinimulan niya ang Prison Fellowship, isang organisasyon na nagpapatuloy sa pagdadala ng ebanghelyo sa mga nakakulong.

Taong 1984, nagtalumpati si Chuck Colson sa National Religious Broadcasters Convention kung saan siya'y nagpatotoo sa ebidensiya para sa katotohanan ng mga ebanghelyo. Sa kanyang talumpati, sinabi ni Mr. Colson na ang Watergate ang kumumbinsi sa kanya na ang Muling Pagkabuhay ay nangyari tulad nang sinabi sa mga Ebanghelyo. Ito ang bahagi ng talumpati ni Mr. Colson:

---

[87] Image: "Chuck Colson", Nixon Presidential Library, retrieved from https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Chuck_Colson.jpg, public domain.

"Ano ang ebidensiya ng Muling Pagkabuhay ni Hesus? Ang patotoo ng mga apostol. Ang labing-isang apostol at si Pablo ay naglakbay sa kanilang mundo sa loob ng 40 taon na ipinapahayag na si Hesus ay muling nabuhay mula sa mga patay. Hindi kailanman—bagaman sila'y nagdanas ng pag-uusig, pambubugbog, pagkakulong, at sa wakas, lahat maliban sa isa, ng kamatayan ng isang martir—nila itinatwa ang katotohanan ng literal na muling pagkabuhay ni Kristo Hesus mula sa mga patay.

"Ano naman ang kinalaman nito sa Watergate? Sina Ehrlichman, Haldeman, Mitchell at ako (ang mga lider sa White House sa panahon ni Nixon) ay lubos na naniwala sa Pangulo. Halos nasa dulo ng aming mga daliri ang lahat na kapangyarihan at pribilehiyong maaari mong isipin. Gayunman sa kabila ng lahat ng mga pribilehiyo ng pinakamakapangyarihang opisina sa mundo, ang banta ng pagkakulong ay napakalakas kaya't isa-isang iniwan ng lahat nang kasangkot ang kanilang lider upang iligtas ang kanyang sarili.

"Paano nito sinusuportahan ang katotohanan ng Muling Pagkabuhay? Simple lang: Ipinapakita ng Watergate ang likas ng tao. Walang sinumang makapagpapaniwala sa akin na ang labing-isang ordinaryong mga tao ay magtitiis ng pagpapahirap, pagkakulong at maging kamatayan nang hindi ikinakaila na si Kristo Hesus ay muling nabuhay mula sa mga patay.

"Tanging ang isang pakikipagtagpo sa isang buhay na Dios ang magpapanatiling matatag sa mga lalaking iyon. Kung hindi gayun, maaaring itatwa ni Apostol Pedro si Hesus upang iligtas ang kanyang buhay. Nagawa na niya iyon ng tatlong beses.

"Nakakapuspos ang ebidensiya. Pinanghawakan ng mga lalaking iyon ang kanilang patotoo dahil nakita nila si Kristo na muling nabuhay mula sa mga patay. At kung siya'y muling nabuhay, pinatutunayan nito ang kanyang pagiging Dios."[88]

## Ang Pasya: Dios Ba Si Hesus?

Isa pang paraan upang harapin ang mga inaangkin ni Kristo ay pag-isipan ang mga alternatibong bagay. Ipinapakita ng Bagong Tipan si Hesus bilang isang tao na nag-aangkin na siya ay Dios. Anong gagawin natin dito? May limang pagpipilian, na isa lamang ang puwedeng totoo: Si Hesus ay isang alamat, isang guru, isang sinungaling, isang Baliw o ang Panginoon.

### Si Hesus ba ay isang alamat?

Maaari bang si Hesus ay isa lamang alamat? May mga hindi madaling maniwala na nagsabing hindi naman nabuhay si Hesus, o ang Hesus ayon sa kasaysayan ay hindi naman nagsabi o gumawa ng mga bagay na inaangkin ng Bagong Tipan.

---

[88] Ito ay sinipi sa talumpati na binigkas ni Chuck Colson sa National Religious Broadcasters Convention noong Pebrero, 1984.

► Posible ba na ang Bagong Tipan ay hindi mapagkakatiwalaan at ang mga Ebanghelyo ay mga alamat lamang?

Hindi maaaring alamat lamang ang mga kuwento ni Hesus. Nakita na natin na ang Bagong Tipan ay mapagtitiwalaan kung patungkol sa kasaysayan. Ang pagiging mapagkakatiwalaan ng Bagong Tipan ay napatunayan na ng Bibliograpikal na Pagsubok, ng Pagsubok sa Ebedensiya ng Nilalaman at Ebedensiya Mula sa Labas ng Biblia. Nagbibigay ng tumpak na larawan ni Hesus ang Bagong Tipan—kung sino siya, ano ang kanyang ginawa, at kung ano ang kanyang mga sinabi. Hindi isang alamat si Hesus.

**Si Hesus ba ay isang Guru?**

Maaari bang si Hesus ay isang guru o mystic na Silanganin? May mga hindi madaling maniwala ang nagsasabi na si Hesus ay katulad ng mga tagapagturo ng teolohiyang Hindu. Itinuturo daw ni Hesus na tayong lahat ay mga dios.

► Posible ba na si Hesus ay isang Silanganing guru na naniniwalang ang bawat tao ay dios?

Si Hesus ay isang Hudio na pinalaki sa isang mahigpit na monotheistic[89] culture/kulturang naniniwala sa iisang Dios. Walang Hudio na maniniwala na tayong lahat ay dios. Ang bawat batang Hudio ay nagsaulo ng *Shama*: "Pakinggan mo, O Israel: Ang Panginoon ating Dios, ang Panginoon ay iisa."[90]

Ang mga itinuro ni Hesus ay hindi katuruan ng isang Silanganing mystic, kundi ang katuruan ng isang Hudiong tagapagturo/rabbi na naniwala sa iisang transcendent Creator/Manlilikhang nabubuhay magpakailanpaman.

**Si Hesus ba ay isang Sinungaling?**

Maaari bang si Hesus ay isang sinungaling? May mga hindi madaling maniwala na nagsasabing alam ni Hesus na hindi siya Dios. Nagsinungaling daw si Hesus sa

> "Sinusubukan kong pigilan ang sinuman na nagsasabi ng napakatanga na madalas sabihin ng mga tao: Handa kong tanggapin si Jesus bilang isang mahusay na guro sa moral, ngunit hindi ko tinanggap ang kanyang pag-angkin na Diyos.
>
> Iyon ang iisang bagay na hindi natin dapat sabihin. Ang isang tao na isang tao lamang, at sinabi ang mga sinabi ni Jesus, ay hindi magiging isang mahusay na guro sa moral. Siya ay magiging isang baliw, o kung hindi man ang Diyablo ng Impiyerno.
>
> Dapat kang pumili. Alinman ang taong ito ay naging, at ngayon ay, Anak ng Diyos, o kung hindi man ay isang baliw o isang mas masahol pa. Kung sa palagay mo ay Siya ay tanga, maaari mo siyang ikulong. Kung sa palagay mo ay demonyo Siya, maaari mo siyang dumura at patayin. O maaari kang mahulog sa kanyang paanan at tawagan siyang Panginoon at Diyos. Ngunit hindi natin dapat isipin na siya ay isang mahusay na guro lamang sa moral. Hindi niya iyon ginawang pagpipilian para sa amin. Hindi iyon ang hangarin niya."
>
> - C.S. Lewis, Mere Christianity

---

[89] Ang ibig sabihin ng monotheistic ay paniniwala sa isa lamang na transcendent ng Dios.
[90] Deut. 6:4.

kanyang mga tagasunod. Katulad daw siya ni Jim Jones, isang Amerikanong lider ng kulto na nag-akay sa 900 katao upang magpakamatay sa Guyana; o si Shoko Asahara, isang lider ng kulto sa Japan na nanguna sa kanyang mga tagasunod sa isang sarin gas attack sa Tokyo subway.

► Posible bang si Hesus ay isang sinungaling na nanlinlang sa kanyang mga tagasunod?

Sinabi ni Peter Kreeft na hindi maaaring maging sinungaling si Hesus dahil sa kanyang katauhan. Siya ay "hindi makasarili, mapagmahal, makalinga, mahabagin at madamdamin sa pagtuturo ng katotothanan. "[91] Kahit ang mga sumasalungat kay Hesus ay hindi nakakita ng anumang maaaring sabihin laban sa kanya. Sa kanyang paglilitis, kinailangan nilang humanap ng mga bulaang mga saksi.

Sinabi ni Kreeft na hindi maaaring maging sinungaling si Hesus dahil wala siyang dahilan upang magsinungaling. "Nagsisinungaling ang mga sinungaling para sa makasariling dahilan, tulad ng pera, katanyagan, kasiyahan o kapangyarihan. Iniwan ni Hesus ang lahat ng kayamanan ng mundo at maging ang buhay mismo." Sa halip, ang pag-angkin ni Hesus na Siya ay Dios ay "nagdulot sa kanya ng pagkamuhi, pagtanggi, di pagkaunawa, pag-uusig, pagpapahirap at kamatayan."[92]

Hindi maaaring maging sinungaling si Hesus dahil sa Muling Pagkabuhay. Kung tinatanggap natin ang Biblia na mapagkakatiwalaan tungkol sa kasaysayan, dapat nating tanggapin na totoo rin ang Muling Pagkabuhay. Tanging ang Dios ang makakabuhay ng patay at hindi bubuhayin ng Dios si Hesus mula sa mga patay kung siya ay isang sinungaling.

**Si Hesus ba ay Isang Baliw?**

May mga nagsasabi na hindi nagsinungaling si Jesus, subalit tunay siyang naniwala na Siya ang Anak ng Dios. Sa sinabi sa itaas, ipinakita ni C.S.Lewis na ang isang ordinaryong tao na naniniwala na siya ay Dios ay maaaring baliw.

► Batay sa buhay ni Hesus na ipinakita sa Ebanghelyo, posible ba na si Hay isang baliw na nagkamali sa paniniwalang siya ay Dios?

Tanging ang isang taong may sakit sa pag-iisip ang maniniwala na siya ang Makapangyarihang Manlilikha. Halimbawang may makita kang isang tao sa kalsada na magsasabi at tunay na maniniwala, "Ako si Napoleon" o "Ako si Alexander the Great." Malalaman mo agad na ang taong ito ay may sakit sa pag-iisip.

Kung si Hesus ay isang ordinaryong tao na naniniwalang siya ang Dios, maaaring siya ay may sakit sa pag-iisip. Subalit ang mga psychologists ay nagsasabi na walang tanda ng sakit sa pag-iisip si Hesus. Perpektong balanse ang kanyang pagkatao.

---

[91] Peter Kreeft, *Handbook on Christian Apologetics*, (IL: InterVarsity Press, 1994), p. 160.
[92] Ibid.

Nagpakita ng kanyang praktikal na katalinuhan ang mga pagtuturo ni Hesus. Ang kanyang pagkalinga para sa mga nagdurusa ay nagpakita ng pagmamahal niya sa iba na hindi mo maaasahang makita mula sa isang taong may sakit sa pag-iisip. Tiyak na hindi isang baliw si Jesus.

**Panginoon ba si Hesus?**

Kung si Hesus ay hindi isang alamat, isang guru, isang sinungaling, o isang baliw, ang tanging natitirang mapagpipilian ay siya ang eksaktong kung sino siya, ayon sa kanyang mga sinasabi; si Hesus ang Panginoon. Tulad ng kanyang mga alagad pagkatapos ng Muling Pagkabuhay, dapat nating sambahin si Hesus bilang Panginoon at Dios!

Ang ating konklusyon mula sa pagtingin sa limang pagpipiliang ito ay tumutugma sa pangkalahatang pangangatwiran para sa Kristiyanismo na napag-aralan na natin. Dahil ang Bagong Tipan ay tumpak ayon sa kasaysayan, mayroon tayong sapat na dahilan upang maniwala na si Hesus ay muling nabuhay mula sa mga patay at tumupad sa maraming propesiya patungkol sa Mesiyas. Ang dalawang bagay na ito ay nagpapakita na si Hesus ay siya nga ayon sa kanyang inaangkin—ang Anak ng Dios, ang Dios na nagkatawang-tao.

Sa araling ito, nakita natin na si Hesus ay ang Dios na inaangkin niya. Dahil si Hesus ay Dios, kailangan natin Siyang tanggapin bilang isang awtoridad na hindi maaaring magkamali. Siya ay lubusang mapagkakatiwalaan. Samakatuwid, dapat nating tanggapin ang kanyang inaangking na siya lamang ang tanging daan patungo sa Dios. Kailangan din nating tanggapin ang kanyang inaangkin na ang Biblia ay nagmula sa Dios. Totoo ang Kristiyanismo. Kung paano tayo tutugon sa katotohanang iyon ay napakahalaga/crucial.

**Mga Tanong sa Pagbabalik-Aral**

(3) Ano- ano ang limang pagpipilian na dapat pag-isipan tungkol sa pag-angkin ni Hesus na siya ay Dios?

(4) Maikling ipahayag ang problema sa bawat isa sa unang apat na pagpipilian.

## Konklusyon

"Lee," sabi ni Jia, "tayo ay nasa crucial na punto. Nakita na natin ang ebidensiya para patunayan na may Dios; nakita na natin ang ebidensiya para sa paglikha; nakita na natin ang ebidensiya na mapagkakatiwalaan ang Bagong Tipan; nakita na natin ang ebidensiya na si Hesus ay siya nga ayon sa kanyang sinabi.

"Lee, sa ating mga pag-uusap, nakita na natin na:

- Ang Bagong Tipan ay maaasahan at mapagtitiwalaan patungkol sa kasaysayan.
- Si Jesus ay muling nabuhay mula sa mga patay, at siya'y tumupad sa dosenang propesiya tungkol sa Mesiyas.

- Ang Muling Pagkabuhay ni Jesus at ang pagtupad sa propesiya ay nagpapakita na siya ay siya nga tulad ng kanyang inaangkin—ang Mesiyas, ang Anak ng Dios, ang Dios na nagkatawang-tao.
- Bilang Anak ng Dios, si Hesus ay isang awtoridad na hindi maaaring magkamali.
- Itinuro ni Cristo na ang Biblia ay ang Salita ng Dios at siya ang tanging daan patungo sa Dios.

"Dahil ang lahat ng ito ay totoo, iisa lamang ang posibleng konklusyon.  Kung si Hesus ay Dios, dapat nating paniwalaan ang kanyang sinabi: Ang Biblia ay ang Salita ng Dios, at si Hesus ang tanging daan patungo sa Dios.  Samakatuwid, totoo ang Kristiyanismo.

"Lee, ang tanong ko ay, 'Maniniwala ka ba? Handa ka bang isuko ang iyong buhay sa awtoridad ni Hesus, ang tanging nag-iisang Anak ng Dios?'"

Sumagot si Lee, na may luha sa kanyang mga mata, "Jia, naaalala mo ba na ikinuwento mo sa akin ang tungkol kay 'Tomas na Mapag-alinlangan'? Iyon ako; kailangan ko ng maraming ebidensiya.  Subalit noong nakaraang lingo, nabasa ko ang mas marami pang bagay tungkol kay Tomas sa iyong Biblia.  Pagkatapos niyang makita ang ebidensiya, sinabi ni Tomas, "Aking Panginoon at aking Dios!'[93] Nabuksan ang mga mata ni Tomas, Nakita niya ang ebidensiya, at siya ay sumampalataya.

"Jia, nakita ko ang ebidensiya- at ako ay naniniwala. Habang binabasa ko ang tungkol kay Tomas, binuksan ng Dios ang aking mga mata sa katotohanan ng Biblia.  Ako ay bulag, subali't ngayo'y nakakikita na! Nakahanda na akong isuko ang aking buhay kay Hesus. Maaari mo ba akong samahang manalangin?"

## Mga Takdang-Aralin ng Aralin

(1) Apologetics at ang Ulo: Sisimulan mo ang susunod na klase sa isang pagsusulit gamit ang mga Tanong sa Pagbabalik-aral mula sa Aralin 8. Pag-aralang mabuti ang mga tanong na ito bilang paghahanda sa pagsusulit.

(2) Apologetics at ang Puso: Maraming Kristiyano sa kasalukuyan ang nagsasabi, "Ako'y naniniwala," subalit ito ay isa lamang pagpapasya sa isip.  Sa Juan, ang salitang "naniniwala" ay nagpapahayag rin ng kahandaang sumunod.  Kung hindi tayo susunod, hindi tayo naniniwala.  Naniniwala ka ba? Nabubuhay ka ba nang may lubos na pagsunod? Kung hindi, italaga ang iyong sarili sa kumpleto at lubos na pagsunod sa Dios.

(3) Apologetics at ang mga Kamay: Makipag-usap sa isang hindi mananampalataya tungkol sa pag-angkin ni Jesus na siya ay Dios. Bago mo ipakita sa kanila kung ano ang sinabi ni Hesus, itanong, "Ano ang iniisip mo tungkol kay Hesus? Kung hindi siya Dios, sino siya sa iyong palagay?" Ipakita sa kanila na ang tanging makatwirang pagpipilian ay

---

[93] Juan 20:28.

si Hesus ang Anak ng Dios (ang Dios Anak), tulad ng kanyang sinabi. Kumuha ng mga notes tungkol sa inyong pag-uusap upang maibahagi sa klase sa inyong susunod na pagkikita.

## Mga Tanong sa Pagsusulit sa Aralin 8

(1) Maglista ng apat na pangungusap sa panahon ng kanyang ministeryo na nagpapakita na si Hesus ay naniwala na siya ay Dios.

(2) Maglista ng tatlong pangungusap sa kanyang paglilitis na nagpapakita na naniwala si Hesus na siya ay Dios.

(3) Ano ang limang pagpipilian na kailangang pag-isipan tungkol sa pag-angkin ni Hesus na siya ay Dios?

(4) Maikling ihayag ang problems para sa bawat isa sa unang apat na pagpipilian.

(5) Isulat ang limang pahayag at konklusyon para sa pangkalahatang pangangatwiran para sa Kristiyanismo.

(6) Isulat ang Juan 20:30-31.

# Aralin 9
# Ang Pagiging Katangi-tangi ng Kristiyanismo sa Mundo ng mga Relihiyon

## Mga Tagubilin

(1) Magbigay ng isang pagsusulit gamit ang Mga Tanong sa Pagbabalik-aral mula sa Aralin 8.

(2) Atasan ang bawat mag-aaral na magbigay na maikling buod ng kanilang pakikipag-usap para sa takdang-aralin para sa "Apologetics at mga Kamay" sa dulo ng Aralin 8.

(3) Isasaulo ng mga mag-aaral ang Mga Gawa 4:11-12.

(4) Talakayin ang bawat tanong na may markang ►.

(5) Itanong ang bawat Tanong sa Pagbabalik-aral sa panahon ng klase at muli sa dulo ng klase.

## Pasimula

Sa 1893 World's Fair sa Chicago, ang isang Parliament of Religions ay nagpahintulot sa mga kinatawan mula sa bawat isa sa mga pangunahing relihiyon sa mundo na magsalita. Ang mga tagapagsalita mula sa bawat relihiyon ay nagsikap na kumbinsihin ang mga tagapakinig na ang kanilang relihiyon ay mas nakahihigit kaysa sa iba.

Ang huling kinatawan ay si Joseph Cook, isang pastor na kumakatawan sa pananampalatayang Kristiyano. Bago magsalita si Cook, inatake ng tagapagsalitang Hindu ang Kristiyanismo sa pagsasabing "ito ang pinakamasama sa lahat ng relihiyon" dahil tinatawag nito ang mga tao na "mga makasalanan".

Sa halip na atakihin ni Cook ang ibang relihiyon, nagsimulang ikuwento ni Joseph Cook ang kuwento ni Lady Macbeth mula sa dakilang play ni Shakespeare. Sinabi niya kung paanong dahil sa paninibugho at ambisyon, hinikayat ni Lady Macbeth ang kanyang asawa na patayin ang haring si Duncan, habang ito ay bumibisita sa kanilang kastilyo.

Makalipas iyon, si Lady Macbeth ay labis na binagabag ng kanyang budhi. Sa araw, siya ay ambisyosa at matapang. Subali't sa gabi, si Lady Macbeth ay naglalakad nang tulog sa palasyo, paulit-ulit na hinuhugasan ang kanyang kamay at umiiyak, "Marumi pa! Magiging malinis pa ba ang mga kamay na ito?"

Tinanong ni Joseph Cook ang mga kinatawan ng bawat relihiyon, "Mayroon bang anumang bagay sa inyong relihiyon na maaaring makahugas sa guilt (pag-uusig ng budhi) at dugo sa kamay ni Lady Macbeth?" Walang sinumang nagsalita. Walang relihiyong maaaring

maghugas ng dugo sa mga kamay ni Lady Macbeth. Pagkatapos, humarap si Rev. Cook sa mga nakikinig at nagsabi, “Ang dugo ni Kristo Hesus , ang Anak ng Dios, ang maglilinis sa atin sa lahat ng ating kasalanan!”

Sa leksiyong ito, makikita natin na ang Kristiyanismo ay naiiba sa lahat ng ibang relihiyon. Ang pagkakaiba ng ebanghelyo at ng ibang relihiyon ay ito: naniniwala tayo na dumating ang Dios sa ating mundo sa katauhan ng kanyang Anak na si Hesus, upang pagkalooban tayo ng daan upang mapatawad ang ating mga kasalanan at ibalik tayo sa kanyang wangis.

## Ang Kristiyanismo Ba Ang Tanging Tunay na Pananampalataya?

Ang isang napakakaraniwang tanong sa isang Kristiyano ay, “Hindi ba’t pare-pareho lang ang lahat ng relihiyon? Iba’t-ibang daan lang sila patungo sa parehong layunin. Basta matatagpuan mo ang landas na tama sa iyo, okay lang.”

► Paano ka tutugon sa Hindu na nagsabing, “Ang Kristiyanismo at Hinduismo ay dalawang landas patungo sa parehong layunin?”

Ang sumusunod na pagtalakay ay tutulong sa atin na makita nang mas malinaw kung ano ang nagbubukod sa Krisktiyanismo sa lahat ng iba pang pananaw ng sanlibutan.

May limang pangunahing paniniwala patungkol sa pag-iral at kalikasan ng Dios: Atheism, Pantheism, Panantheism, Polytheism at Monotheism.

Itinuturo ng ***atheism*** na walang Dios. Itinatanggi nito na mayroon pang ibang bagay sa kabila ng natural na mundo.

Itinuturo ng ***Pantheism*** na mayroong divine being, subalit ang being na ito ay hindi nakahiwalay sa mundo. Ang pantheistic god ay hindi isang personal being na lumikha sa sanlibutan. Siya ay isang Espiritu o Pag-iisip na kapareho o identical sa sanlibutan. Ang Hinduism ay isang halimbawa ng pantheistic na relihiyon.

Itinuturo ng ***Panentheism*** na ang Dios ay hiwalay sa mundo subali’t siya ay nakadepende sa mundo para sa kanyang pag-iral. May co-dependence sa pagitan ng Dios at ng mundo.

Itinuturo ng ***Polytheism*** na maraming dios. Ang Mormonism ay isang halimbawa ng relihiyon na polytheistic. Gayunman, itinuturo ng Biblia na mayroon lamang isang divine being.

> “Kaya nga’t sinasabi ng Panginoon, ang Hari ng Israel at kanyang Manunubos, ang Panginoon ng Israel: ‘Ako ang Simula at Ako ang Wakas; walang ibang Dios maliban sa akin.’”[94]

[94] Isa 44:6.

"Walang ibang Dios na una sa akin, ni mayroon pa mang iba na darating."[95]

Walang alinman sa mga pananaw ng mundo na nabanggit ang nagkakaloob ng landas upang muling pag-ugnayin ang tao at ang Dios. Ang mga paniniwalang ito ay sinalungat ng Biblia at ng mga ebidensiyang philosophical at scientific. Ang mga katibayang ating pinag-aralan sa araling ito ay nagtuturo sa isang transcendent, independent, walang-hanggan, hindi-pisikal, matalinong Dios na lumikha sa sanlibutan at nakikipag-ugnayan sa sangkatauhan.

Itinuturo ng ***monotheism*** na mayroong isang transcendent, walang hanggan, personal na divine being.

Ang *Deism* ay isang anyo ng monotheism na nagtuturo na mayroong isang transcendent, walang hanggan, matalinong Dios na lumikha ng sanlibutan. Gayunman, matapos likhain ang sanlibutan, ang Dios ng Deism ay hindi na nakasangkot sa mga pangyayari sa sangkatauhan. Hindi siya pumasok sa ating mundo upang magbigay kabayaran para sa ating mga kasalanan. Hindi niya ipinahayag ang kanyang sarili sa atin sa personal na paraan. Hindi maaaring magkaloob ng kaligtasan sa atin ang Deism dahil hindi ito nagkakaloob ng landas para sa kapatawaran o muling pakikipagkasundo sa Dios.

Ang tatlong pinakamalalaking monotheistic na relihiyon ay ang Judaism, Islam at Kristiyanismo. Ang mga relihiyong ito ay nagtuturo na ang Dios ay namagitan sa mundo upang magkaloob sa atin ng kaligtasan.

Ang *Judaism*, na itinatag ng Dios sa pamamagitan ni Abraham at Moses ay natupad kay Kristo. Maliban sa Hudiong naniniwala sa Mesiyas (Kristiyano), tinanggihan ng modernong Judaismo si Hesus bilang katuparan ng mga propesiya tungkol sa Mesiyas. Ang sistema ng pagsasakripisyo ng mga Hudio ay nagtuturo kay Hesus bilang ang panghuling sakripisyo para sa ating mga kasalanan. Walang batayan para sa kapatawaran sa kasalanan ang mga modernong Hudio kapag tinanggihan nila si Hesus. Ni hindi na sila nagsasagawa ng mga sakripisyo sa kasalukuyan.

Ang *Islam* ay binuo noong ikapitong siglo sa Mecca at Medina. Nilikha ni Mohammad ang isang huwad na relihiyon na nakabatay sa mga binaluktot na katuruan ng Judaismo at Kristiyanismo. Maraming magkakatulad na paniniwala sa mga relihiyong ito dahil pare-pareho ang kanilang pinag-ugatan, subali't mula pa sa simula inilayo na ng Islam ang kanyang mga tagasunod mula sa katotohanan ng pagiging Dios ni Kristo at kanyang kamatayan at muling Pagkabuhay.

Walang sapat na batayan para sa kapatawaran ang Islam dahil wala itong substitutionary atonement/pamalit na pambayad-kasalanan. Sa Islam, ang isang tao ay mapapatawad lamang kung ang kanyang mabubuting gawa ay higit na marami kaysa sa kanyang masasamang ginawa. Gayunman, alam natin na walang sapat na dami ng kabutihan,

[95] Isa 43:10.

kahit mayroon pa tayo nito, ang maaaring makatakip o makabayad sa ating mga kasalanan laban sa walang hanggang banal na Dios.

Tanging ang *Kristiyanismo* ang may paraan para sa kapatawaran ng mga kasalanan. Nangangailangan tayo ng isang tagapamagitan upang muling pag-ugnayin ang pagitan ng tao at ng Dios. Ihiniwalay tayo ng kasalanan mula sa Dios, subali't tanging ang isang tagapamagitan na kapwa Dios at tao ang makapagbibigay ng bayad-kasalanan at magdudulot ng pakikipagkasundo.[96] Bilang Dios, kinatawan ni Hesus ang Dios sa tao. Bilang tao, kinatawan ni Hesus ang tao sa Dios. Siya ang Dios-taong Tagapamagitan, na sa pamamagitan ng kanyang kamatayan at muling pagkabuhay ay muling nag-ugnay sa Dios at sa tao.

Kinakailangang kapwa Dios at tao si Hesus upang matupad ang kanyang ginawa. Ang isang sakripisyong kamatayan ay kinakailangan upang magbayad sa kasalanan. Tanging bilang isang tao maaaring mamatay si Hesus. At tanging bilang Dios maaaring maging sapat na bayad kasalanan si Hesus para sa ating mga kasalanan laban sa isang walang hanggang Dios. Gayundin, kailangang Dios si Hesus upang mawasak ang kamatayan at kasalanan sa pamamagitan ng kapangyarihan ng kanyang muling pagkabuhay.

Ang pambayad-kasalanang kamatayan at muling pagkabuhay ni Hesus na Dios-tao ang nagbubukod sa Kristiyanismo mula sa alinmang ibang relihiyon. Tanging ang Kristiyanismo ang nagkakaloob ng daan upang muling ibalik ang tao sa imahen ng Dios. Iyon ang dahilan kung bakit sinabi ni Hesus na siya ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay, at walang makapupunta sa Ama kundi sa pamamagitan Niya.[97]

**Mga Tanong sa Pagbabalik-Aral**

(1) Ano ang limang pangunahing paniniwala patungkol sa pag-iral at kalikasan ng Dios? Ipaliwanag ang bawat isa.

(2) Ano ang pagkakaiba sa pagitan ng Kristiyanismo at ng ibang pangunahing paniniwala?

## Kinakailangan ba ang Doktrina ng Trinidad para sa Pananampalatayang Kristiyano?

Kung si Hesus ay Dios, ibig sabihin ba nito na mayroong higit sa isang Dios? Hindi. Ang doktrina ng Trinidad ay nagtuturo na mayroong tatlong persona sa isang divine being na tinatawag na Dios. Ang tatlong Personang ito ay ang Ama, ang Anak at ang Banal na Espiritu. Maraming dahilan upang ipagtanggol ang doktrina ng Trinidad laban sa mga sumasalungat dito.

---

[96] 1 Tim 2:5; 2 Cor 5:18-21.
[97] Juan 14:6.

Isang nagbubukod na katangian ng Kristiyanismo ang doktrina ng Trinidad (isang Dios na ipinahayag sa tatlong persona). Ang doktrinang ito ang nagbubukod sa Kristiyanismo mula sa Judaismo at Islam, ang dalawang ibang pangunahing monotheistic na relihiyon.

Tinatanggihan ng Islam ang doktrina ng Trinidad, kahit naniniwala ang mga Muslim sa isang transcendent personal na Dios. Sinasabi ng mga Muslim na hindi maaaring magkaroon ng anak ang Dios, kaya't tinatanggihan nila si Jesus bilang Anak ng Dios, o ang Dios Anak. Bahagi ng problema ay ang pag-iisip ng mga Muslim na ang Pagiging Anak ay nagpapahiwatig ng natural, pisikal na pagiging ama. Hindi iyon ang doktrinang Kristiyano ng pagiging Anak ni Hesus. Kailanman walang panahon na ang Anak ay hindi Anak. Ang kanyang pagiging Anak ay hindi sa pisikal; ang kanyang pagiging Anak ay isang natatanging kaugnayan na taglay ni Hesus sa kanyang Ama mula pa sa walang hanggan. Si Hesus ay Anak na bago pa man siya ipinaglihi ng Banal na Espiritu at ipinanganak ng birheng Maria upang manirahang kasama natin bilang isang tao.

May mga hindi Kristiyano na nag-iisip na ang mga Kristiyano ay naniniwala sa tatlong Dios/tri-theists.[98] Subali't hindi iyon totoo. Monotheistic ang mga Kristiyano. Naniniwala tayo na mayroon lamang isang divine being, subalit mayroong tatlong Persona sa loob ng nag-iisang Dios na iyon. Ang tatlong Personang ito ay nagtataglay ng pare-parehong kalikasan. Hindi sila hiwa-hiwalay na mga dios.

**Ang Katibayan ng Biblia para sa Trinidad**

Narito ang isang paliwanag ng Biblia para sa doktrinang Kristiyano na mayroong isang Dios na nagpahayag ng kanyang sarili sa tatlong Persona: Ang Ama. Ang Anak, at ang Banal na Espiritu. Itinuturo sa Biblia ang lahat ng mga sumusunod na pahayag. Ito ang nagsisilbing batayan ng doktrina ng Trinidad.

***Pahayag 1*: Mayroon lamang iisang Dios.**

"Makinig ka, O Israel, ang Panginoon ating Dios ay Iisang Panginoon."[99]

"Sapagka't Ako ay Dios, at wala nang iba; *Ako ay Dios*, at walang ibang katulad ko."[100]

***Pahayag 2*: Ang Ama, ang Anak, at ang Banal na Espiritu ay tinukoy sa Kasulatan bilang Dios.**

"...ang Dios Ama...."[101]

"...ang Salita ay Dios.... Ang Salita ay nagkatawang tao."[102]

---

98 Ang isang tri-theist ay naniniwala sa tatlong hiwa-hiwalay na dios.
99 Deut 6:4.
100 Isa 46:9.
101 Gal 1:1.
102 Juan 1:1, 14.

"...bakit pinuno ni Satanas ang iyong puso upang magsinungaling sa Banal na Espiritu... Hindi ka nagsinungaling sa tao kundi sa Dios."[103]

***Pahayag 3*: Ang tatlong ito ay nag-uugnayan sa isa't-isa at sa mundo bilang hiwa-hiwalay na Persona.**

Sa pagbabautismo kay Hesus:[104]

- Ang Anak ay binautismuhan
- Ang Banal na Espiritu ay bumaba sa anyo ng isang kalapati
- Ang Ama ay nagsalita mula sa Langit, at nagsabi, "Ikaw ang Aking minamahal na Anak, na lubos kong kinalulugdan."

Ang Ama, ang Anak, at ang Banal na Espiritu ay hindi maaaring iisang persona lamang; ang bawat isa sa kanila ay kumikilos sa magkakaibang tungkulin nang sabay sabay.

Sa bandang katapusang ng kanyang ministeryo, sinabi ni Hesus na hihilingin niya sa Ama na ipadala sa atin ang "isa pang Tutulong" – ang Banal na Espiritu.[105] Mayroong tatlong magkakahiwalay na persona na kaugnay sa kahilingang ito.


***Konklusyon*: Ang nag-iisang tunay na Dios ng Biblia ay nagpahayag ng kanyang sarili upang umiral sa tatlong magkakahiwalay na Persona: Ang Ama, ang Anak, at ang Banal na Espiritu. Ang Dios ay iisa sa kalikasan, subali't tatlong Persona.**

Bagaman ang salitang *Trinidad* ay hindi matatagpuan sa Biblia, ang doktrina ng *Trinidad* ay batay sa malinaw na mga pangungusap sa Kasulatan. Malinaw na ipinapakita ng Biblia na mayroong *tatlong* magkakahiwalay na Persona. Ang bawat isa sa mga Personang ito ay tinukoy bilang ang *nag-iisang Dios* ng sanlibutan.


Ito ay hindi isang pagsasalungatan dahil hindi naman sinasabi ng mga Kristiyano na ang Dios ay kapwa isang persona at tatlong persona. Hindi sinasabi ng mga Kristiyano na ang Dios ay kapwa isang Dios at tatlong Dios. Sa halip, sinasabi ng mga Kristiyano na ang Dios ay iisa sa essence at tatlo sa persona.

### Isang paglalarawan ng Trinidad

Ang sanlibutan ay isa sa pinakamagandang paglalarawan ng Trinidad. Ang buong pisikal na sanlibutan (uni = isa) ay binubuo ng tatlo at tanging tatlong kinakailangang aspeto – space, panahon at matter. Kung aalisin mo ang alinman sa tatlong ito, hindi na kumpleto ang iyong sanlibutan.





[103] Mga Gawa 5:3-4.
[104] Marcos 1:10-11.
[105] Juan 15:26.




Ang **space** ay binubuo ng *haba, lapad* at *kapal* – tatlo subalit iisa. Kung aalisin mo ang alinman sa mga dimensiyong ito, mawawala na ang iyong space.

Ang **panahon** ay binubuo ng *nakaraan, kasalukuyan* at *hinaharap* – tatlo subali't iisa. Kung aalisin mo ang alinman sa mga aspetong ito, mawawala na ang iyong panahon.





Ang **matter** ay binubuo ng *enerhiya* na *kumikilos* at nagbubunga ng *phenomena* –tatlo subali't iisa. Kung walang enerhiya, hindi magkakaroon ng pagkilos o phenomena. Kung walang pagkilos, walang enerhiya o phenomena. Kung walang phenomena, ito ay dahil walang enerhiya o pagkilos.[106]

Ang idea ng "tatlo ngunit iisa" ay bahagi ng mismong kalikasan ng sanlibutan. Maaari kayang nilikha ng Dios ang kanyang sanlibutan upang isalamin ang kanyang kalikasang Trinitarian? Naniniwala ako na iniwan ng Dios ang kanyang fingerprints sa kanyang nilikha. Kung paanong ang isang sanlibutan ay umiiral bilang space, panahon, at matter, ang nag-iisang Dios ay umiiral bilang ang Ama, ang Anak at ang Banal na Espiritu.

### Ang Tradisyunal na Diagram ng Trinidad

Ang Biblikal na doktrina ng Trinidad ay itinuro na ng iglesya mula pa sa mga apostol. Nasa ibaba ang isang diagram na ginagamit ng iglesya upang ilarawan ang Trinidad.




***Ang doktrina ng Trinidad ay kinakailangan sa doktrina ng Kristiyano***.

May nagsasabi na hindi mahalaga na paniwalaan ang doktrina ng Trinidad, subali't sila'y nagkakamali. Ang doktrina ng Trinidad ang batayan ng mga pangunahing katuruan na kinakailangan sa ebanghelyo. Halimbawa, ang mga tumatanggi sa Trinidad ay karaniwang tumatanggi rin na si Hesus ay Dios. Subali't kung si Hesus ay hindi Dios, ang kanyang kamatayan ay hindi magbibigay sa atin ng kaligtasan.

Kung itinatanggi natin na ang Ama, ang Anak at ang Banal na Espiritu ay magkakahiwalay na Persona, itinatanggi rin natin ang katangiang personal o pangrelasyon ng Dios. Halimbawa, ang Dios ay hindi magiging isang mapagmahal na Dios mula sa magpawalang hanggan kung kinakailangan pa niyang lumikha muna upang mahalin ang sinuman.

[106] Para sa dagdag na kaalaman, tingnan ang *Ang Trinidad sa Sanlibutan*, na isinulat ni Nathan Wood. Michigan: Kregel Publications, 1984.

Subali't kung ang Dios ay mahigit pa sa isang persona, ang mga Personang ito ay maaaring magmahal sa isa't-isa mula sa walang hanggan.

***Ang Ama, ang Anak, at ang Banal na Espiritu ay mga Personang namumuhay na may relasyon sa isa't-isa*.**

Hindi impersonal na entities ang Ama, ang Anak at ang Banal na Espiritu. Bawat isa ay nagtataglay ng pagiging persona at nabubuhay sa personal na relasyon sa isa't-isa. Tinatawag natin silang Persona dahil sila'y nabubuhay na may relasyon sa isa't-isa. Bawat miyembro ng Trinidad ay maaaring tumukoy sa kanyang sarili bilang "Ako" at sa isa pang miyembro ng Trinidad bilang "Ikaw". Bagaman ang Ama, ang Anak at ang Banal na Espiritu ay iisang Dios, sila ay magkakahiwalay na Persona na nagmamahal sa isa't-isa, nagbibigay sa isa't-isa, nakikipag-talastasan sa isa't-isa, ang nabubuhay para sa isa't-isa. Sila ay mga tunay na Persona.

***Ang doktrina ng Trinidad ay nakakaapekto sa human personhood at mga relasyon*.**

Ang Trinidad ang pinagmumulan ng ating pagiging tao. Nilikha tayo ng Dios sa kanyang wangis. Tulad ng Trinidad, nagagawa nating makipag-ugnayan sa isa't-isa at sa Dios. Mayroon tayong pag-iisip, kalooban at damdamin na nagbibigay sa atin ng kakayahang ito.

Nakakaapekto ang Trinidad sa paraan ng ating pakikipag-ugnayan sa isa't-isa, gayundin sa Dios. Dahil ang mga miyembro ng Trinidad ay nabubuhay sa pagbibigay ng sariling pag-ibig sa isa't-isa, tayo rin ay dapat mamuhay na may mapagmahal na relasyon sa iba. Ganito tayo nilikha ng Dios. Tayo ay nilikha sa wangis ng Dios. Tayo ay nilikha upang mahalin ang iba tulad ng pagmamahal ng mga miyembro ng Trinidad sa isa't-isa.

► Maipapaliwanag mo ba ang doktrina ng Trinidad sa isang Muslim na naniniwala na ang mga Kristiyano ay maniniwala sa tatlong dios?

**Mga Tanong sa Pagbabalik-Aral**

(3) Ano ang tatlong pahayag at konklusyon na nagpapakita ng ebidensiya ayon sa Biblia para sa doktrina ng Trinidad?

(4) Ano ang tatlong aspeto ng sanlibutan na nagpapakita ng doktrina ng Trinidad?

## Paano Dapat Tumugon ang mga Kristiyano sa Animism?

Sa Africa, maraming di-mananampalataya ang may malaking respeto at maging takot sa mga espiritu. Madalas tinatanong ng mga taong ito ang Kristiyano, "Bakit dapat kong pagtiwalaan ang isang Dios na hindi ko nakikita gayung nakaharap na ng aking pamilya ang espiritu ng aming mga ninuno? Nakita na namin ang kanilang kapangyarihan. Nakikita namin na sila ay umiiral. Bakit namin dapat sambahin ang isang Dios na hindi naming nakikita?"

Maging ito man ay tawaging “Animism” o “Relihiyon ng Tribu” o “Tradisyunal na Relihiyon”, ang pananaw na ito ay nagbibigay ng malaking hamon sa apologetics na Kristiyano. Kapag sinisikap mong mag-ebanghelyo sa mga animists, hindi sila karaniwang nagtatanong ng, “Ano ang ebidensiyang manuskrito para sa Biblia?” o “Ano ang cosmological na pangangatwiran para patunayan na mayroong Dios?”

Minsan tinanong ni Randall McElwain ang isang grupo ng mga pastor na African, “Paano ninyo pinatutunayan na mayroong Dios sa mga di-mananampalataya?” Tumugon sila sa pamamagitan ng pagtawa. “Ang bawat isa sa Africa ay may sapat na katalinuhan upang malaman na mayroong Dios! Tanging ang mga Amerikano at ang mga kanluranin ang hangal na nagdududa na mayroong Dios. Hindi itinatanong ng aming mga mamamayan kung “Mayroon bang Dios?’ Ang itinatanong nila, ‘Aling dios ang pinakamakapangyarihan?”

Paano dapat tumugon ang isang Kristiyano sa animism? Titingnan natin ang apat na tanong:

1. Ano ang animism?
2. Ano ang pagkakaiba ng animism at Kristiyanismo?
3. Maaari bang pagsamahin ang animism at ang Kristiyanismo?
4. Paano natin pinakamabuting maipapahayag ang ebanghelyo sa mga animists?

**Ano ang animism?**

Inilalarawan ng animism ang mga puwersa mula sa kalikasan at mga ninuno bilang buhay na nilalang na may distinct na identities. Ang mga “espiritu sa kalikasan” ay naninirahan sa mga bagay tulad ng mga hayop, halaman at mga bato. “Ang mga espiritu ng mga ninuno” ay mga miyembro ng pamilya na namatay na. Karaniwan silang binibigyang respeto bilang mga iginagalang na miyembro ng grupo.

Ayon sa karamihan sa mga relihiyon sa tribu, limitado ang mga espiritung ito. Ang kanilang kapangyarihan ay nagmumula sa kanilang hindi-pisikal na kalagayan. Karaniwan silang hindi mahuhulaan at maaaring magdulot ng malaking kaguluhan para sa mga tao. Maaari silang kumilos nang hindi nakikita dahil wala silang katawan, subalit hindi limitado ang tinataglay nilang kapangyarihan. Dahil dito, maaari silang kontrolin ng isang witch doctor/albularyo o ng ibang pinunong pangrelihiyon. Kung minsan maaari silang kontrolin sa pamamagitan ng “magical” na mga salita o talisman o agimat.

Marami sa mga animistic na ginagawa ay nakatuon sa pagpapalubag-sa-galit sa mundo ng mga espiritu. Maging ang gamitin nila ay perang sinusunog bilang alay sa mga ninuno o mga sakripisyo para sa mga espiritu sa kalikasan, sinisikap ng mga animists na paglubagin ang galit sa mundo ng mga espiritu.

## Ano ang pagkakaiba ng animism at ng Kristiyanismo?

### *Takot sa halip ng pag-ibig*

Marahil ang pinakamalaking pagkakaiba ng animism at Kristiyanismo ay ang relasyon sa pagitan ng Dios at ng tao. Sa animism, ang relasyon sa pagitan ng tao at ng mga espiritu sa kalikasan o mga ninuno ay dahil sa takot. Karaniwang namumuhay ang mga animists na may hindi nawawalang takot sa kung ano ang maaaring gawin ng kanilang mga ninuno. Wala silang pinagsasamahang pagbabatian o relasyon. Ang layunin ng karamihan sa mga animists ay magbigay ng sapat na respeto sa mga espiritu upang makaiwas sa gulo. Ginagamit ang mga alay at panalangin upang maibigay ang mga hinihingi ng mga espiritu. Ang mga mangkukulam o shaman ay binabayaran upang kontrolin ang mundo ng mga espiritu.

Salungat dito, ang mga Kristiyano ay sumasamba sa Dios na nagnanais ng isang relasyong may pag-ibig sa kanyang mga tao. Lumakad ang Dios sa Hardin kasama nina Adan at Eba. Isinugo ng Dios ang kanyang Anak upang manirahan kasama natin at mamatay upang bayaran ang kaparusahan sa ating mga kasalanan. Napaglubag na ni Cristo ang makatwirang poot ng Dios. Ang ating mga kasalanan ang nagdala ng poot ng Dios, subali't nagkaloob ang Dios ng pambayad-utang sa pamamagitan ng kaloob ng kanyang nag-iisang Anak.[107]

Dahil nabayaran na ni Hesus ang kaparusahan para sa ating mga kasalanan, ang ating relasyon sa Dios ay maaaring dahil sa pag-ibig, hindi dahil sa takot. Kung tutugon tayo sa kanyang handog na libreng kaligtasan, nangako ang Dios na gugugulin natin ang walang hanggan sa kanyang presensiya. Hindi natin kailangang mabuhay na may takot. Maaari tayong mabuhay sa isang relasyon ng pag-ibig.

### *Fatalism sa halip na pag-asa*

Nakikita ng mga animists ang kamatayan bilang pinagmumulan ng matinding takot. Walang pangako ng buhay pagkatapos ng libingan. Walang pangako ng muling pakikipagkita sa pamilya. Walang pag-asa sa isang maawaing Dios.

Bilang paghahambing, ang mga Kristiyano ay umaasa sa walang hanggan sa presensiya ng isang mapagmahal na Dios. Para sa isang Kristiyano, ang buhay ay kumikilos patungo sa hinaharap ng walang katapusang kaligayahan.

### *Malayong mga espiritu sa halip na isang personal na Dios*

Isa pang pagkakaiba sa pagitan ng animism at Kristiyanismo ay ang pagbibigay diin ng animists sa mga espiritu sa halip na sa Dios. Kahit ang mga animists na kumikilala sa isang supreme na Dios ay nagbibigay ng mas maraming atensiyon sa mga espiritu kaysa sa Dios.

---

[107] John 3:16.

Bilang paghahambing, dapat ibigay ng mga Kristiyano ang kanilang atensiyon sa Dios at hindi sa mundo ng mga espiritu. Nagpapatotoo ang Biblia sa katotohanan ng mundo ng mga espiritu. Gayunman, ang Biblia ay nagbibigay ng ilang detalye tungkol sa daigdig na ito. Walang itinuturo ang Biblia tungkol sa paraan kung paano makikipag-ugnayan sa mga espiritu (maging ito man ay mabuting espiritu o masamang espiritu). Walang sinasabi ito kung paano natin magagamit ang kapangyarihan ng mga espiritu upang tulungan tayo. Bakit? Dahil tanging ang Dios ang pinagmumulan ng ating kapangyarihan at karunungan.

**Maaari bang pagsamahin ang animism at Kristiyanismo?**

May mga Kristiyano ang nagsabi, "Oo, ang Kristiyanismo ang tunay na relihiyon. Gayunman, maaari nating isama ang pananampalatayang Kristiyano sa tradisyunal na relihiyon ng mga animistic na grupo." Ang pagsasama ng tunay na Kristiyanismo at ng ibang relihiyon ay tinatawag na **syncretism**.

Maraming "independent churches" sa Africa ang nagsama ng mensahe ng Kristiyanismo sa mga katutubong relihiyon ng Africa. Karaniwan itong nagsisimula sa isang sinserong pagsubok na i-contextualize (iangkop sa buhay) ang ebanghelyo para sa mga Africano. May mga African pastors na umamin sa kabiguan ng maraming misyonerong kanluranin na maibahagi ang ebanghelyo sa Africa nang wala ang lahat ng mga cultural "baggage" na mula sa kanluran. Ang mga pastor na ito ay nagnanais na ang mga Kristiyanong Africano ay umawit ng mga awiting African, magdamit ng African na kasuutan, at sumamba sa isang genuine na paraang Africano.

Bagaman ang mga pagsisikap na ito ay nagsimula sa mabuting intensiyon, maraming sambahan ang nagsagawa ng mga gawaing salungat sa ebanghelyo. Sa "syncretistic na Kristiyanismong" ito, ang Dios ay malayo, tulad ng mga espiritung dios na malayo rin. Ang mga ninuno ay tinitingnan bilang mga tagapamagitan sa mga sumasamba at sa Dios. Kaunti lamang ang pagbibigay-diin sa pambayad-utang na kamatayan ni Cristo. Sa halip, binibigyang-diin ng mga pastor ang kapangyarihan laban sa mundo ng mga espiritu, ang mahimalang pagpapagaling, at pagbibigay-kahulugan sa mga panaginip.[108]

Kung ang lahat ng relihiyon ay pantay-pantay, katanggap-tanggap ang syncretism. Gayunman, ayon sa nakita na natin sa simula, mayroon lamang isang daan patungo sa Dios. Makalalapit ang sanlibutan sa Dios sa pamamagitan lamang ni Kristo Hesus. Ang lahat ng ibang landas ay mali. Ang mga ito ay hindi nagdadala sa atin sa Dios. Hindi natin pwedeng sundan ang isang maling landas at ang totoong landas nang sabay na panahon.

Halimbawang alukin kita ng isang basong inumin. Sinabi ko sa iyo, "Ang basong ito ay naglalaman ng dalawang inuming pinaghalo ko. Ang isa sa mga inumin sa baso ay

[108] Winfried Corduan. *Neighboring Faiths*. (IL: Intervarsity Press, 1998), pg. 156.

napakasustansiya. Ang isa pang inumin ay isang nakamamatay na lason na maaaring makamatay sa iyo. Pinagsama ko ang dalawang iyon, upang kung inumin mo, makakainom ka ng kaunti mula sa parehong inumin. Sa gayun ding paraan, imposible bang sambahin ang Dios at sambahin ang huwad na relihiyon nang sabay. Sinabi ni Pablo, "Hindi ka maaaring uminom sa tasa ng Panginoon at sa tasa ng mga demonyo. Hindi ka maaaring makibahagi sa hapag ng Panginoon."[109]

Sa Lumang Tipan, ang ilang tao sa Israel ay nagnanais na sumamba kay Jehovah samantalang nais din nilang sambahin ang huwad na dios na si Baal. Tinanong sila ni Elijah, "Hanggang kailan kayo magpapalipat-lipat sa dalawang magkaibang kaisipan? Kung ang Panginoon ay Dios, sundin ninyo siya; subali't kung si Baal, sundin ninyo siya."[110]

Sa ating mga doktrina, sa ating mga ginagawa sa pagsamba, at sa ating paraan ng pamumuhay, maaari nating sundin si Cristo o maaari nating sundin ang mga huwad na dios. Hindi natin maaaring gawin ang pareho.

**Paano natin pinakamabuting maibabahagi ang ebanghelyo sa mga animists?**

Dahil ang pinakamalakas na aspeto ng animism ay ang takot, **dapat ipakita ng mga Kristiyano ang kapangyarihan ng Dios laban sa takot**. Sa pagpapakita ng pagmamahal ng Kristiyano at sa maingat na pagbabahagi ng mabuting balita ng ebanghelyo, makakatulong ang isang Kristiyano na mapagtagumpayan ng isang animist ang kanilang takot sa mga espiritu. Hanggang hindi napagtatagumpayan ang takot, maraming animists ang matatakot na tumugon sa ebanghelyo. Kailangang ipakita ng Kristiyano, sa pamamagitan ng kanilang pag-ibig para sa kanilang animistic na kapitbahay at sa pamamagitan ng kanilang mapagtiwalang pananampalataya sa isang mabuting Dios, na ang pag-ibig sa Dios ang pumapawi sa takot. Isinulat ni Juan, "Walang takot sa pag-ibig, subalit ang perpektong pag-ibig ay pumapawi sa takot. Dahil ang takot ay may kaugnayan sa kaparusahan, at sinumang natatakot ay hindi pa nagiging perpekto sa pag-ibig."[111]

### *Nagpapalaya sa Takot si Kristo Hesus*

Ikinuwento ni John Seamands ang tungkol sa tribong Iban sa Malaysia. Ang animistic na tribong ito ay nabubuhay sa palagiang takot sa mga panaginip, mga daga at maging sa isang klase ng ibon. Nang ang isang grupo ng mga Kristiyano mula sa Tsina ay dumating sa Malaysia pagkatapos ng Boxer Rebellion, ang mga Iban ay namangha na ang mga Kristiyano ay lumakad sa loob ng gubat nang hindi natatakot. Nagtanong sila, "Hindi ba kayo natatakot sa masasamang espiritu?" Sumagot ang mga Chinese na Kristiyano, "Hindi! Buhay ang aming Dios. Mahal niya kami at siya ay mas makapangyarihan kaysa

---

[109] 1 Cor. 10:21
[110] 1 Mga Hari 18:21
[111] 1 Juan 4:18

alinmang ibang puwersa."  Sa ngayon, mayroon nang iibong bilang ng mga Kristiyanong Iban.  Ang kanilang unang patotoo ay karaniwang ito, "Pinalaya ako ni Cristo Jesus mula sa aking takot."[112]

Dahil ang ebanghelyo ay hindi limitado sa kanluraning paraan ng pamumuhay, **hindi dapat ipagkamali ng mga Kristiyano ang ebanghelyo sa kulturang kanluranin**. Sa simula ng ikadalawampung siglo, may mga misyonerong nagsikap na magtatag ng "maliit na Britanya" sa ibang bansa. Sila'y nakasuot ng kanluraning kasuutan, umaawit ng kanluraning himno habang nakaupo sa mga upuan sa isang sambahang istilong kanluranin na may steeple.  Dapat nating dalhin ang ebanghelyo sa paraang epektibong naipapahayag sa mga taong nais nating abutin.

Sa pangwakas, dahil madalas na pinahihina ng syncretism ang ebanghelyo, **dapat malinaw na ipahayag ng Kristiyano ang ebanghelyo**. Dapat nating ipakilala ang animist sa isang personal na Dios na nagmamahal sa kanila at nagnanais ng relasyon sa kanila.  Dapat nating ipakilala ang animist kay Kristo Hesus na namatay upang magbayad-utang sa ating mga kasalanan at muling nabuhay mula sa libingan nang may tagumpay laban sa kamatayan.

Hindi natin dapat palitan ang buod na mensahe ng buhay, pambayad-utang na kamatayan, at muling pagkabuhay ni Kristo ng mga pagsisikap upang pahangain ang mga animists gamit ang mahimalang mga tanda at pangyayari, o pamamaraan ng pananalangin upang "puwersahin" ang Dios na gawin ang ating hinihingi. Ang ating Dios ay hindi isang katutubong espiritu/tribal spirit na maaari nating pasunurin sa ating mga nais; siya ang pinakamakapangyarihan sa sanlibutan.  Kapag itinuturo natin na ang Dios ay maaaring pasunurin sa ating nais sa pamamagitan ng pamamaraan ng pananalangin at "faith rituals", dinadala natin siya sa level ng isang katutubong dios.  Ang apologetics para sa isang animist ay hindi kailanman dapat pahinain ang ebanghelyo para mapahanga ang mga nakakikita at nakaririnig.

### *Si Hesu-Kristo Ay Mas Makapangyarihan Kaysa Masasamang Espiritu*

Karaniwang ihahambing ng mga animists na sa unang pagkakataon pa lamang naririnig ang ebanghelyo ang kapangyarihan ng Kristiyanong Dios sa kapangyarihan ng kanilang katutubong espiritu. Ang isang malakas na apologetic para sa mga animist ay ang pagpapakita ng kapangyarihan ng Dios. Bagaman hindi natin dapat sikaping pasunurin ang Dios ayon sa ating mga plano, dapat tayong maging sensitibo sa pagpapahintulot sa kanyang Espiritu upang kumilos sa pamamagitan natin upang ipakita ang kapangyarihan ng Dios.

Isang misyonero sa Pilipinas ang bumisita sa isang batang babae na nagtataglay ng isang karamdamang hindi maipaliwanag.  Ang batang babae ay nagmula sa isang tribo na hindi

---

[112] Marami sa mga materyales sa seksiyong ito ay sinipi sa *Tell It Well* na isinulat ni John T. Seamands, , (Kansas City: Beacon Hill Press, 1981).

pa nagtatagal na makarinig ng ebanghelyo para sa unang pagkakataon. Ang lahat ng nakatira sa pamayanang iyon ay nakakaalam na ang sakit ng batang babae ay mula sa demonyo. Inaatake ni Satanas ang buong village dahil ang mga tao ay tumugon sa pangangaral ng ebanghelyo.

Sinabi ng misyonero, "Nararamdaman ko ang kapangyarihan ng kasamaan." Nanalangin ang misyonero at ang mga pastor na Filipino para sa batang babae sa pangalan ni Kristo Hesus. Umawit sila ng mga awit tungkol sa kapangyarihan ng pangalan ni Hesus at ang kapangyarihan ng kanyang tumigis na dugo. Agad-agad na lumaya ang bata. Ang kanyang paggaling ay isang malaking patotoo sa animistic na tribong ito. Nakita nila na ang Dios ay mas makapangyarihan kaysa sa kanilang mga katutubong espiritu. Hindi na nila kinatatakutan ang mga espiritu.

**Mga Tanong sa Pagbabalik-Aral**

(5) Ilarawan ang animism. Ano ang malaking pagkakaiba sa pagitan ng animism at Kristiyanismo?

(6) Ilarawan ang syncretism. Bakit hindi katanggap-tanggap ang syncretism sa Kristiyano?

## Paano naman Ang Mga Hindi Kailanman Nakarinig ng Ebanghelyo?

Itinuturo ng Biblia na tanging si Jesus ang daan patungo sa langit. Ito ay nagsisimula ng isang mahirap na katanungan. Paano naman ang mga taong namatay nang hindi nakaririnig ng ebanghelyo? Mayroon bang pag-asa para sa taong ito? Maaari ba silang maligtas?

Naniniwala akong ang sagot ay oo. Ang aking sagot ay hindi batay sa direktang tugon ng Biblia, subali't batay sa set ng katotohanan ayon sa Biblia na hindi tuwirang nakaugnay sa katanungan. Ang Dios ay makatwiran at mapagmahal na Dios na hindi nagnanais na ang sinuman ay mapahamak. Pinagkalooban niya ang lahat ng tao ng paraan upang maligtas, at ang Banal na Espiritu ay nasa mundo at inilalapit kay Kristo ang lahat ng tao sa pamamagitan ng iba't-ibang paraan. Naniniwala ako na kung ang isang tao na walang pagkakataong makabasa ng Biblia ay tutugon sa pangkalahatang kapahayagan ng sannilikha at budhi ay naghahanap sa Dios mula sa kanyang puso, ipapahayag ng Dios sa kanya ang sapat na kaalaman para siya maligtas. Ang kaalamang ito ay darating sa pamamagitan ng isang misyonero, isang anghel, panaginip o sa isang direktang pahayag mula sa Dios.

Ang espesyal na pahayag na ito ay maaaring limitado. Walang katuruan sa Biblia na ang buong nilalaman ng ebanghelyo ayon sa kasaysayan ay kinakailangan upang pagtiwalaan si Kristo para sa kaligtasan. Ang pananampalatayang nagliligtas ay maaaring ibatay sa limitadong pagkaunawa sa nilalaman ng pananampalataya.

Ang object ng pananampalataya ng taong ito ay si Kristo pa rin, bagaman maaaring hindi pa niya alam ang pangalan ni Hesus o ang doktrina ng Trinidad. Ang mananampalatayang ito ay simpleng nauunawaan na ang Dios na Manlilikha ay nagkaloob ng daan upang lagyan ng tulay ang pagitan ng tao at ng Dios. Wala man ang lubos na kapahayagan ng ebanghelyo, ang seeker na ito ay maaaring ilagak ang kanyang pananampalataya sa Isang isinugo upang pag-ugnayin ang pagitang iyon.

Hindi ibig sabihin nito na maaaring paniwalaan ng tao ang anumang kanilang nais. Sa pamamagitan ng biyaya ng Dios, dapat iwan ng seeker ang mga huwad na dios sa kanyang paligid, kilalanin ang kanyang kawalang kakayahan at abutin nang may pananampalataya ang tunay na Manlilikhang Dios. Kapag sa paglipas ng panahon at nalaman ng seeker na ito ang mas marami pang bagay tungkol kay Kristo, dapat niyang yakapin ang mga katotohanan ng ebanghelyo. Hindi niya maaaring itanggi ang mga pangunahing doktrinang Kristiyano.

**Ang doktrina ng *prevenient grace* ay mahalaga para sa tanong na ito**. Ipinaliliwanag ang prevenient grace bilang "ang biyaya na dumarating bago ang kaligtasan." Itinuturo ng Biblia na ang biyayang ito ay ibinibigay sa bawat isa sa mundo. Isinulat ni Pablo, "Ang biyaya ng Dios na nagdadala ng kaligtasan ay nahayag na sa lahat ng tao." [113] Universal ang previenient grace, subalit ito ay maaari ring tanggihan.

Kung ang biyaya ng Dios na nagdadala ng kaligtasan ay nahayag sa "lahat ng tao," ito ay nagpapahiwatig na ang Dios ay magbibigay rin ng paraan upang tumugon sa biyaya. Kung ang isang tao ay tutugon sa prevenient grace, gaano man siya kalayo mula sa impluwensiya ng mga misyonero, bibigyan pa rin siya ng Dios ng liwanag at biyaya.

Ang biyayang ito ang magbibigay ng kakayahan sa naghahanap sa Dios na gamitin ang kanyang pananampalataya kay Jesus. Ang biyayang ito ay epektibo kahit hindi pa naririnig ng naghahanap sa Dios ang buong mensahe ng ebanghelyo o kung inihahayag ng Dios ang katotohanan sa pamamagitan ng isang anghel o sa panaginip. Ililigtas ng Dios ang sinumang buong-pusong humahanap sa nag-iisang tunay na Dios ng sannilikha.[114]

Walang sinumang haharap sa Dios at matapat na masasabing naging imposible para sa kanya na matagpuan ang tunay na Dios at magtiwala kay Hesus. Kung hindi natin hahanapin ang Dios, mapagtatanto natin sa paghuhukom na nagkaroon tayo ng pagkakataon na hanapin ang tunay na Dios. Kung tunay nating hinanap nang buong puso ang Dios, pagkakalooban tayo ng sapat na katotohanan upang magtiwala kay Kristo para sa ating kaligtasan.

**Mahalaga pa rin ang pag-eebanghelyo**. Bagaman maaaring ang isang hindi nakarinig ng ebanghelyo ay umiyak sa Dios upang kahabagan, mahalaga pa rin na ang mga

---

[105] Tito 2:11.
[106] Jer. 29:13

Kristiyano ay aktibong magbahagi ng ebanghelyo. Ang pakikinig sa ebanghelyo ay nagpapadali para sa isang tao na tumugon sa katotohanan. Ang Kristiyanong nagbabahagi ng ebanghelyo ay hindi lamang nagdadala ng mensahe; sila ay nangungusap sa budhi ng mga makasalanan. Hinihikayat niya ang mga makasalanan na ibigay ang kanilang puso sa Dios.

Dahil inilalapit ng Dios sa kanyang sarili ay lahat, ang lahat ay magkakaroon ng pagkakataon na hanapin at matagpuan ang tunay na Dios. Napadadali ang pagtugon sa Dios kapag ang mga Kristiyano ay nananalangin para sa mga naliligaw at aktibong nagbabahagi ng ebanghelyo. Ang doktrina ng prevenient grace ay dapat makahikayat sa atin upang mas magbahagi pa ng ebanghelyo, dahil alam natin na kumikilos ang Dios sa bawat puso. Kung inililigtas ng Dios ang mga tao kahit wala tayong ginagawa, gaano pa kaya karami ang kanyang gagawin kung tayo ay namamagitan sa panalangin para sa mga naliligaw at nagpapatotoo sa kanila?

Marami nang kaso ang natagpuan ng mga misyonero kung saan inihanda ng Dios para sa ebanghelyo ang mga taong hindi pa nakaririnig nito. Nagawang iugnay ng mga misyonero ang ebanghelyo sa mga element sa kultura ng mga taong ito. Napadali nito para sa mga tao na maunawaan at tumugon sa ebanghelyo. Para sa dagdag na kaalaman tungkol dito, basahin ang mga aklat na *Eternity in Their Hearts* at *Peace Child* na isinulat ni Don Richardson.

► Anong mga elemento sa inyong kultura ang nagpapakita ng prevenient grace ng Dios na naghahanda ng daan para sa ebanghelyo?

**Mga Tanong sa Pagbabalik-Aral**

(7) Ano ang doktrina ng prevenient grace?

## Pagsasabuhay ng Apologetics - Ang Pagbabalik-loob ni Lamin Sanneh

Si Dr. Lamin Sanneh (1942-2019)[115] ay si D. Willis James, professor ng Pagmimisyon at Pandaigdigang Kristiyanismo sa Unibersidad ng Yale, kung saan naglilingkod din siya bilang Professor ng Kasaysayan. Nag-aral si Professor Sanneh ng Arabic at Islamic studies sa Ingglatera at Beirut, Lebanon. Nakapagturo rin siya kapwa sa Unibersidad ng Harvard at Yale.

Si Dr. Sanneh ay pinalaking isang matapat na Muslim sa Gambia. Nasisiyahan siya sa excitement ng Ramadan at ang pagkakataon na ipakita ang kanyang debosyong pangrelihiyon sa panahong ito ng pag-aayuno. Bilang isang kabataan, si Lamin ay isang napakatapat na Muslim na natutuwa sa disiplina ng kanyang pananampalatayang Islam.

---

[115] Sinipi mula kay Lamin Sanneh, "Jesus, More Than a Prophet" sa Kelly Monroe, *Finding God at Harvard: Spiritual Journeys of Christian Thinkers,* (MI: Zondervan, 1996).

Sa kanyang pagbabasa ng Qur'an, madalas siyang natutuon sa sinasabi ng Qur'an tungkol kay Jesus. Itinuturo nito na si Jesus ay isang propeta at isang mensahero mula sa Dios, subali't si Hesus ay hindi namatay sa krus. Naging interesado si Sanneh sa buhay ni Hesus. Gayunman, natatakot siya na ang kanyang interes ay maglayo sa kanya sa Islam. Idinalangin niya na protektahan siya ng Dios mula sa kanyang interes kay Hesus!

Gayunman, ang interes ni Sanneh ay naging lalo pang mas masidhi. Hindi niya matakasan ang tanong na ito, "Sino ang namatay sa krus?" Sinabi ng Qur'an na hindi namatay si Hesus, sa halip naglagay ang Dios ng ibang tao kapalit ni Hesus. Nais malaman ni Sanneh, "Sino ang inilagay ng Dios kapalit ni Hesus?" Nagsimula siyang mag-isip. "Marahil tunay ngang namatay si Hesus sa krus. Marahil pinahintulutan ito ng Dios. Kung gayun, bakit pinahintulutan ng Dios na mamatay si Hesus?"

Nagsimulang pag-isipan ni Dr. Sanneh ang kanyang sariling buhay. Naranasan na niya ang trahedya sa kanyang pamilya. Itinanong niya, "Paano kung pinahintulutan ng Dios na maghirap si Hesus bilang bahagi ng ating mundo? Paano kung namatay si Hesus sa krus upang gapiin ang kamatayan?" Nagsimula siyang mapagtanto na kinakailangan ang krus bilang paraan ng Dios upang makapasok sa ating mundo.

Matagal na panahon pa makalipas iyon na nakatanggap si Dr. Sanneh ng kopya ng Biblia. Subali't nabuksan na ng Espiritu ng Dios ang mga mata ni Sanneh sa kanyang pangangailangan sa isang Tagapagligtas. Nang makatanggap si Sanneh ng kopya ng Biblia, nagsimula siyang basahin ang Mga Gawa at Roma. Nalaman niya na ang Dios ay nagkaloob ng pagiging makatwiran hindi sa pamamagitan ng kanyang mahihigpit na disiplina, kundi sa biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya. Nagsimula siyang makita na tanging sa biyaya lamang tayo mapapalaya mula sa ating kawalang-kakayahan na mabigyang lugod ang isang perpektong Dios.

Naging isang mananampalataya si Professor Sanneh dahil binuksan ng Dios ang kanyang mga mata sa kanyang pangangailangan ng isang Tagapagligtas. Pagkatapos ginamit ng Dios ang kanyang Salita upang ipakita kay Lamin Sanneh ang landas patungo sa Dios.

## Mga Takdang-Aralin ng Aralin

(1) Apologetics at ang Ulo: Kumuha ng pagsusulit gamit ang Mga Tanong sa Pagbabalik-aral mula sa Aralin 9. Pag-aralang mabuti ang mga tanong na ito bilang paghahanda sa pagsusulit.

(2) Apologetics at ang Puso: Karamihan sa mga nilalaman ng araling ito ay tumutugon sa mga katanungan ng mga animists o mga Muslim.  May kilala ka bang nabibilang sa alinman sa mga relihiyong ito? Kung mayroon, ang pagpapahayag ng ebanghelyo sa kanila ay higit pa sa simpleng paghahanda ng isang listahan ng mga tanong at mga sagot. Upang maging epektibo, ang ating patotoo ay dapat ibigay sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu.  Magsimulang manalangin na

- Bigyan ka ng Dios ng pagkakataon na ibahagi ang ebanghelyo sa iyong kaibigang animist o Muslim
- Bigyan ka ng Dios ng anointing upang maibahagi ang ebanghelyo nang mga kapangyarihan at kalinawan

(3) Apologetics at ang mga Kamay:  Makipag-usap sa isang animist o Muslim.  Kung nakikipag-usap ka sa isang animist, ipakita kung paanong ang perpektong pag-ibig ng Dios ay pumapawi ng takot.  Kung nakikipag-usap ka sa isang Muslim, ipakita kung paanong ang Dios ay Tatlo-sa-Iisa.

## Mga Tanong sa Pagsusulit sa Aralin 9

(1) Ano ang limang pangunahing paniniwala tungkol sa pag-iral at kalikasan ng Dios? Ilarawan ang bawat isa.

(2) Ano ang pagkakaiba ng Kristiyano at ng iba pang pangunahing mga paniniwala?

(3) Ano ang tatlong pahayag at konklusyon na nagpapakita sa ebidensiyang Biblikal para sa doktrina ng Trinidad?

(4) Ano ang tatlong aspeto ng sanlibutan na naglalarawan sa doktrina ng Trinidad?

(5) Ano ang kahulugan ng *animism*? Ano ang pinakamalaking pagkakaiba ng animism at ng Kristiyanismo?

(6) Ano ang kahulugan ng *syncretism*?  Bakit hindi katanggap-tanggap ang syncretism sa mga Kristiyano?

(7) Ano ang doktrina ng prevenient grace?

(8) Isulat ang Mga Gawa 4:11-12.

# Iminumungkahing Mga Babasahin

Ang kursong ito ay isang introduksiyon sa pag-aaral ng Apologetics. Kung nais mo pa ng dagdag na pag-aaral, makakatulong sa iyo ang mga mga aklat na iminumungkahi dito.


Craig, William Lane. *On Guard* (*Nakabantay*). David C. Cook, 2010.

Geisler, Norman and Frank Turek. *I Don't Have Enough Faith to be an Atheist* (*Wala Akong Sapat na Pananampalataya Upang Maging Isang Atheist*). Crossway Books, 2004.

Ham, Ken. *The New Answers Book: Over 25 Questions on Creation/Evolution and the Bible (Ang Bagong Aklat ng mga Sagot: Mahigit 25 Katanungan sa Paglikha/Ebolusyon at ang Biblia).* Master Books, 2006.

Little, Paul. *Know Why You Believe (Alamin Kung Bakit Ka Naniniwala).* Intervarsity Press, 2008.

McDowell, Josh. *More than a Carpenter (Higit Pa Sa Isang Karpintero)*. Tyndale Momentum, 2009.

McDowell, Josh. *The New Evidence That Demands a Verdict* (*Ang Bagong Ebidensiya na Humihingi ng Hatol*)*.* Thomas Nelson, 1999.

McDowell, Sean. *A New Kind of Apologist: Adopting Fresh Strategies; Addressing the Latest Issues; Engaging the Culture* (*Isang Bagong Uri ng Apologist: Paggamit ng mga Bagong Istratehiya; Pagtugon sa mga Napapanahong mga Usapin; Engaging ang Kultura*)*.* Harvest House, 2016.

Qureshi, Nabeel. *No God but One: Allah or Jesus?* (*Walang Dios Kundi Iisa: Si Allah o si Jesus?*) Zondervan, 2016.

Palau, Luis. *God Is Relevant: Finding Strength and Help in Today's World* (*Napapanahon ang Dios: Pagtuklas sa Kalakasan at Tulong sa Ating Mundo*). Multnomah, 2010.

Strobel, Lee. *The Case for Christ* (*Ang Kaso Para Kay Cristo*)*.* Zondervan, 2013.

Strobel, Lee. *The Case for Faith* (*Ang Kaso Para sa Pananampalataya*)*.* Zondervan, 2014.

# Form Para sa Pagtatala ng Takdang-leksyon

Pangalan ng Mag-aaral ___________________________________

Sa table sa ibaba, lagyan ng pirma sa tuwing matatapos ang bawat takdang-aralin. Ang takdang-aralin sa "Apologetics at ang Ulo" ay ituturing na "kumpleto" kapag ang mag-aaral ay nakakuha ng iskor na 70% o mas mataas. Kinakailangang matagumpay na matapos ang 8 takdang-aralin mula sa "Apologetics at ang Ulo", 8 takdang-aralin mula sa "Apologetics at ang Puso", at 8 takdang-aralin mula sa "Apologetics at ang Kamay" upang makatanggap ng Certificate mula sa *Shepherds Global Classroom*.

| **Aralin** | **Apologetics at Ang Ulo** | **Apologetics At Ang Puso** | **Apologetics At Ang Mga Kamay** |
|---|---|---|---|
| 1 | | | |
| 2 | | | |
| 3 | | | |
| 4 | | | |
| 5 | | | |
| 6 | | | |
| 7 | | | |
| 8 | | | |
| 9 | | | |

## Humiling ng Sertipiko mula sa Shepherds Global Classroom

Ang aplikasyon para sa isang Sertipiko ng Pagkumpleto mula sa Shepherds Global Classroom ay maaaring makumpleto sa aming webpage sa www.shepherdsglobal.org. Ang mga sertipiko ay ihahatid nang digital mula sa pangulo ng SGC sa mga instruktor at tagatulong na kumpletuhin ang aplikasyon sa ngalan ng kanilang (mga) mag-aaral.